

# PAGPAPLANONG WIKA AT FILIPINO

---

Language Planning and Filipino

**Bakit Filipino ang “Filipino”?**

Why Filipino Is “Filipino”?

**Nasyonalisasyon**

**at Modernisasyon ng Filipino**

The Nationalization

and Modernization of Filipino

# PAGPAPLANONG WIKA AT FILIPINO

Karapatang-sipi © 2015 ni Virgilio S. Almario  
at salin sa Ingles ni Marne L. Kilates

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

## CIP Data

Recommended Entry:

Almario, Virgilio S.

Pagpaplanong wika at Filipino = Language planning  
and Filipino/ Virgilio S. Almario; Marne L. Kilates, translator—  
Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, c2015.  
p. ; cm.

ISBN 978-971-0197-70-5

Filipino and English text

1. Language planning – Philippines. 2. Filipino language –  
Social aspects. I. Kilates, Marne L. II. Title.

PL6059 306.449599 2015

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Daang JP Laurel, San Miguel, Maynila

Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525

Email: [komisjonsawikangfilipino@gmail.com](mailto:komisjonsawikangfilipino@gmail.com)

Website: [www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph)

# Nilalaman

## **4 BAKIT FILIPINO ANG “FILIPINO”?**

Why Filipino is “Filipino”?

## **128 NASYONALISASYON AT MODERNISASYON NG FILIPINO**

The Nationalization  
and Modernization of Filipino

# BAKIT FILIPINO ANG “FILIPINO”?

**N**ais kong mag-umpisa sa ilang bagay na personal. Kung hindi mo nabása, noong kainitan ng kontrobersiya hinggil sa paggamit ng “Filipinas” bílang pangalan ng bansa ay may isinulat akong “Ang Alamat ng Wikang Filipino.” Bakit may panipi ngayon ang “Filipino” sa aking pamagat? Dahil ibig kong idiin na walang iisang kahulugan ang “Filipino” bílang wika. Tanungin mo ang mga ordinaryong titser ng asignaturang Filipino kung ano ang kaibhan ng “Filipino” sa “Pilipino” at tiyak na makaririnig ka ng iba’t ibang sagot. Mga sagot na ang totoo’y batay sa kanilang personal na palagay dahil wala namang teksbuk na nagpapaliwanag kung ano ang “Filipino” bílang Wikang Pambansa.

Nagiging komplikado pa ang lahat kapag ginamit ang “Filipino” bílang pangalan para sa tao at kultura ng bansang ninanais kong tawagin muling “Filipinas.” Tanungin mong muli ang mga titser at ngayo’y maaaring magkaisa silá sa pagpipilit na dapat ay “Pilipino” ang gamitin kapag tinutukoy ang mamamayan o kultura ng ating bansa. Kulitin mo: Bakit? At maaari ding magkaisa siláng isagot na pangalan lámang

# WHY FILIPINO IS “FILIPINO”?

**L**et me begin with a few personal things. If you hadn't had the chance to read, at the height of the controversy on the use of “Filipinas” as the name for the country, I wrote a piece titled “The Myth of the Filipino Language.” Why is “Filipino” in the title now enclosed in quotation marks? Because I want to emphasize that there is no single meaning for “Filipino” as a language. Ask the average teacher of Filipino as a subject what the difference between “Filipino” and “Pilipino” is and you will inevitably get many different answers. Answers that are in truth based on their own suppositions since there exists no textbook explaining what “Filipino” is, being the National Language.

The whole thing gets even more complicated when “Filipino” is used as the name for the people and culture of the country which I wish to call again “Filipinas.” Ask the teachers again and now they would probably be one in insisting that it should be “Pilipino” that must be used when referring to our country's citizens or culture. Pester them some more and ask, Why? And they would also band together to answer that

kasi ng Wikang Pambansa ang binago at tinawag na “Filipino.” Ang mamamayan at kultura ay nanatiling “Pilipino.” Kulitin mong muli: Sino ang nag-utos ng ganoong patuloy na paggamit ng “Pilipino”? At wala siláng maituturong nag-utos. Ikinalat lámang itong parang tsismis, kuro-kuro marahil ng kung sinong propesor nilá sa UP o PNU o DLSU, at itinuring niláng tíla batas at dakilang katotohanan.

Ang naturang pangyayari ang dahilan kung bakit tinawag ko ring “alamat” ang kuwento ko hinggil sa “Filipino.” Nais kong tukuyin na ang lumaganap na salaysay hinggil sa “Filipino” ay higit na produkto ng personal na kuro-kuro, opinyong personal pero pinairal o umiral na mistulang opinyon mula sa Kataas-taasang Hukuman, at malimit na hindi mapatutunayan kapag sinuri sang-ayon sa naging kasaysayan ng Wikang Pambansa. Na ibig kong sabihin, hanggang ngayon ay walang nakasulat na kasaysayan ang “Filipino”—kahit talaga namang mayroon—sa kabilâ ng mga itinuturong “kasaysayang pangwika” sa mga kolehiyo’t unibersidad.

Ang mga naturang pangyayari ang maituturing ding sanhi ng patuloy at hindi masawatang pagsalungat sa pagpapalaganap sa wikang “Filipino” bílang Wikang Pambansa, ng hindi magkasundong mga pagtuturo sa anyo ng wikang “Filipino,” at ng kawalan ng sigasig tungo sa higit na mataas na layunin ng pambansang pagpaplanong wika.

it is only the name of the National Language that has been changed and called “Filipino.” The citizen and the culture remain “Pilipino.” You continue badgering: Who ordered such continued use of “Pilipino”? And they will be unable to point to anyone in particular. It had been broadcast like gossip or rumor, likely an opinion coming from this or that professor of theirs at UP or PNU or DLSU, and which they treated as the great and lawful truth.

The said state of affairs provide the reason why I also called the story of “Filipino” a myth. I want to point out that the proliferating narrative about “Filipino” is more a product of personal opinion, or personal opinion that has prevailed or been made to prevail as if it were a Supreme Court rendering, and often improbable when scrutinized according to how the National Language has historically turned out. Which, as I intend it to mean, is that up to now there is no written history of the National Language. Which, as I mean it further, is that up to now there is no written history of “Filipino”—even if there actually is—despite what is being taught as “linguistic history” in colleges and universities.

The said state of affairs may likewise be considered as the reason for the continued and unruly opposition to the propagation of the “Filipino” language as the National Language, the inconsistent and differing ways of teaching the form of the “Filipino” language, and the lack of energy and effort towards the higher objectives of national language planning.

Nakatatawa ngunit totoo, ang pangunahing problema ng wikang “Filipino” ay identidad. **I•den•ti•dád.** Kayâ kailangan ko itong kulungin sa panipi. Para itong isang abstraktong idea. May pangalan lámang, ngunit walang nilalaman; hungkag, walang batayang hubog; iniatas lámang ng batas ngunit ni hindi kapangalan ang sariling mamamayan, kultura, at bayan; ni hindi kilála ng sariling tagapagpalaganap. **Anupa’t kailangan ng “Filipino” ang literal na angkla at kongkretisasyon.** Sinikap itong bigyan ng isang kahulugan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) nitóng 2013 sa pamamagitan ng isang resolusyon na nagsasabing:

Ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Filipinas bílang wika ng komunikasyon, sa pabigkas at sa pasulat na paraan, ng mga pangkating katutubo sa buong kapuluan. Sapagkat isang wikang buháy, mabilis itong pinauunlad ng araw-araw at iba’t ibang uri ng paggamit sa iba’t ibang pook at sitwasyon at nililinang sa iba’t ibang antas ng saliksik at talakayang akademiko ngunit sa paraang maugnayin at mapagtampok sa mga lahok na nagtataglay ng mga malikhaing katangian at kailangang karunungan mula sa mga katutubong wika sa bansa.

Ang binanggit kong Kapasiyahan Blg. 13-39, kung tutuusin, ay nagtataglay na ng kailangang modipikasyon sa binuo nang kahulugan ng wikang “Filipino” noong 1987 upang maipaliwanag ang nagbagong pagkakilála sa Wikang Pambansa sa pamamagitan ng 1987 Konstitusyon. Ngunit ilan ang bumása sa naturang depinisyon? At ilan sa nakabása ang nagsikap maglimi sa ibig sabihin ng Kapasiyahan Blg. 13-39? Ni hindi ko pa ito nasilip sa alinmang dokumentong



Laughable but true, the primary problem of the “Filipino” language is identity. **I-den-ti-ty**. That’s why it has to be enclosed in quotation marks. It is like an abstract idea. It has a name but is without content; empty, no basic shape; merely legislated but not sharing the name of its own citizen, culture, and country; not even known or recognizable to its own propagator. **And so “Filipino” needs a literal anchor and concretization.** The Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) in 2013 attempted to give it one definition by way of a resolution, which states:

Filipino is the native language being used all over the Philippines as the language of communication, orally as well as written, by native groups from all over the islands. Because it is a living language, it is rapidly being enriched through daily use and through other manners of usage in different places and situations and developed in different levels of research and academic discourse but in an integrative process that gives importance to entries bearing the creative qualities and necessary knowledge from the country’s native languages.

The Resolution No. 13-39 that I cited, after all, already bears the necessary modification of the meaning of “Filipino” as language when it was evolved in 1987 in order to explain the new recognition of the National Language through the 1987 Constitution. But how many have read the said definition? And how many of those who have read it exerted any effort to reflect on the significance of Resolution 13-39? Never have I glimpsed

pangwika na ikinakalat para gamitin ng mga guro sa wikang “Filipino.” Wala pa akong narinig man lámang na diskusyon hinggil sa mga mithiing pang-edukasyon at panlingguwistika ng naturang kahulugan. At lalo na, wala pa akong narinig na paggamit nitó upang ipakita ang kaibhan ng “Filipino” sa Pilipino o sa Tagalog, at kung bakit dapat itong ituring na Wikang Pambansa.

Hanggang ngayon, tinatawag lámang na “Filipino” ang Wikang Pambansa dahil sa tadhana ng 1987 Konstitusyon. Hindi naiintindihan kahit ng mga masugid na alagad ng wika, at lalo na ng mga guro, ang mga inilatag na katangian at kondisyon ng Kapasiyahan Blg. 13-39 upang maituring na Wikang Pambansa ang “Filipino.” Hanggang ngayon, maraming tumatawag ditong “Pilipino” bukod sa napakaraming nananalig na “Pilipino” ito sa anyo at nilalaman. Kayâ naman hanggang ngayon, naninindigan ang mga kaaway ng Wikang Pambansa, na gaya ng Defenders of Indigenous Languages of the Archipelago (DILA), na Tagalog ang “Filipino” at binago lámang ang ispeling ng “Pilipino” upang ikubli ang pagiging Tagalog nitó.

Paano maipaliliwanag ng mga guro at alagad ng wika ang “Filipino” bílang Wikang Pambansa kung hindi nilá naisasaloob ang mga katangian at kondisyong inilatag ng Kapasiyahan Blg. 13-39? Paano nilá maipagtatanggol ang “Filipino” laban sa ikinakalat na kamangmangan ng mga kaaway ng Wikang Pambansa? Anupa’t ang mga guro at alagad ng Wikang Pambansa ang higit na kailangang bumása at sumuri sa aking sumusunod na “alamat.” Magsimula táyo.

it in any document on language that has been released for use by teachers of “Filipino.” Neither have I heard of any discussion regarding the educational and linguistic objectives of the said definition. And even more so, I have never heard it used in order to show the difference of “Filipino” from Pilipino or from Tagalog, and why it must be regarded as the National Language.

Up to now, the National Language is called “Filipino” because it is the provision of the the 1987 Constitution. Even the supposed exponents of language, especially the teachers, are unable to understand the qualities and conditions outlined by Resolution No. 13-39 for “Filipino” to be considered the National Language. Up to now, many call it “Pilipino” apart from the fact that many hope and believe that it is “Pilipino” in form and content. That’s why up to now, the enemies of the National Language, like the Defenders of Indigenous Languages of the Archipelago (DILA), insist on principle that “Filipino” is Tagalog and only the spelling of “Pilipino” has been changed to conceal its being Tagalog.

How can teachers and exponents of language explain or elucidate “Filipino” as the National Language if they have not comprehended the qualities and conditions outlined under Resolution No. 13-39? How can they defend “Filipino” against the ignorance being merchandised by the opponents of the National Language? And thus it is the teachers and exponents of the National Language who should in all necessity peruse and examine the following “myth.” Let us begin.

## NASYONALISMONG PANGWIKA

**Ang napagkaisahang pasiya sa 1934 Kumbensiyong Konstitusyonal na pumili ng isang katutubong wika upang pagbatayan ng Wikang Pambansa ay produkto ng adhikaing nasyonalista at kontra-kolonyalista. Mahahalatang nása dibdib pa ng mga makabayang lider politiko ang naturang adhikain sa kabilâ ng pagkabigo ng Himagsikang 1896 at sa kabilâ ng matagumpay na pananakop ng United States.** Sa maniwala kayó o hindi, nakatulong dito ang opinyon ng mga mismong edukador at politikong American na: una, hindi praktikal at magastos ang imposisyon na gamitin ang Ingles bílang wika ng pambansang edukasyon sa kanilang kolonya; ikalawa, hinihingi ng kanilang adhikaing demokratiko't egalitaryo ang ganap na pag-alinsunod sa ipinroklamang patakaran ng "Filipinisasyon." Ngunit siyempre higit nating dapat hangaan ang kalibreng nasyonalista ng mga gaya nina Felipe R. Jose, Wenceslao Q. Vinzons, Norberto L. Romualdez, Tomas Confesor, at iba pang delegado sa kumbensiyon na bumoto para iwaksi ang inaasahan sanang proklamasyon sa Espanyol o sa Ingles bílang wikang pambansa. Kung binraso man silá ni Pangulong Manuel L. Quezon o sinuhulan ay hindi na mahalaga. Higit na mahalaga ang naging papel nilá sa unang hakbang para sa isang wikang katutubo bílang Wikang Pambansa.

Subalit dapat ding tandaan na hindi nagkasundo ang mga delegado sa 1934 Kumbensiyong Konstitusyonal kung aling katutubong wika ang dapat ideklarang wikang pambansa. Sa unang diskusyon pa lang, o sa pamamagitan ng

## LANGUAGE NATIONALISM

**The unified decision arrived at in the 1934 Constitutional Convention to choose a native language to become a basis for the National Language is a product of nationalist and countercolonialist advocacies. This was still noticeable in the sentiments of nationalist political leaders despite the failure of the Revolution of 1896 and despite the successful colonization under the United States.** Believe it or not, helping this along was the opinion itself of American educators and politicians which said: one, that it was not practical and it was expensive to impose the use of English as the national language of education in their colony; second, that their democratic and egalitarian ideals demanded that it be so under their proclaimed policy of “Filipinization.” Still, however, we must reserve our admiration for the nationalist caliber of the likes of Felipe R. Jose, Wenceslao Q. Vinzons, Norberto L. Romualdez, Tomas Confesor, and other convention delegates who voted to reject the hoped-for proclamation of either Spanish or English as national language. If they were muscled or bribed into such position by President Manuel L. Quezon is no longer important. Their initial role in pushing for a native language becoming the National Language is more important.

It must also be remembered, however, that the delegates to the 1934 Constitutional Convention couldn't agree on what native language was to be declared the national language. Right at the first discussions, or

talumpati ni Felipe R. Jose noong 13 Agosto 1934, ay Tagalog na ang lyamadong katutubong wika. Ngunit sinalungat ito ng mga delegadong nagnanais na wika nilá ang maiproklama. Pangunahing naging kalaban ng mga Tagalista ang mga delegadong nagpapasok sa Sebvano at Ilokano. Ang mga delegadong ito ang humatì sa nasyonalismong pangwika noong 1934, muli noong 1972, at hanggang ngayon, lalo na sa likod ng panukalang federalismong pampolitika.

Maaaring hinalain na ang mga pagsalungat na ito sa Tagalog bílang wikang pambansa ay bunga ng matinding rehiyonalismo. Maaari. Subalit maaari ding isaisip na isang pailalim na maniobra ito para sa Ingles. Patuloy na sinasalungat ng mga pangkating tulad ng DILA ang “Filipino”—lalo na sa pamamagitan ng kampanya na “pinapatay ng Filipino ang mga wikang katutubo”—dahil higit niláng nais umiral ang Ingles bílang nag-iisa nating wikang opisyal, wikang panturo, at wikang pambansa. Handa niláng ibasura ang lahat ng katwiran kung bakit Tagalog ang karapat-dapat na batayan ng Wikang Pambansa at pagpipikitan nilá ng matá ang lahat ng tagumpay ng Pilipino/Filipino bílang wika ng pambansang komunikasyon at edukasyon dahil higit niláng pangarap magpakadalubhasa sa Ingles kung hindi man totoong itinuturing niláng higit na sariling wika ang Ingles. Ngayon nga’y umaasta siláng masigasig na promotor ng MTB-MLE samantalang sinisikap mapalakas ang Ingles bílang wikang panturo mulang elementarya at maiwalay ang mga wikang katutubo sa pangangalaga ng KWF. Kinakatigan naman silá siyempre ng mga mariwasa’t edukado na nagwawagayway ng “globalisasyon” upang sikilin ang anumang patakarang nasyonalista, lalo na ang tulad ng “Filipino” bílang Wikang Pambansa.

through Felipe R. Jose's formal address on 13 August 1934, Tagalog had been the seeded candidate among the native languages. But this was opposed by the delegates who wanted their own languages to be proclaimed. The Tagalistas' primary opponents were the delegates pushing for Sebwano and Ilokano. These delegates split the ranks of language nationalism in 1934, once again in 1972, and up to the present, and are even more so behind the federalist proposition for national politics.

This opposition to Tagalog as national language has since been suspected as the result of extreme regionalism. It could be. It might be also be considered as an underhanded maneuver for English. Groups such as DILA continue to oppose "Filipino"—especially through the campaign saying that "Filipino is killing the native languages"—because they want English to prevail as our only official language, language of instruction, and national language. They are prepared to eschew all reason why Tagalog is worthy as basis for the National Language and they will close their eyes to the successes of Pilipino/Tagalog as the national language of communication and education because they dream more of expertise in English if it is not true that they consider English more as their own language. Right now they even posture as earnest promoters of MTB-MLE while exerting a lot of effort to strengthen English as the teaching language from elementary onwards and to take away the native languages from under the charge of the KWF. The wealthy and educated, meanwhile, take up the cudgels on their behalf while waving the flag of "globalization" in order to suppress any nationalist policy, especially the likes of "Filipino" as the National Language.

Maaari din namang produkto ang DILA ng malíng mga mensahe hinggil sa halaga ng isang Wikang Pambansa noon at hanggang ngayon. May timpla ng ultranasyonalismo, halimbawa, ang pagkokompara sa “malansang isda” sa mga hindi diumano nagmamahal sa sariling wika. Ang reaksiyon ng mga tulad ng DILA, nagmamahal naman silá sa kanilang sariling wika (Sebwano, Ilokano, atbp) pero hindi sa sapilitang pinalalaganap na Wikang Pambansa. Ang sagot nilá laban sa kantiyaw na malansang isda, “Filipino is not our own language.” [Bakâ nga higit niláng itinuturing na sariling wika ang Ingles kaysa “Filipino.”] Maaari ding epekto ito ng kapansin-pansing pagmamataas ng ilang Tagalista hinggil sa wastong “Filipino”—na totoong ang ibig sabihin ay “wastong Tagalog.” Na para bang silá lang ang master ng Wikang Pambansa. Noon pang panahon ng Komonwelt ay nagwarning na si Trinidad A. Rojo, isang Ilokanong tagapagtanggol ng Tagalog, na dapat bawasan ng mga Tagalog ang kanilang “kayabangan.”

Ang ibig kong sabihin, masalimuot ang ideolohiya ng pagsalungat sa Wikang Pambansa. Nangangailangan ito ng bukod at mahabàng talakay. Ang nais kong pagtutuunan ngayon ay ang pagsuri sa mga katangian ng “Filipino” bílang Wikang Pambansa. Kasudlong ito ng pagpapatibay na hindi Tagalog ang “Filipino” at sa gayon ay hindi lumilihis sa espiritu ng tadhanang pangwika sa 1935 Konstitusyon ang ginagawang pagpapalaganap sa “Filipino” bílang Wikang Pambansa.



DILA could also be the product of an erroneous message regarding the importance of the National Language then and now. There is a tinge of ultranationalism, for instance, in comparing those who allegedly don't love their own language to the unpleasant odor of fish, or "malansang isda." The reaction of the likes of DILA would of course be that they value their own language (Sebwano, Ilokano, etc.) but not the National Language that is being imposed and propagated. Their answer to the teasing of "malansang isda" is "Filipino is not our own language." [English could well be their *own* language more than "Filipino" is.] Or this could be the effect of the very noticeable condescension in the manner of some Tagalistas regarding what is correct "Filipino"—which in reality means "correct Tagalog." Which makes them as if they are the masters of the National Language. During the Commonwealth era, Trinidad A. Rojo, an Ilokano defender of Tagalog, had warned Tagalogs of such "haughtiness."

What I mean is that there is a complicated ideology in the opposition to the National Language. It needs a separate and lengthy discussion. What I intend to focus on here is the examination of the qualities of "Filipino" as National Language. Corollary to this is proving that "Filipino" is not Tagalog and therefore the present undertaking to propagate "Filipino" as National Language does not deviate from the spirit of the language provision of the 1935 Constitution.

## ANG BITAG NG KASONG “PURISMO”

Isang malaking kumunoy hinggil sa pagpapalaganap ng Wikang Pambansa ang kasong “**purismo**” na sumiklab noong kalagitnaan ng dekada 60. Nag-umpisa ito noong 1965 sa paghahabla ni Kongresista Inocencio Ferrer hinggil sa pagsuway ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP) sa tadhanang pangwika ng 1935 Konstitusyon. Tagalog diumano ang pinalalaganap na Wikang Pambansa at “purista” ang SWP. Sinundan ito ng mga kontra-Wikang Pambansa—na tinatawag na noong “**Pilipino**”—gaya nina Geruncio Lacuesta, Leopoldo Y. Yabes, Ernesto Constantino, na pawang nagpapanukala ng isang **fusyon ng mga wikang katutubo** para mabuo ang isang ipinalalagay niláng totoong Wikang Pambansa na tinatawag niláng “Filipino.” Inabutan ang kontrobersiyang ito ng kumbensiyong ipinatawag ni Pangulong Marcos para baguhin ang konstitusyon, sinamantala ng mga delegadong mayorya mulang mga probinsiyang di-Tagalog, at nagresulta sa bagong tadhana ng 1972 Konstitusyon para sa pagbuo ng isang bagong Wikang Pambansa sa pangalang “Filipino.”

Isang malaking kontrobersiya ang yugtong ito. Sa pananaw ni Dr. Andrew Gonzalez, umatras ang SWP, natálo sa labanán ang “Pilipino”—na naging kasingkahulugan ng “Tagalog” sa tingin ng marami—at sumigla ang mga mungkahing reporma para sa pagbuo ng “Filipino.” Ngunit ang totoo, nagsukdol lámang ang lahat sa paghinà ng reputasyon ng SWP at ng pamumunò ni Direktor Ponciano B.P. Pineda, at sa pagdomina sa larang pangwika ng mga ekspertong **Linggwistasero**—ang tawag ko sa mga matabil

## THE “PURISM” TRAP

A huge quicksand in the propagation of the National Language—such is the case against “purism” which erupted in the middle of the 1960s. It started in 1965 when Congressman Inocencio Ferrer filed a suit against the Surian ng Wikang Pambansa (SWP, the Institute of National Language) for violating the language provision of the 1935 Constitution. The National Language being propagated was Tagalog, the suit alleged, and SWP was “purist.” This was followed up by the camp against the National Language—which was then already called “**Pilipino**”—such as Geruncio Lacuesta, Leopoldo Y. Yabes, Ernesto Constantino, all of whom were proposing a **fusion of native languages** in order to create what it considered a real National Language which they called “Filipino.” This controversy was overtaken by the convention called by President Marcos to change the constitution, was exploited by the majority of delegates from the non-Tagalog provinces, and resulted in the new provision of the 1972 Constitution for the formation of a new National Language under the name “Filipino.”

This was a big controversial episode. From the point of view of Dr. Andrew Gonzales, the SWP beat a retreat, “Pilipino” lost the fight—which in the eyes of many meant the same as “Tagalog”—and the proposed reforms creating “Filipino” intensified. But the truth was everything came to a climax in the erosion of SWP’s reputation under the leadership of Director Ponciano B.P. Pineda, and the domination of the field of language by the expert **Linguisticists**—my term for the voluble doctors

na doktor sa *descriptive linguistics* at kung bakit napakahilig makialam sa paghubog ng Wikang Pambansa. [Hindi ito panlalihat laban sa mga eksperto sa lingguwistika, bukod sa naniniwala ako sa kabuluhan ng pagsusuring lingguwistiko. Ngunit naging malaking hadlang sa pagsulong ng Wikang Pambansa ang mga binansagang kong Linggwistasero noong dekada 60 at hanggang ngayon.] Nagresulta ang pakikialam ng mga Linggwistasero sa mga di-kailangang reporma sa ortograpiya [na binibigkas nilá at isinusulat na “ortograpya”] at sa pagtuturo ng gramatika na nagresulta naman sa malaking kalituhan ng mga guro at manunulat hinggil sa nakasulat na “Filipino.”

Sa tingin ko ngayon, isang bitag ang lubhang pagtitig sa panahong ito. Una, hindi naman pinakinggan ng hukuman, mula mababà hanggang kataas-taasang hukuman, ang habla ni Kongresista Ferrer hinggil sa paglabag ng SWP sa 1935 Konstitusyon. Sinabi rin ni Dr. Andrew Gonzalez na maraming proyekto ang SWP na nagpapatunay na hindi ito “purista.” Ikalawa, ginamit lámang itong pagkakataón ng mga rehiyonalista para pigilin ang pagsulong ng “Pilipino.” Ikatlo, ginamit lámang ito ng mga Linggwistasero para ibagsak ang awtoridad ng SWP at pairalin ang kanilang pananaw pangwika alinsunod sa panuntunan ng *descriptive linguistics*, ang kanilang pananaw na alerdyik sa anumang uri ng pagpaplanong wika at estandardisasyon. Sa loob ng nakaraang apat na dekada at sa ilalim ng dominasyon ng mga Linggwistasero ay nahinto ang pagpapalaganap sa “Filipino” at nalubog ang mga guro, manunulat, at alagad ng wika sa kumunoy ng mga munting away, lalo na sa mga isyung

of descriptive linguistics who were so avid in interfering with the formation of the National Language. [This is not generally against linguistics experts, apart from my own faith in the importance of linguistic studies. But those whom I labeled as Linguisticists were a big hindrance to the development of the National Language from the 1960s to the present.] Such interference from the Linguisticists resulted in unnecessary reforms in orthography [which they pronounced and wrote in translation as “ortograpya”] and in the teaching of grammar which in turn resulted in the great confusion of teachers and writers regarding written “Filipino.”

In my current view, a frequent and intensive return to this period is a trap. First, the courts, from the lowest to the Supreme Court, never heeded Congressman Ferrer’s accusation that SWP violated the 1935 Constitution. Dr. Andrew Gonzales also made the statement that SWP had many projects proving that it was not “purist.” Second, the regionalists only exploited the opportunity to put a stop to the advance of “Pilipino.” Third, the Linguisticists exploited the same opportunity to topple the authority of the SWP and promote their language perspective which was in line with descriptive linguistics, a persuasion that was allergic to any language planning and standardization. Within the past four decades and under the sway of the Linguisticists, the propagation and dissemination of “Filipino” lurched to a halt and the teachers, writers, and exponents of language floundered in the quicksand of minor controversies, especially in the issues of

ortograpiko at paraan ng pagkilála sa sari-saring varayti ng wikang pasalita.

Sa maikling salita, ang panahong ito mulang 1965 ang kumunoy na nagdulot ng malubhang kalituhan kung ano ang “Filipino.” Ang panukala ko, sa gayon, kailangang mabilis na makawala ang “Filipino” sa bitag na ito ng kasaysayan, kailangang makaahon ang mga guro at alagad ng wika sa kinalubluban niláng kumunoy, upang higit na mabigyan ng direksiyon ang “Filipino” bílang Wikang Pambansa alinsunod sa atas ng 1987 Konstitusyon.

Isang magandang hakbang ang pabalik na pagtitig sa umpisa ng pagpapalaganap sa Wikang Pambansa. Halimbawa, “purista” ba talaga—gaya ng nais palabasin ng mga Linggwistasero—ang *Balarila* ni Lope K. Santos? Ayaw na ayaw nilá ang mga likhang salita sa gramatika ni L.K. Santos: **“Pangngalan,” “pandiwa,” “pang-abay,” “sugnay,”** atbp. Para sa mga Linggwistasero, katulad ito ng Kasalanang Orihinal. Ito ang ugat ng “purismo” at ng mga preskripsiyong pangwika na pinalaganap ng SWP mulang 1941. Ngunit ano nga ba ang masamá sa **neolohismo**? Hindi ba’t isang lehitimong paraan ito ng pagpapayaman sa wika? Higit bang masamá ito kaysa gawain ng mga Linggwistasero na **ireispel** ang Ingles na **“nawn,” “berb,” “adberb,” “klos,”** etsetera? Maaaring may mga malí ang *Balarila*, lalo na dahil malaki na ang ipinagbago ng Wikang Pambansa, ngunit hindi ang “purismo” nitó sa pag-imbento ng mga terminolohiyang panggramatika. Pinayaman nitó ang bokabularyong Tagalog at, sa ayaw at sa gusto ng mga Linggwistasero, nagdulot ng isang magandang sistema

orthography and in the recognition of the varieties of spoken language.

In a few words, this period from 1965 was the quicksand that resulted in the severe confusion of the question of what is “Filipino.” My proposition, therefore, is that “Filipino” must quickly free itself from this historical trap, teachers and exponents of language must wriggle out of their quicksand, for them to walk free and chart the better directions for ‘Filipino’ as the National Language in accordance with the provision of the 1987 Constitution.

One positive step is to revisit the beginnings of the development and propagation of the National Language. For example, is Lope K. Santos’ *Balarila* really “purist”—as the Linguisticists would like to impress upon everyone? They dislike so much the grammatical terms coined by L.K. Santos: **“Pangngalan,” “pandiwa,” “pang-abay,” “sugnay,”** etc. For the Linguisticists, these were no worse than the Original Sin. They were at the root of the “purism” and language prescriptions promoted by SWP from 1941. But what is wrong with **neologisms**? Is it not a legitimate method of language enrichment? Is this much worse than the Linguisticists’s handiwork of respelling English terms into **“nawn,” “berb,” “adberb,” “klos,”** et cetera? Surely *Balarila* had its errors, and especially now that the National Language had undergone huge changes, but not its “purism” in inventing grammatic terms. It has enriched Tagalog vocabulary and, whether the Linguisticists like it or not, it bequeathed

sa paglikha ng salita na madalíng maintindihan at patuloy na nagiging modelo sa naging paglikha sa “**katarungan,**” “**puting-tabing,**” “**katitikan,**” “**balikbayan,**” “**banyuhay,**” “**dagdag-bawas,**” “**telenobela,**” at marami pa.

Subalit magandang pagkakataón mismo ang pagbabalik ngayon sa *Balarila* upang titigan ang ibang salik nitó at litisin ang pagiging “puristang” Tagalog. Halimbawa, ang **abakadang Tagalog**. Tinanggap ito ng lahat, walang tumutol kahit sa hanay ng mga kontra-Tagalog, at pinalaganap. Tinanggap din itong episyente, sa kabilâ ng ilang puna hinggil sa kawalan nitó ng mga titik katumbas ng tunog na /f/ at /v/. [Ang totoo, lumakas lámang ang reklamo hinggil sa nawawalang representasyon ng /f/ at /v/ nang tumindi ang atake laban sa “purismo.” At noon pumasok ang panukalang dagdagan ang mga titik ng abakada para higit na maging episyente sa paghiram ng mga salitang banyaga na may tunog /f/ o /v/.]

Ngunit bakit hindi nagreklamo sa abakada ang mga reklamador na Ilokano at Sebwnano? **Sapagkat, sa pangkalahatan, ang ortograpiyang ipinanukala ng abakada ay kumakatawan sa karaniwang mga tunog sa mga malaking wikang Kristiyanisado ng bansa.** Kung walang /f/ at /v/ ang Tagalog ay gayundin ang Sebwnano, Hiligaynon, Waray, Bicol, Kapampangan, Pangasinan, at Ilokano. Kung bagâ, taglay ng abakadang Tagalog ang naturang kahinaan ng malalaking katutubong wika kayâ hindi ito papansinin ng mga tagapagtaguyod ng naturang mga wika ng bansa. Episyente para sa kanila ang abakada sapagkat kapantay ng katangian at maging ng kahinaan ng wika nilá.



an effective method of word formation that is easily understandable and continues to be a model for the creation of such words as “**katarungan,**” “**puting-tabing,**” “**katitikan,**” “**balikbayan,**” “**banyuhay,**” “**dagdag-bawas,**” “**telenobela,**” and many more.

But reviewing the *Balarila* now is an even better opportunity to look at its other elements and examine its being “puristically” Tagalog. Example, the **Tagalog abakada**. Everyone accepted this, no one objected even from among ranks of the anti-Tagalogs, and its was disseminated. It was also accepted as efficient, despite some criticism for its lack of letters equivalent to the sound of /f/ or /v/. [The truth was the complaints about the missing representations of /f/ and /v/ only grew louder when the attacks of “purism” intensified. And then came the proposals to augment the letters of the abakada for it to be more efficient in borrowing foreign words, such those with sound of /f/ or /v/.

But why did not the Ilokano and Sebwano complainers not complain against the abakada? **Because, in general, the orthography proposed under the abakada represented the common sounds of the country’s major Christianized languages.** If Tagalog did not have /f/ and /v/ so did not Sebwano, Hiligaynon, Waray, Bikol, Kapampangan, Pangasinan, and Ilokano. In effect, the Tagalog abakada bore the forecited weakness of the major native languages that’s why it was ignored by the advocates of the said languages. For them, the abakada was efficient because it had the same and equal qualities as well as weaknesses as their language.

Gayunman, hindi napansin ng lahat ang isang radikal na panukalang ortograpiko sa abakada. Ito ang panukalang limang (5) patinig at dagdag na R upang maging labinlima (15) ang mga katinig. Napakaradikal na panukalang ito ngunit walang nag-ukol ng kahit malisyosong sulyap sa bagay na ito.

## UNANG ORTOGRAPIYANG DI-TAGALOG

Narito ang unang leksiyon ko para sa sinumang sumusubaybay sa kasaysayan ng Wikang Pambansa: **Nása bagong alpabeto ang ilang kongkretong katangian ng “Filipino” at ikinaiba nitó sa Tagalog. Dahil sa dalawampung (20) titik ng abakada ay isa na itong alpabetong di-Tagalog.** Bakit? Dahil ang alpabetong Tagalog, batay sa katutubo at pinakaepisyenteng **baybáyin** ay may labimpitóng (17) titik lámang. Sa pag-aaral at paghahambing ni Trinidad Pardo de Tavera (1884) ng mga sinaunang baybáyin, pinakamarami na ang 17 titik dahil may mga konsonanteng wala sa baybáyin ng Ilokano o Bisaya. Gayunman, nagkakaisa ang mga baybáyin ng Filipinas sa pagkakaroon ng tatlong (3) patinig lámang. Walang magkabukod na tunog para sa /e/ at /i/ o kayâ para sa /o/ at /u/.

Ang totoo, si Rizal ang unang nagpanukala ng ortograpiyang may 20 titik sa kaniyang *Estudios sobre la lengua tagala* na isinulat niya sa Dapitan noong destiyero siya at nalathala sa peryodikong *La Patria* noong 1899. Ang ortograpiyang ito ni Rizal ang naging huwaran ng mga Tagalista sa panahon ng Americano at siyang ginamit ni L.K. Santos sa

Nonetheless, everyone missed a radical orthographic proposition in the abakada. It was the proposed five (5) vowels and the added R so the consonants would total fifteen (15). It was a most radical proposition but no-one gave it one malicious glimpse.

## THE FIRST NON-TAGALOG ORTHOGRAPHY

Here is my first lesson for anyone following the history of the National Language: **The new alpabeto carries some distinct “Filipino” attributes that differentiates it from Tagalog. Due to the twenty (20) letters of the abakada, it is already a non-Tagalog alphabet.** Why? Because the Tagalog alphabet, based on the native and most efficient **baybáyin** has seventeen (17) letters only. In Trinidad Pardo de Tavera’s (1884) study and comparison of ancient baybáyin [the native syllabaries –Translator], the maximum was 17 letters since some consonants were absent from the Ilokano or the Bisaya baybáyin. Still, the baybáyin of the entire Filipinas were one in having three (3) vowels only. There were no distinct sounds for /e/ and /i/ or for /o/ and /u/.

In fact, it was Rizal who first proposed the orthography of 20 letters in his *Estudios sobre la lengua tagala* written during his exile in Dapitan and published in the periodical *La Patria* in 1898. Rizal’s orthography became the Tagalistas’ model in the American period and was used by L.K. Santos in his *Balarila*. It is clear

kaniyang *Balarila*. Malinaw na wikang Tagalog ang pinag-aralan ni Rizal at kayâ itinuring niyang ortograpiyang Tagalog ang kaniyang binuo. Nilinaw din niyang kailangan ang limang patinig upang maibukod ang tunog na /e/ sa /i/ at ang tunog na /o/ sa /u/ at bunga ito ng inaasahan niyang naging edukasyon ng dila ng mga Tagalog sa pagbigkas ng mga patinig na ito sa loob ng mahabang panahon ng kolonyalismong Español.

Hindi sinasadya ay napsil ni Rizal ang isang katangian ng wikang Tagalog na katangian din ng ibang Kristiyanisadong wika ng Filipinas. Higit pa, napsil din niya ang isang pangunahing katangian ng maraming katutubong wika ng Filipinas. Tatlo lámang din ang mga patinig ng Sebwano, Ilokano, Bikol, Pangasinan, at maging ng Ibanag, Ibaloy, Kinaray-a, Sama, Magindanaw, Iranun, at marami pa.

Ang ibig kong sabihin, **sa pamamagitan ng panukalang limang patinig sa abakada ay hindi lámang nitó nirereporma ang baybáying Tagalog kundi ninanais baguhin ang buong palabigkasang pambansa.** Halimbawa, kung sa panahon ng baybáyin ay maaaring bigkasin at isulat ang “lalaki” o “lalake” at ang “babai” o “babae,” iniaatas ng abakada ang paghirang ng isang patinig para sa dulong pantig ng naturang dalawang salita at iyon ang palaganapin. Naging popular ang mga anyong “**lalaki**” at “**babae.**” Sa gayon, bahagi ng edukasyon sa abakada ang pagsasanay na bigkasin at isulat ang mga anyong “**lalaki**” at “**babae.**” Gayundin ang dapat mangyari sa pagtuturo ng kaibhan ng /o/ sa /u/ Tagalog ka man, Sebwano, o Kapampangan. Noong panahon ng baybáyin

that it was the Tagalog language Rizal made a study of and he considered the result as Tagalog orthography. He also made clear that the five vowels were needed to distinguish the sound of /e/ from /i/ and the sound of /o/ from /u/ and it was due to the re-training of the Tagalog tongue in the pronunciation of such vowels that he had expected in view of the long period of Spanish colonization.

Unintentionally, Rizal had figured out an attribute of the Tagalog language shared by the other Christianized languages of Filipinas. More so, he had recognized a primary quality of many native Philippine languages. Sebwano, Ilokano, Bikol, Pangasinan, and even Ibanag, Ibaloy, Kinaray-a, Sama, Magindanaw, Iranun, and many others—all had only three vowels each.

What I mean is, **by way of the proposed five vowels in the abakada, not only did this reform the Tagalog baybayin, but it worked to transform the whole national phonetics.** For example, if in the time of baybáyin one could both pronounce and write “lalaki” or “lalake” and “babai” or “babae,” abakada prescribed one kind of syllable for the terminal one of the said two words and that was to be disseminated. The forms **“lalaki”** and **“babae”** turned out popular. In that manner, part of the education in abakada was the training for pronouncing and writing the forms **“lalaki”** and **“babae.”** The same should have happened in teaching the difference between /o/ and /u/ whether you are Tagalog, Sebwano, or Kapampangan. In the time of

ay ipinahihintulot ang bigkas at baybay na “poto” o “putu.” Ngunit nang ilagay sa diksiyonaryong Pilipino ang anyong “**púto**” (halimbawa, sa tesawro ni J.V. Panganiban, 1972), wala nang puwang sa edukasyong pangwika ang mga anyong “putu” o “poto.”

Ang tuntuning ito ay makabuluhan lalo na sa pagbigkas at pagsulat ng mga hiram na salita mulang Español. Laganap na noon sa iba’t ibang katutubong wika ang mga anyong gaya ng “litson” (mulang *lechón*), “ilado” (mulang *elado*), “kumpanya” (mulang *compañía*), “kuryente” o kung minsan “kuryinti” (mulang *corriente*). Hinihingi ng pagpapatatag sa pagbigkas o pagsulat ng limang patinig na higit na sanayin ang mag-aaral ng abakada na isulat ang mga ito sa anyong “**letson,**” “**elado,**” “**kompanya,**” at “**koryente.**” Siyempre, marami ang ayaw sumunod, lalo na ang lubhang nananalig sa kumalat na tuntuning: “Kung ano ang bigkas, siyang sulat.” **Hindi nilá inisip ang wastong aplikasyon at ang abuso sa tuntuning ito. Hindi nilá inisip ang pangyayari na hindi maaaring pakinggan ang bigkas ng lahat at ang lahat ng marinig ay sundin sa pagsulat. Na hindi laging tugmang-tugma ang pasulat na anyo sa bigkas ng mga salita. At higit sa lahat, na ang pinalaganap na paghihigpit sa paggamit ng /e/ at /i/ at ng /o/ at /u/ ay bahagi ng edukasyon sa binubuong Wikang Pambansa.**

[Maaaring sabihin ngayon na isang malaking kabiguan ng edukasyong pangwika ang hinggil sa wastong paggamit sa limang patinig. Hanggang ngayon, sa CR sa kapitolyo ng Malolos, Bulacan ay may karatulang BABAI at LALAKE. Bakit? Una, kinalaban ito ng mga manunulat na

baybáyin the pronunciation and spelling “poto” and “putu” were allowed. But when the form “**púto**” was entered into the Pilipino dictionary (example, in the thesaurus of J.V. Panganiban, 1972), there was no longer any place for the forms “putu” or “poto” in language education.

This principle is relevant especially in the pronunciation and writing of borrowed words from the Spanish. Already widespread then among the native languages were the forms such as “litson” (from *lechon*), “ilado” (from *elado*), “kumpanya” (from *compania*), “kuryente” or sometimes “kuryinti” (from *corriente*). The standardization of pronunciation and spelling of five vowels demands that students be trained even more in or get used to writing these in the forms “**letson,**” “**elado,**” “**kompanya,**” and “**koryente.**” Expectedly, many will refuse to follow, especially those who have put their faith in the purported rule, “As pronounced, so written” (“Kung ano ang bigkas, siyang sulat.”) **They have not considered the correct application as well as the abuse of this rule. They have not considered the fact that one cannot listen to the pronunciation of everything and everything cannot be written or spelled as heard. And that spelling cannot always follow the form of what is spoken. And most important, that the dissemination of the strict use of /e/ and /i/ and /o/ and /u/ is part of the education under the formative National Language.**

[It might be said today that language education has failed miserably regarding the correct use of the five vowels. Up to now, at the restroom of the provincial capitol in Malolos, Bulacan can be seen the markers BABAI and LALAKE. Why? First, it was opposed by writers who valued

alagad ng realismo sa wika. Dapat nga namang ipakita ang wika ng magsasaka o istambay sa paraang hinuhúli ang paraan niya ng pagbigkas. Ipinahihintulot naman ang gayon. At may mga paraan upang wastong maisulat ang angkop na anyo ng bigkas ng isang magsasaka o istambay. Ngunit naging hadlang sa isip ng maraming manunulat ang wastong gamit sa limang patinig kahit sa kanilang pagsulat bílang edukadong manunulat. **Gayunman, hindi ito wastong naipaliwanag ng SWP.** Walang naging patnubay mulang SWP kung paano isasagawa ang naturang kahingian ng realismo sa wika ng panitikan. Ikalawa, at tulad ng dapat asahan, kinalaban ito ng mga Linggwistasero at propeta ng *descriptive linguistics*. Sa katunayan, tumindi ang naganap na kalituhan sa ispelang sa mga dekadang 1970–1990, at nagpapatuloy hanggang ngayon, at bunga ito ng pinalaganap na pabago-bagong mga patnubay sa ispelang noong maging makapangyarihan ang mga Linggwistasero kahit sa loob ng SWP hanggang KWF. **Kalaban ang mga panatikong Linggwistasero ng estandardisasyon at hindi nilá naiintindihan [o ayaw niláng intindihin] ang kabuluhan ng ortograpiya para sa gayong layunin.** Mas gusto yata niláng maging alpabeto ng lahat ang IPA at hindi nilá maintindihan: na para sa kanila at patnubay nilá ang pangunahing silbi ng IPA, na nagagamit naman ang maraming alpabeto sa mundo ng mga lipunang umimbento ng mga ito kahit hindi perpekto kung susuriin alinsunod sa IPA, na bílang mga tagamasid pangwika ay hindi silá dapat makialam sa tungkulin ng ortograpiya tungo sa estandardisasyon ng Wikang Pambansa. Ang iba pang kaso ng di-pagkakasundo sa ortograpiya hanggang ngayon ay malimit na bunga ng bulág na pagsalungat ng mga Linggwistasero at ng mga disipulo nilá sa hanay ng mga manunulat, guro, at kaaway ng Wikang Pambansa.]



realism in language. It seemed proper that the language of the farmer and the man in the street be shown in the manner that they pronounce it. And that is allowed. And there are ways to write correctly in proper form the manner of pronunciation of the farmer or the man in the street. But the correct use of the five vowels became a puzzle for many writers even when they wrote as educated writers. **Still, it was never adequately explained by the SWP.** No guideline was forthcoming from the SWP regarding such requirement of realism in the language of literature. Second, and as to be expected, this was opposed by the Linguisticists and prophets of descriptive linguistics. In fact, the confusion in spelling worsened during the decades of 1970-1990, and continues up till now, and it was the result of ever-changing spelling guidelines disseminated when the Linguisticists became powerful even within SWP and until KWF. **The fanatic Linguisticists were the direct opponents of standardization and they do not understand (or they refuse to understand) the relevance of orthography to such purpose.** It would seem that they prefer IPA to be everyone's alphabet and they cannot understand: that IPA was primarily created for them and for their own uses as guidelines, and that the world's various alphabets could actually be used by the societies that invented them even if not perfectly according to the principles of IPA, and who as observers of language should not be interfering in the function of orthography for the standardization purposes of the National Language. The many other cases of disagreement over orthography until now are the result of the blind opposition of the Linguisticists and their disciples from among the writers, teachers, and enemies of the National Language.]

## ANO NAMAN ANG IMPORTANSIYA NG TITIK R?

Ang **palítang D/R** ay isa ring karaniwang pangyayari sa mga wika ng bansa. Kayâ iisa ang titik para kumatawan sa mga tunog na /d/ at /r/ sa baybâyin. Gayunman, ang pakinig ni Rizal hinggil sa mga salita na may D at hindi maaaring palitán ng R o kayâ may R na hindi maaaring palitán ng D ay isang makabuluhang reporma upang bigyan ng kaukulang representasyon ang R sa abakada at sa ganoong paraan ay maipakita ang tiyak na gamit ng D at ng R sa pagbigkas at pagsulat. Iminungkahi ni Rizal at ipinasok naman sa abakada ang pagdadagdag ng titik R upang kilalanin ang tunog /r/ na hiwalay sa tunog /d/.

Subalit hindi rin naintindihan ng mga tagapagpalaganap ng abakada ang implikasyon ng dagdag na titik R. Hindi ito inintindi kahit ni L.K. Santos. Sa gayon, ang higit na nabigyan pa rin ng diin ay ang mga kaso kung kailan dapat palitán ng R ang D, gaya sa kung kailan gagamitin ang **“din”** o **“rin”** at **“daw”** o **“raw.”** Maraming estudyante ang nabibigyan ng mababàng marka dahil nagkakamali sa pagmemorya ng mga kaso kung kailan nagiging **“rin”** ang **“din.”** Naging tatak naman ng kahusayan sa Wikang Pambansa ang pagmemorya sa tuntunin hinggil sa pagpapalítan. Hindi napansin sa pagtuturo na kung tutuusin ay marami pa ang mga kaso ng kataliwasan kaysa kaso ng pagpapalit ng R sa D. Na ang ibig sabihin, kung babalikan si Rizal, hindi dapat ituring na tuntunin ang sinasabing pagpalit ng R sa D. Sa halip, dapat itong ituring na pangyayaring opsiyonal—puwedeng sundin, puwedeng hindi—dahil hindi naman

## AND WHAT IS THE IMPORTANCE OF THE LETTER R?

The **interchangeable D/R** is another common occurrence in the country's languages. That's why there is only one letter representing the sound of /d/ and /r/ in the baybáyin. Nonetheless, Rizal's distinction between words with D that cannot be replaced with R or those with R that cannot be replaced with D is an important reform that resulted in giving the proper representation of R in the alphabet and in such manner establish the exact use of D and R in pronunciation and writing. Rizal proposed, and it has since been included in the alphabet, the addition of the letter R in order to recognize the sound of /r/ as distinct from the sound of /d/.

However, the advocates and proselytizers themselves of the alphabet did not fully understand the implication of the additional letter R. Even L.K. Santos did not bother with it. Thus, what was continued to be emphasized were the cases of when R had to be replaced with D, such as when to use **“din”** or **“rin”** and **“daw”** or **“raw.”** Many students were given low grades because of their errors in memorizing cases of the use of **“rin”** and **“din.”** On the other hand, familiarity with rules the of usage became a sign of competence in the National Language. What went unnoticed in the process of teaching was the fact that the exceptions were more numerous than the rules in the usage of R and D. Which meant that, referring back to Rizal, the case of substitution of R for D shouldn't have been made into a rule. Instead, it should be considered a mere option—it maybe followed

nakaaapekto sa pagbabago ng kahulugan ng salitang naging R ang D. Ang higit na mahalaga ay makilála ang mga tiyak na anyo ng salitang may R na iba sa mga salitang may D.

[Nakatatawang makinig hanggang ngayon sa mga seminar hinggil sa mainit na pagtatálo ng mga titser kung ano ang higit na wastong anyo ng “**din**” at “**rin**” sa isang pangungusap. Hindi ako magtataká kung kasáma pa ito sa mga pambansang test ng DepEd. Dapat ding bigyan ng makabuluhang mga reporma ang mga test sa wika para mawala ang mga lumang kaisipan na ang totoo’y nagdudulot ng masasamâng epekto laban sa mabilisang paglaganap ng Wikang Pambansa. Ginagawa ng ganitong di-kailangang tuntunin na isang malaking parusa kundi man malaking katatawanan ang pag-aaral ng wika.]

Ang higit na masamâ, ang problema ng palagiang pagtukoy sa pagpapalítan ng D at R ay masasalamin sa patuloy na paglilista ng iba pang nagkakapalítang tunog sa mga wika ng Filipinas. Halimbawa, may mga pag-aaral kung paanong nagkakapalitan ang R at L, gaya sa “**daraga**” ng Kinaray-a at Bikol na “**dalaga**” sa Tagalog. Isang kasiya-siyang gawain ito sa pagkokompara ng mga wika, hindi lámang ng mga wika sa Filipinas. Isang trabaho ito ng lingguwistika upang hanapin ang relasyon ng mga magkakapamilyang wika sa mundo. Ngayon, alam naman nating magkakapamilya ang mga katutubong wika ng Filipinas, kayâ bukod sa mga magkatulad na salita ay tiyak na makatatagpo ng mga salita na nag-iiba lámang ang anyo dahil sa nagbagong isang titik, nagkabaligtad na pantig, o nag-ibang bigkas sa lipunan ng

or not—because there is actually no change in meaning in the words where R becomes D. What is important is to recognize the definite forms of words with R and how they differ from words with D.

[It is quite laughable that up to now one can hear in seminars teachers engaged in heated debates about which is the more correct form between “**din**” and “**rin**” in a sentence. I won’t be surprised if it’s still included in the DepEd national examinations. Meaningful reform must also be undertaken in language tests in order to remove old notions that in truth adversely affect the faster propagation of the National Language. Unnecessary rules such as this make language learning a punishing if not laughable process.]

Worse, the problem of overemphasis on the substitution between D and R can be discerned from the continued listing of other sound substitutions among Filipino languages. For example, there are studies on how R substitutes for L, such as “**daraga**” in Kinaray-a and Bikol which is “**dalaga**” in Tagalog. This is quite a pleasant work in comparative languages, not only among Filipino languages. It is the function of linguistics to identify the relationships between the language families or within language families of the world. Now, we know for a fact that native Filipino languages belong to one family, so that apart from similar words there will surely be words that change their form due to a change in one letter, or the reversal of syllables, or different pronunciations within the country’s society

mga wika ng bansa. May mga paliwanag din ang lingguwistika sa mga pangyayaring ito.

Mahalaga sa gayon ang mga pag-aaral ng **hambingang salita** upang matukoy ang mga nagaganap na pagkakaiba sa loob ng lipunan ng mga wika sa Filipinas. Subalit patunay din ito ng mahigpit na relasyon sa isa't isa sa ng mga wika ng bansa.

Gayunman hindi nagwawakas doon ang naturang hambingang salita. Isang masamâng gawain ng mga mapagpatawang guro ay bigyan ng diin kung paanong ang isang salita sa isang wika ay nagkakaroon ng pangit o bastos na kahulugan sa ibang wika. Halimbawa, ang **“libóg”** sa Hiligaynon at **“libog”** sa Tagalog. O kung paanong ang isang salita sa isang wika ay nagkakaroon ng isang iba-ibang kahulugan sa ibang wika, gaya ng **“búkid”** sa Tagalog at **“bukid”** sa Kinaray-a at Manobo. Na ang karaniwang aral, kung sakáling nais mangaral, ay mag-ingat sa paggamit ng Wikang Pambansa (na Tagalog) dahil maaaring masamâ, bastos, o ibang-iba ang kahulugan nitó sa isang nakikinig na di-Tagalog.

Ang larong ito sa mga hambingang salita, kung tutuusin, ay tumutukoy sa isang malaking problema. Kung ganito kagulo ang mga wika sa Filipinas, aling gamit ng salita ang dapat umiral? Alin sa anyong Hiligaynon at Tagalog ng **“libog”** ang dapat palaganapin? Alin sa kahulugan ng anyong **“bukid”** sa Kinaray-a at sa Tagalog ang dapat masunod? Kung tutuusin, ang naturang laro sa hambingang salita ay isang pailalím na komentaryo, isang sátirá sa umiiral na pagkilála lámang sa anyo at pakahulugang Tagalog. Ang nakatutuwa,

of languages. There are linguistic explanations for these occurrences.

Studies in **word comparison** are therefore important in order to identify and focus on the changes and the processes of change within the country's society of languages. But this is also proof of the close relationships between and among the country's languages.

Still, word comparison does not end there. A bad habit of teachers who try to be funny is emphasizing how a word in one language assumes an ugly or vulgar meaning in another language. For instance, "**libóg**" in Hiligaynon and "**libog**" in Tagalog. Or how one word in one language has a variety of meanings in other languages, such as "**búkid**" in Tagalog and "**búkid**" in Kinaray-a and Manobo. And the common lesson or advice, if one wishes to derive a lesson or advice, is to be careful in the use of the National Language (which is Tagalog) because its words may mean ugly, lewd, or will have different meanings among the non-Tagalog.

This game in word comparisons, in fact, points to a big problem. If the Philippine languages are this confusing, which usage of what words should prevail? Which between the Hiligaynon or the Tagalog form of "libog" should be preferred or disseminated? Which meaning between the Kinaray-a or the Tagalog form of the word "bukid" should be followed? In point of fact, the said word comparison game is a suppressed commentary, a satire on the prevailing preference for the Tagalog meaning. Remarkably, teachers

ginagamit ito mismo ng mga guro sa Wikang Pambansa at hindi nararamdaman man lámang ang kanilang sariling kakulangan hinggil sa wastong pagpapakilála ng Wikang Pambansa.

Subalit dapat ding punahin ang pagpapatuloy ng ganitong uri ng hambingang salita sa hanay ng mga eksperto sa lingguwistika. Una, isang paraan lámang ito ng panggagaya sa itinuro sa kanilang pagsuri sa wika ng kanilang binásang mga eksperto sa wika ng mundo. Mahahalata ang kawalan ng orihinalidad ultimong sa mga titik niláng pinaghahambing na nagkakapalitan at sa mga terminolohiyang panlingguwistika niláng ikinakalat. Ikalawa, at higit na masamá, nagiging instrumento ang kanilang hambingang salita tungo sa patuloy na paghatì sa damdamin ng mga tagapagtaguyod ng bawat katutubong wika ng bansa.

Sa paanong paraan?

Ibigay nating halimbawa ang anyong “**atíp**” sa Tagalog. Kung lumitaw sa hambingang salita na may mga anyo itong “**ata**,” “**atep**,” “**atap**,” “**atop**,” “**atup**” sa ibang mga wika ng Filipinas, paano ituturing ang mga anyong ito? Varyant? Baryasyon? Sa lingguwistika, maaaring ipaliwanag ang naganap na pagpapalit ng patinig, pagkaltas, paglilipat (kung isasáma ang anyong “**aptan**”), at kung anumang kaibhan sa isa’t isa ng mga naturang anyo. [Noong panahon ng mga Amerikano, tinawag itong **pagtitípil** at naging kasangkapan ng mga makata sa pagpapaikli o pagpapahabà ng kailangang salita sa paglikha ng tulang may súkat.] Ngunit alin ang orihinal at alin ang varayti? Ang pagpili natin ngayon sa “**atíp**” bílang panimulang batayan ng paghahambing ay maaaring ipakahulugan ng pagkilála sa Tagalog bílang orihinal. At maaari



of the National Language use these games without any hint of awareness of their own inadequacy in even introducing properly the National Language.

At the same time, the continuation of this kind of word comparison especially among linguistics experts should be criticized. First, it is only one way of imitating the sort of language analysis taught to them by the world language experts that they have read. One will notice the absence of originality even in the substitution of letters they compare and the terminologies that they disseminate. Second, and worse, their word comparison becomes an instrument for the continued division among the advocates of each of the nation's native languages.

In what manner?

Let us take the example of the form **“atíp”** in Tagalog. If the word comparison reveals that there are forms of this word such as **“ata,” “atep,” “atap,” “atop,” “atup”** in other Philippine languages, how do we regard these forms? Variants? Variations? In linguistics, there are explanations for such occurrences as vowel change, elision, transposition (if we include the form **“aptan”**), and whatever difference between the forms. [In the American period, the term was **pagtitípil** (shortening or contraction) and it was useful to poets who wanted to shorten or lengthen words in the writing of metered verse.] But which is the original and which is the variety? Our current preference for **“atíp”** as preliminary basis for comparison may be interpreted as the recognition of Tagalog as the original. And

nitóng ipahiwatig ang pagkilála sa Tagalog bílang nakatatanda sa ibang mga wikang ginamit sa hambingan. O higit pa, maaari nitóng ipahiwatig ang superyoridad ng anyong Tagalog kaysa ibang mga wikang kasangkot sa hambingan.

Sa buong mundo, may naugat nang nakatatandang wika sa isang pamilya ng mga wika. Gaya ng Sanskrito sa India o ng Griego at Latin sa Europa. Mula sa naturang mga ugat ay natutunton ang kaugnayan ng mga sanga ng mga salita sa iba't ibang wika sa mundo na naimpluwensiyahan ng Sanskrito o ng Griego at Latin. Ngunit alin ang inang-ugat ng mga wikang katutubo sa Filipinas? Kung nais nating tanggapin ang sinasabing mahigit sandaang wikang katutubo ng bansa bílang mga “wika” at hindi “wikain” o diyalekto, hindi makatarungang ituring na varyant o aberasyon lámang ng “atíp” ang “ata,” “atep,” atbp. Sa halip, dapat ituring ang mga naturang anyo na magkakasingkahulugan. Kung sakali, maaaring idahilan na batayan ang Tagalog ng Wikang Pambansa upang lumitaw na pangunahing entri sa isang halimbawa’y diksiyonaryo ang “atíp.” Gayunman, at dapat ulitin, hindi sa paraang lumilitaw na higit na matanda at higit na huwaran ang “atíp” kaysa ibang binanggit na anyo.

Gumamit pa táyo ng isang tunay na halimbawa: Ang salitâng “**palakâ**” sa Ivatan at Tagalog. Sa Hiligaynon, ito ay “**pakâ**”; sa Waray, “**paklà**”; sa Teduray, “**fak**.” Sinadya kong ihanay ang mga naturang salita na may iisang kahulugan ngunit mula sa pinakamahabà (tatlong pantig) hanggang pinakamaikli (isang pantig). May nagkakahawig na anyo ang mga ito. Sa tinging lingguwistiko, may naganap na

it can also signify acknowledging Tagalog as the older among the languages used in the comparative analysis. Or most of all, it can indicate the superiority of the Tagalog form over the other languages in the comparative analysis.

All over the world there are languages that have taken root as the elder language within a family of languages. Such are Sanskrit in India and Greek or Latin in Europe. From such roots can be traced the relationships among the many branches of words within the many languages of the world that have been influenced by Sanskrit or by Greek and Latin. But which is the main root of the native Filipino languages? If we want to accept the country's supposed one hundred plus native languages and "languages" and not "dialects," it will not be fair to consider "ata," "atep," etc. as mere variants or aberrations of "atíp." Instead, the said forms should be considered as synonyms. If ever, it can be explained since Tagalog is the basis of the National Language it can come out as the primary entry in the dictionary for the word "atíp." Nonetheless, and it should be stressed, not in any manner as to make "atíp" appear as the oldest and the standard for the other cited forms.

Let us use another real example: The word "**palakâ**" in Ivatan and Tagalog. In Hiligaynon, it is "**pakâ**"; in Waray, "**paklà**"; in Teduray, "**fak.**" I purposely arranged the words from the longest (three syllables) to the shortest (one syllable). They have similar, almost identical, forms. From the linguistic point of view, there is a change in the form due to the gain or loss of syllables. But which is the

pagbabago ng mga anyo dahil sa pagtubò o pagkaltas ng mga titik at pantig. Ngunit alin ang mas orihinal at maituturing na pinakamatandang anyo? Higit na bibigat ang problema kapag inihanay pa ang set ng **“tugák”** ng Kapampangan, **“talapáng”** ng Bikol, at **“tófi”** ng Tiboli. Sa pagpapangkat ko, waring may pangkat na nagtataglay ng mga titik P/F at K at may pangkat na nagsisimula naman sa titik T bagaman lumilitaw pa rin ang P/F at K. Ngunit napakahirap gamitin itong panimulang batayan ng posibleng pagpapangkat sa loob ng pamilya ng mga wika sa Filipinas. Ang pinakamatitayak lámang ay may ganitong mga salita na tumutukoy sa iisang hayop at posibleng may mahigit 50 pang ganitong salita na matatagpuan sa mahigit 100 wikang katutubo ng bansa, at ang mga salitang ito ay dapat ituring na magkakasingkahulugan.

**Ang pantay na pagtingin sa mga wikang katutubo ng Filipinas ang isang saligan ng pagiging Filipino ng “Filipino.”** Kulang sa ganitong paggálang sa mga wikang katutubo ang kasalukuyang oryentasyon ng nagaganap na hambingang salita.

Halimbawa pa, sa isang pagsusuri ng paggamit ng “Filipino” sa iba’t ibang lungsod sa Filipinas, isang kapansin-pansing pangyayari ang pagpasok ng mga bagong salita sa pangungusap. Mga bagong salita mula sa unang wika ng mga informant. Ulit-ulit na ibinigay ang pangyayaring sumisingit ang **“madámo”** sa halip na **“madámi”** o kayâ ang **“baláy”** sa halip na **“báhay.”** Na inisip kong isang natural na mangyayari sa mga pook na malayò sa Metro Manila. Subalit laking gulat ko nang uriin ito ng tagasuri bílang halimbawa ng pagpapalit. Ang I daw ay napapalitan ng O at ang H ay napapalitan ng L sa ibang wika ng Filipinas.

original and can be considered as the oldest form? The problem complicates if we include the set of **“tugák”** from Kapampangan, **“talapáng”** in Bikol, and **“tófi”** of Tiboli. In my grouping, there is a group bearing the letter P/F and K and another beginning with the letter T although the P/F and K still appear. But this is a difficult preliminary basis to use for a possible grouping within the Philippines’ family of languages. The only certainty we can derive is that there are such words referring to one animal and it is possible there are more than 50 other similar words to be found in the more than 100 native languages of the country, and these words must be considered synonymous.

**The equal treatment of the native languages of the Philippines is one principle of the Filipino-ness of “Filipino.”**

This respectful regard for the native languages is lacking in the current orientation in the practice of word comparison.

Another example, in one study of the use of “Filipino” in different cities in Filipinas, a most noticeable phenomenon is the entry of new words in the sentences. New words from the informant’s first language. The repeated use or insertion of **“madámo”** instead of **“madámi”** or **“baláy”** in place of **“báhay.”** Which I think should happen naturally in places far from Metro Manila. But I was shocked to find that the researcher classified it as an example of substitution. The I, supposedly, is substituted with O and H is replaced with L in other Filipino languages.

Muli, narito ang isang malaking ehemplo ng pag-iral ng nakamihasnang hambingang salita na nagtuturing sa Tagalog bílang huwaran at sa ibang wika bílang varyant. Hindi naisip ng tagasuri na di-Tagalog ang mga informant sa pag-aaral niya at kayâ nanghihimasok ang kanilang sariling unang wika sa pagsasalita ng “Filipino.” Sumasanib sa “Filipino” ang unang wikang katutubo ng mga informant kayâ pumapasok sa pangungusap ang mga salita mula sa kanilang unang wika. At ito naman ang dapat mangyari upang lumaganap sa buong kapuluan ang “Filipino” bukod sa upang yumaman ang “Filipino” sa pamamagitan ng mga kusang-loob na ambag na bokabularyo mulang ibang katutubong wika.

Sa kabilâng dako, at mula sa panukala ni Rizal na pagtatatag ng mga tiyak na gamit ng R na iba sa D ay kailangan ang karampatang edukasyon hinggil sa mga katinig. Kahit lámang sa 15 katinig ng abakada. Bakit? Una, dahil marami sa ating mga katutubong wika ang wala pang ortograpiya. Ang ibig sabihin, hanggang ngayon ay nása anyong pabigkas o oral ang marami nating katutubong wika. Walang nakasulat na panitikan. Hindi lahat ng mga wikang ito ay may mga tunog na kinakatawan ng 15 katinig ng abakada. Sa Iranun halimbawa ay walang tunog na /h/ at sa Magindanaw ay walang /r/. **Isang tungkulin sa gayon sa pagtuturo ng “Filipino” ang wastong pagpapalaganap, pagpapabigkas, pagpapakilála, at pagpapasulat sa mga titik ng ortograpiya nitó.** Ang isang Iranun halimbawa ay maituturing nang gumagamit ng “Filipino” kapag malinaw niyang napagbubukod at nakikilála, pabigkas man o pasulat, ang mga patinig at katinig ng pinalalaganap na alpabeto sa Wikang Pambansa.

Again, here is a huge example of the prevalence of the customary word comparison that puts Tagalog up as the model or standard while considering other languages as the variants. The researcher does not consider the fact that his or her informants were non-Tagalogs that's why their first languages interfere while they were speaking "Filipino." The informant's first language merges with "Filipino" that's why the words from the first language enter the sentences. And this is what should happen in order for "Filipino" to spread all over the archipelago apart from being enriched through the natural lexical contributions from the native languages.

On the other hand, and from Rizal's proposal for establishing the definite uses of R as distinct from D, proper education must be undertaken regarding consonants. Even for the 15 consonants of the abakada. Why? First, because many of our native languages do not as yet have an orthography. Meaning, up to now many of our native languages are still in the oral stage and form. There is no written literature. Not all of these languages have sounds that are represented by the 15 consonants of the abakada. In Iranun, for example, there is no /h/ sound and in Magindanaw there is no /r/. **It is therefore the function of teaching "Filipino" to properly disseminate the correct pronunciation, identification, and writing of the letters of its orthography.** An Iranun, for example, may be said to be already using "Filipino" if he/she can clearly distinguish and separate, orally or in writing, the vowels and consonants that are being propagated in the National Language alphabet.

## SARILING MGA TULDIK

Isa pang napakamakabuluhang reporma ni Rizal ang tungkol sa tuldik. Siya, at hindi si L.K. Santos, ang umimbento ng tatlong tuldik na ginamit sa pagsulat alinsunod sa abakada: ang mga tuldik *agudo* [acute], *grave* [grave], at *circumflejo* [circumflex] na isinaling **tuldik pahilís (´)**, **tuldik paiwâ (˘)**, at **tuldik pakupyâ (ˆ)** ni L.K. Santos. Kinuha ni Rizal ang naturang mga pangalan ng tuldik at mga simbolo sa mga wikang Europeo. Ngunit ang naging paraan ng paggamit ng mga ito, lalo na pagkatapos likhaan ni L.K. Santos ng katumbas na pangalan sa Tagalog, ay isang mahalagang kasangkapan sa pag-aaral ng wastong bigkas ng mga katutubong salita. Sa loob mismo ng Tagalog, karaniwang halimbawa noon pa ang pangyayari na may apat na bigkas ang anyong “**paso**” ay may apat ding kahulugan sang-ayon sa bigkas: **páso** (malumay, mula sa Español at tumutukoy sa isang lugar na daanan paakyat sa bundok o gulod), **pasó** (mabilis, mula din sa Español at tumutukoy sa tiket o katulad na lagpas na sa takdang panahon ng paggamit), **pasò** (malumi at singkahulugan ng lapnos), at **pasô** (maragsa at tumutukoy sa likhang luad na taniman ng halaman).

Sa maikling salita, **mahalaga ang mga tuldik upang maging patnubay sa wastong pagbása ng mga salita, lalo na para sa mga bagong nag-aaral ng wika.** Gayunman, pinuna ang labis na entusyasmong sa paggamit ng tuldik dahil noong panahon ng Komonwelt ay may mga lathalaan na nilalagyan ng tuldik ang lahat ng salita. Siyempre, naging malaking trabaho ito para sa mga editor at mga imprenta. Lihim na tinutulan ang paglalagay ng tuldik. Hanggang dumating ang panahon na hindi na gumagamit ng tuldik ang lahat



## OUR OWN DIACRITICS

Another important and relevant reform Rizal introduced is the tuldik or diacritical mark. He, and not L.K. Santos, invented the three tuldik used according to the abakada: “the diacritics *agudo* [acute], *grave* [grave] at *circumflejo* [circumflex] which were translated as **tuldik pahilís** ( ´ ), **tuldik paiwà** ( ` ), at **tuldik pakupyâ** ( ^ ) by L.K. Santos. Rizal took the names of the diacritical symbols from European languages. But the way they were used, especially after L.K. Santos created their equivalent names in Tagalog, is an important tool for the correct pronunciation of native words. Within Tagalog itself, the common example then was the existence of four ways to pronounce the word “**paso**” which had four corresponding meanings according to the pronunciation: **páso** (malumay or all vowels unstressed, from the Spanish which meant a passage on or through a mountain or hill), **pasó** (mabilis or acute, also from the Spanish referring to a ticket or the like whose usability has passed or expired), **pasò** (malumi or grave, and a synonym of burn or injury by fire or heat), and **pasô** (maragsa or with glottal stop, marked by circumflex, and referring to a clay flower pot).

In short, **tuldik or diacritics are important guides to the proper reading of words, especially for new students of the language.** Still, the excessive use of tuldik was criticized because during the Commonwealth there were publications that placed diacritics on all words. Necessarily, this was extra work for editors and printers. The use of diacritics was secretly opposed. Until they were no longer used in all

ng nakalimbag na akda. Na isa namang problema kapag kailangang ipabása nang wasto ang isang salita na may dalawa o mahigit na paraan ng bigkas.

Tingnan ninyo ang naganap na pagbalewala sa kabuluhan ng tuldik kahit sa mismong mga patnubay sa ortograpiya ng KWF. Hanggang noong 1977, sa nakalathalang *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino* ng SWP ay may tagubilin hinggil sa opsiyonal na paggamit ng mga tuldik, lalo na sa mga sitwasyong kailangang ipakita ang pagkakaiba ng bigkas ng dalawang salita na may iisang anyo. Sa *Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* ng KWF noong 1987 ay may seksiyon pa rin sa “Ang Gamit ng Tuldik” at nagtatagubilin na kailangan ito “upang mapag-iba-iba ang kahulugan ng mga salitang magkakatulad sa ispeling ngunit magkakaiba sa diin at bigkas.” Kailangan din diumano ang tuldik sa diksiyonaryo upang mabigkas nang wasto ang mga entri. Gayunman, tíla pinabayaan at walang wastong simbolo ang tuldik sa mga ibinigay na halimbawa ng mga salitang nagkakaiba ng kahulugan dahil sa magkaibang bigkas. Sa 2001 ortograpiya ng KWF, ganap na inalis ang interes hinggil sa tuldik. Tuluyan ding inalis ang pagtuturo ng tuldik at ng wastong bigkas, na nagresulta naman sa mga di-kailangang varayti ng bigkas sa kasalukuyan.

[May mga propesor ng wika na napakahilig maglista ng mga varayti ng salita. Silá sa gayon ang nagpapalaganap na bahagi ng kalayaang pangwika ang pagkilála sa varayti kahit ng ngongò o bulol. Kailangan ko ngayong idiin ang “**di-kailangan**” sa sinasalungat kong pagkalat ng kung ano-anong varayti na malimit ay bunga ng kamangmangan at naligaw

printed materials. Which was in turn a problem when a word with two or more pronunciations needed to be properly read.

Take a look at the subsequent disregard for the use of tuldik even in the orthography manuals of KWF. Until 1987, in the printed *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino* of SWP there were instructions for the optional use of tuldik, especially in cases where the different pronunciations of two words with the same form needed to be shown. In KWF's *Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* of 1987 there was still a section on "Ang Gamit ng Tuldik" (The Use of Diacritics) which specified that it was necessary "to differentiate the signification of words with identical spelling but with different stresses and pronunciation." Diacritics were also needed in dictionaries, it stated, for the correct pronunciation of the entries. Still, there was apparent neglect because the given examples of words with different meanings due to different pronunciations did not carry the correct diacritical marks. In the 2001 orthography of KWF, the absence of interest in the tuldik was complete. The teaching of the use of diacritics and proper pronunciation stopped entirely as well, which resulted in the current unnecessary varieties in pronunciation.

[There are language professors who are so fond of listing varieties of words. They are thus the ones spreading the notion that the identification of varieties is part of language freedom, even if the varieties are ngongo or bulol (pronounced as if with a cleft palate or in an infantile manner). I have to emphasize now the **"unnecessary"** in the random and indiscriminate varieties

na memorya. Paboritong ehemplo ni Prop. Mike Coroza ang kaniyang anak na nang tanungin niya kung kakain pa bago pumasok sa eskuwelahan ay sumagot ng: “*Bakà*.” Ang pakli niya, “Walang **báka** sa ulam natin.” Ngunit alam din niyang “**bakâ**” ang ibig sabihin ng kaniyang anak. Kailangan ba natin ang “*bakà*” bílang varyant ng “*bakâ*.” Hindi. Bakit kumakalat ang “*bakà*” sa kabataang Tagalog? Nagrerebelde ba silá? Ang simpleng sagot: Dahil hindi silá natuturuan ng wastong bigkas sa paaralan. Isa pang di-kailangang varyant ang “*kità*” (malumi) para sa sinauna pang “**kíta**” (malumay) at lumilikha ng di-kailangang anyo ng “*kitain*” para sa “**kitahin**.” Hindi ito iwinawasto ng mga guro, maski marinig, kayâ kumakalat. O ang mas malubha, hindi ito naiwawasto ng guro dahil hindi rin tiyak ng guro kung ano ang wasto!

Narinig ko nga minsan ang isang estudyanteng umoorder ng “**kaldero**.” Ang nása isip palá niya ay “**kaldo**.” Malimit ituro sa lingguwistika ang mga hadlang heograpiko bílang mga karaniwang sanhi ng pagsasanga-sanga ng mga wika mula sa iisang wika ng tribu. Subalit malaking bahagi nitó ang maikling memorya ng tao. Maraming salita ang nalilimot dahil hindi nagagamit. Marami ding salita ang lumilitaw dahil hindi na ganap maalala ang mga orihinal. Kahit ngayon ay maraming nagtatanong sa akin ng salita na kahawig ngunit hindi ang nais nilá talagang ipahayag. May nagmungkahing magkabit ng “*halbong*” laban sa init. Ang akala niya’y “**há bong**” ang kaniyang nabigkas. May nagmalaki sa alam niyang malalim na salita: “*salagimsim*.” Naglalaro palá sa utak niya ang “**salamísim**” at “**sagimsím**.” [Paano kung Pangulo ng Senado ang nag-utos magtayô ng

being disseminated which are often due to ignorance or memory failure. A favorite example from Prof. Mike Coroza is how his son answered when asked if he would eat before going to school: “*Bakà*” (“Maybe.”) His rejoinder, “We don’t have **báka** (beef) for breakfast.” But he knew too that his son meant “**bakâ.**” Do we need “*bakà*” as variant of “*bakâ*”? No. How did “*bakà*” spread among the youthful Tagalog? Are they rebelling? The simple answer: Because they were not taught proper pronunciation in school. Another unnecessary variant is “*kità*” (malumi or grave, unstressed but with a glottal endstop) for the more ancient “**kíta**” (malumay) which creates the unnecessary form of “*kitain*” for “**kitahin.**” Teachers do not correct this, even when they hear it, that’s why it spread. Or what’s worse, teachers cannot correct it because they themselves are unsure of what is correct!

I’ve also heard a student order a “**kaldero.**” What he had in mind was “**kaldo.**” Linguistics often teach geographic obstacles as the common causes of the branching of languages from a single tribal language. This is, however, a big part of the short memory of people. Many words are forgotten due to non-use. Many words also come into being because the original was difficult to remember. Even now many ask me about a word similar to but not the exact one they want to say. Someone suggested to put up a “halbong” against the intense sunlight. The person thought he was saying “**hábong.**” Someone bragged that he knew the complex word, “salagimsim.” Playing around in his mind, of course, were “**salamísim**” and “**sagimsím.**” What if it was the Senate President ordering the erection of a “halbong”?

“halbong”? Paano kung bantog na manunulat ang nagsabi ng “salagimsim” sa TV?]

Higit na mabigat ang pangangailangan ngayon sa tuldik dahil sa layuning ilahok ang mga salitang mula sa ibang katutubong wika para sa pagpapayaman ng bokabularyong “Filipino.” Hindi lingid sa atin na maraming salita na may iisang anyo o ispeling sa mga wikang katutubo ngunit nagkakaroon ng iba-ibang kahulugan dahil sa bigkas. Kamakailan, dahil sa bagyong Ruby ay lumitaw ang kawalang-ingat ng maraming brodkaster sa pagbigkas ng pangalan ng bayang “Palo” sa Leyte. Unang paraan nilá ng bigkas ang malumay na **pálo** na mulang Español dahil sa akalang kinuha ito sa posteng sinasabitan ng layag sa barko. Ikalawang bigkas ang maluming **palò** o paghampas gamit ang isang piraso ng kahoy o túbo. Kung nagtanong muna silá sa taga-Leyte, ituturo sa kanila ang wastong bigkas na maragsa, **palô**, na ayon sa aking informant ay nagmula din naman sa paghubog ng isang pamalò mula sa punò ng niyog. Anupa’t bahagi ng paggálang sa nasabing bayan na bigkasin ang pangalan nitó nang wasto—**Palô**, Leyte—at nang matiyak ng nakikinig na tagaroon na ang bayan nilá ang pinag-uusapan.

Para lalong luminaw, idadagdag ko ang paborito kong anyong “**laya**.” Akala ng marami, isang katutubong salita ang maluming **layà** na kasingkahulugan ng *libertad* sa Español at *freedom* sa Ingles. Ngunit mabibigo silá pag nagsaliksik. Walang gayong anyo at bigkas sa anumang wika ng Filipinas. Sa halip, may **láya**, malumay ang bigkas at isang uri ng lambat pangisda; may **layá**, mabilis

What if it was a famous writer who said “salagimsim” on TV?]

The tuldik is even more necessary now that there is intention to enter words from other native languages for the purpose of enriching the vocabulary of “Filipino.” We are aware, of course, of many words from the native languages with identical form or spelling but carry different significations when pronounced differently. Lately, due to typhoon Ruby, the carelessness of many broadcasters surfaced as they pronounced the name of the town of “Palo” in Leyte. Their first way of pronouncing it was the malumay **pálo** from the Spanish as they assumed it was derived from the word for the mast of a ship. The second pronunciation was the malumi **palò** or striking with a stick or tube. If they just asked the Leyte natives, they’d have been taught to pronounce it correctly as the maragsa **palô**, which according to my informant comes similarly from shaping a bat or stick from the trunk of coconut. Thus it is part of respect for the said town to pronounce its name correctly—**Palô**, Leyte—so that the natives listening to them would know it was their town they were talking about.

For further clarity, I will add my favorite form of the word, “**laya**.” Many assume the malumi **layà**, the equivalent of the word libertad in Spanish and freedom in English, is a native term. But they would be frustrated if they did some research. There is no such form and pronunciation in any Filipino language. Instead, there is **láya**, pronounced

ang bigkas at Ilokano para sa halamang “**lúya**”; at **layâ**, maragsa ang bigkas at pang-uri para sa walang disiplina. May ganito ring anyo sa Bikol na tumutukoy sa magulang nang niyog at sa Bisaya na nangangahulugang lanta at tuyông sanga at dahon. Una kong naengkuwentro ang anyong **layâ**, malumi ang bigkas, sa salin ni Plaridel ng sanaysay na “Amor Patrio” ni Rizal noong 1882. Inimbento lámang ba ito ni Plaridel? Hindi ko alam. Ang alam ko, napakahalagang dagdag ito sa wika ng mga Filipino noon dahil siyang pangunahing damdaming kailangan ng bayan para sa Himagsikang 1896.

Kamakailan, lumitaw sa akin ang pangit na halimbawa ng kawalan ng pananaw na pangkasaysayan sa ating wika. Sinusuri namin ang mga bagong likhang ortograpiya para sa mga wika ng ARMM. Napansin kong malimit lumitaw pagkatapos ng mga halimbawang salita ang *kudlit* ('). Inusisa ko kung may nawawala bang titik kayâ may kudlit. [May kahawig akong nakatutuwang karanasan sa Kalinga at idudugtong ko pagkatapos ng kaso sa ARMM.] Wala naman daw nawawalang titik. Bakit may kudlit? Ang sagot, sagisag ang kudlit para sa impit o *glottal stop*. Nanlumo ako, ngunit muling nagtanong. Sino ang nagturo nitó? Itinuro diumano ng mga tagapayo niláng ekspertong Americano mulang SIL. Lalo akong nanlumo.

Sa isang bandá, ginawa naman ng mga tagapayong banyaga ang lahat ng magagawa upang tumulong sa paglikha ng ortograpiya para sa mga wika ng ARMM. Inimbita marahil siláng lumahok sa paggawa ng ortograpiya dahil may rekord



malumay and a kind of fishing net; there is **layá**, with the acute accent (mabilis) and is the Ilocano for ginger plant or “**lúya**”; and **layâ**, pronounced maragsa and an adjective meaning wild or undisciplined. There is a similar form in Bikol that refers to the mature coconut and in Bisaya meaning withered and dry, like a branch or leaf. I first encountered the form **layà**, pronounced malumi, in Plaridel’s translation of Rizal’s “Amor Patrio” in 1882. Did Plaridel only invent it? I do not know. What I know is, it is such an important addition to the Filipino language then because it was the principal sentiment needed by the nation for the Revolution of 1896.

Recently, I witnessed a bad example of the absence of the historical perspective in regarding our language. We were examining the newly produced orthographies for the languages of ARMM. I noticed that the *kudlit* (’), or apostrophe, frequently appeared at the end of the word examples. I inquired if there was a missing letter that’s why there was a kudlit. [I have a similar but more pleasant example in Kalinga and I will go to it after the case of ARMM.] No missing letter, I was told. So why the kudlit? The answer, kudlit was the symbol for the impit or glottal stop. I felt sick, but asked again. Who taught them that? That’s what they were taught, I was told, by their expert American advisers from SIL. I almost fell out of my seat.

On one hand, the foreign advisers did all they could to help formulate an orthography for the languages of ARMM. They must have been invited to join the work because they had a record of research and living among the

silá ng pagsasaliksik at pakikipanirahan sa mga komunidad sa ARMM. Kahit ang pagpapagamit sa kudlit bílang simbolo ng impit sa mga salitang nagtatapos sa patinig ay mula sa alam niláng panukalang ponolohiya ng IPA. Sa kabilâng bandá, walang pasintabi ang kanilang pagpasok na tagapayo. Ni hindi nagpabatid man lámang sa KWF, na alam ng SIL na inatasan ng batas na mangalaga sa mga wika ng Filipinas. Ang higit na mabigat, nakialam silá sa mga wikang katutubo nang hindi nagbabasá hinggil sa Wikang Pambansa. Kung nag-aral muna silá sa kaligiran ng wikang katutubo, mababatid nilá ang pinalaganap noon pang 1941 na mga paraan ng pagtutuldik sa mga salita sa wikang katutubo. Malalaman din niláng higit na episyente ang **paiwà** at **pakupyâ** kaysa kudlit na ipinagamit nilá dahil naibubukod ng mga ito sa tiyak namang dalawang uri ng pagbigkas sa mga salitang may impit: ang salitang malumay ang bigkas ngunit may impit sa dulo, na tinatawag na **malumì**, at ang salitang mabilis ang bigkas ngunit may impit sa dulo, na tinatawag na **maragsâ**. Ang mga pag-uuring ito ay hindi naipasasagisag sa itinuro niláng kudlit.

Ang ganitong problema, bagaman may ibang anggulo, aynakaengkuwentro ko rin sa seminarsa ortograpiya sa Tabuk, Kalinga. Napakagulo ng sitwasyong ortograpiko sa buong lalawigan ng Kalinga at pangunahing sanhi ang pakikialam doon ng mga Linggwistasero at mga banyagang eksperto sa wika. Isang titser ang lumapit sa akin at ipinagmalaki ang kanilang paggamit ng kudlit para kumatawan sa nawawalang titik sa isang salita. Na tama naman. Ngunit muntik na akong himatayin sa halimbawa niya: “*ana*” at katumbas sa Kalinga

communities of ARMM. Even their advice to use the kudlit as symbol for the glottal stop for words ending in a vowel came from what they knew as the proposed phonology of IPA. On the other hand, their interference as advisers was unapologetic and without notice. They never notified the KWF, which the SIL knew was mandated by law to protect the languages of Filipinas. And more seriously, they interfered with the native languages without reading up on the National Language. If they just studied the environment of the native languages, they would know that since 1941 the manner for the diacritical marking of native languages had been established. They would also find out that the **paiwà** and the **pakupyâ** were a lot more efficient than the kudlit they recommended because these clearly differentiated the two pronunciations of glottally-stopped words: the word pronounced malumay but with a glottal endstop, which was called **malumì**, and the acutely accented (mabilis) word with the glottal endstop, which was called **maragsâ**. These categorizations cannot be represented by the kudlit or apostrophe that they taught.

A similar problem, though with a different angle, was what I encountered in a seminar on orthography in Tabuk, Kalinga. The orthographic situation in the whole province of Kalinga is so confused due to the interference of the Linguisticists and foreign experts on language. A teacher approached me and was apparently proud of their use of the kudlit in place of the missing letter in a word. Which was correct. But I almost fainted when I saw her example: “*ana*” and the Kalinga equivalent of the Tagalog

ng “**anák**” sa Tagalog. Nawala diumano ang titik K sa dulo ng kanilang salita kayâ kailangang isagisag ng kudlit ang pangyayari. Ipinabigkas kong muli ang kanilang salita. “**Anâ.**” Ano ba sa Kalinga ang singkahulugan ng “anák”? “**Anâ**” daw. Sabi ko, hindi kailangan ang kudlit. Wala namang nawalang titik sa kanilang salita. Ang “**anâ**” ay isang lehitimong salitang Kalinga, hindi varyant, at dapat ituring na singkahulugan ng “**anák**” ng Tagalog, Bisaya, Ivatan, at Magindanaw.

Kailangan ko ring balikán ang mga tuldik para sa mga nagseminar sa Tabuk dahil malabò na sa kanilang gunita. Nabibigkas nilá tuloy ang maraming malumi at maragsang salita ng Tagalog sa paraang walang impit dahil nasusundan nilá ang modelong pagbigkas ng Ilokano na dominante sa probinsiya. Walang impit ang wikang Ilokano; ngunit tulad ng maririnig sa “**anâ,**” may impit ang wikang Kalinga.

Isang napakahalagang instrumento ang mga tuldik para sa wastong pagbigkas. Nagiging patnubay ito sa wastong diin, sa pagpapahabà o pagpapabilis ng bigkas, at maging sa pagtukoy sa wastong himig. May pagpapalit ng himig, halimbawa, na maaaring ipahiwatig sa pamamagitan ng wastong tuldik. **Hindi ipinapayo na ibalik ang paglalagay ng tuldik sa lahat ng nakasulat o nakalimbag na salita. Ngunit kailangang itagubilin ang mahigpit na pagtuturo ng paggamit ng mga tuldik at ang totoong aplikasyon nitó kailanma’t kailangan tungo sa higit na pagkakaunawaan.**

Samantala, walang mawawala kung higit na pagbutihin ang paggamit ng tuldik sa pagsulat. Ang totoo, higit na

**“anák.”** The letter K was supposedly missing at the end of their word that’s why they had use the kudlit to symbolize the loss. I enunciated once again their word. **“Anâ.”** What was the synonym in Kalinga of the word “anák”? **“Anâ,”** I was told. I said, you don’t need the kudlit. There is no missing letter in their word. **“Anâ”** is a legitimate Kalinga word, not a variant, and must be considered a synonym of the **“anák”** of Tagalog, Bisaya, Ivatan, and Magindanaw.

I also had to go back to the kinds of tuldik for the seminar attendees of Tabuk since they have become unclear in their memory. Thus they unintentionally pronounce the malumi and maragsa Tagalog words without the glottal stop because they tend to follow the Ilocano model dominant in the province. There is no glottal stop in the Ilocano language; but as can be heard in “anâ,” there is a glottal stop in the Kalinga language.

The tuldik or diacritics are important devices for proper pronunciation. These become indicators and guides for the proper placement of stress or accent, for lengthening (slow) or hastening (fast) enunciation, and even for expressing the proper tone. There is a change in tone, for example, that can be signalled by the correct tuldik. **The restoration of the tuldik on all written or printed words is not being advised. But the strict teaching of the use of tuldik and its true application whenever needed for the purpose of comprehension and understanding is strongly counseled.**

Meanwhile, nothing will be amiss with the conscientious usage of the tuldik in writing. Truth is, the user

episyente sa paggamit ng “Filipino” ang gumagamit ng tuldik kaysa isang tamad na Tagalog o Ilokano o Kapampangan. Tulad din ng mga ibinigay kong halimbawa, higit na magiging mabilis at epektibo ang “Filipino” sa pagsasanib ng mga salita mula sa mga katutubong wika kung napapatnubayan ang gawain ng wastong tuldik.

Anupa’t nang ipahayag noon pang 1951 na “Pilipino” ang dapat itawag sa Wikang Pambansang batay sa Tagalog, kailangan sanang ipinaliwanag ang pagkakaiba ng “Pilipino” sa batayang Tagalog. Anuman ang naging pangalan ng Wikang Pambansang pinalaganap mulang 1936, hindi na ito ang pinagbatayang Tagalog alinsunod lámang sa pinalaganap na pagbabagong ortograpiko batay sa abakada ni Rizal.

Nakatakda pa itong radikal na baguhin dahil sa adhika ng mga konstitusyong 1973 at 1987 para sa Wikang Pambansa na tinawag ngayong “Filipino.” Halos kasunod ng pagpapahayag ng 1973 Konstitusyon hinggil sa pagbuo ng “Filipino” bílang Wikang Pambansa, ipinasiya ng SWP ang pagreporma sa abakada. Dinagdagan ito ng mga titik upang higit na maging episyente. Ang unang nabuo ay may tatlumpu’t isang (31) titik. Mas marami pa ito sa mga modelong alpabeto sa Ingles at Español; at maraming pumuna na hindi kailangan ang lahat ng idinadagdag na titik. Pagkaraan ng mga talakayan, kasáma ang *Simposyum sa Repormang Ortograpiko* (1984), ay nabuo ang alpabetong may dalawampu’t walong (28) titik, at ito ang ipinahayag ng SWP sa ilalim ng 1987 Konstitusyon at pinalalaganap hanggang sa kasalukuyan.

of “Filipino” who employs the *tuldik* is highly more efficient than the lazy Tagalog or Ilokano or Kapampangan. As in the examples I gave, the work of “Filipino” to import and merge of words from the native languages becomes faster and more effective with the support of the proper use of *tuldik*.

And thus when it was announced back in 1951 that “Pilipino” should be the term for the National Language based on Tagalog, it would have been necessary to explain the difference between “Pilipino” and its Tagalog basis. Whatever the name of the National Language that was propagated since 1936, it was no longer the Tagalog on which it was based according only to the introduced orthographic changes based on the *abakada* of Rizal.

It was meant still to be radically changed with the advocacies of the constitutions of 1973 and 1987 for the National Language which was now called “Filipino.” Almost on the heels of the announcement of the 1973 Constitution regarding the formation of “Filipino” as the National Language, the SWP decided on the reform of the *abakada*. The letters were augmented for more efficiency. The first to be completed had thirty-one (31) letters. This was more than its model alphabets in English and Spanish; and many criticized it for having too many letters many of which were not needed. After discussions, among which was the *Simposyum sa Repormang Ortograpiko* (1984), the alphabet with twenty-eight (28) letters was formed, and this was what the SWP announced under the 1987 Constitution and is still being disseminated up to the present.

Sa pamamagitan ng binagong alpabeto kapalit ng abakada ay pumasok ang Wikang Pambansa sa isang bagong yugto ng kasaysayan nitó. Pumasok din ang Wikang Pambansa sa isang bagong panahon at problema ng pagpapalaganap.

Pangunahing problema siyempre ang pagpapaliwanag hinggil sa walong (8) dagdag na titik. Ipinagbunyi ito ng mga teksbuk bílang “modernisadong” alpabeto. Subalit wala pa akong nababásang presentasyon nitó sa loob ng isang kronolohiya: (a) mula sa 17 titik ng baybáyng Tagalog, (b) 20 titik ng abakadang Pilipino, (c) at tungo sa 28 titik ng alpabetong Filipino. Sa pamamagitan sana ng ganitong pagtingin sa kasaysayan ng Wikang Pambansa ay maaari nang maitanghal ang naging pagsúlong nitó mula sa isang katutubo ngunit rehiyonal na wika sa Filipinas.

Ang unang malaking tanong noon: **Paano ba gagamitin ang C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z?** Nakasalalay sana sa tanong na ito ang paglilinaw kung bakit kailangang baguhin ang abakada at dagdagan ang mga titik. Kailangan ba talaga ng Wikang Pambansa ang dagdag na walong titik? Bakit? Ngunit wala ding tiyak at mapagpasiyang sagot sa bagay na ito ang mga teksbuk mulang 1987 hanggang ngayon.

Kahit nabawasan ang bílang ng panukalang dagdag na titik, may nagsabi pa rin na kailangan pang usisain ang halaga ng natiráng walo. Halimbawa, isang katangian ng baybáyin at ng lumang abakada ay ang pangyayaring may matalik na tumbásan ang bawat titik at ang tunog nitóng kinakatawan. Halos perpekto ang naturang tumbasan, (isa



Through the reformed alpabeto replacing the abakada, the National Language entered a new chapter in its history. The National Language likewise entered a new era with new problems of propagation and advocacy.

Primary problem, of course, is explaining the eight (8) additional letters. This has been celebrated in textbooks as a “modernized” alphabet. But I haven’t come across its presentation in a chronology: (a) from the 17 letters of Tagalog baybayin, (b) 20 letters of the Pilipino abakada, (c) and on to the 28 letters of the alpabetong Filipino. Desirably through this perspective on the history of the National Language, its progress could have been presented as starting from a native but regional language of Filipinas.

The first big question then: **How to use the C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z?** Dependent on this question should have been the clarification why the abakada had to be changed with new letters added. Did the National Language really need eight additional letters? Why? But there was no definite and decisive answer to this issue and nowhere in the textbooks from 1987 up to the present.

Even if the proposed number of additional letters was reduced, there were still comments that the remaining eight had to be re-examined. Example, one quality of the baybayin and the old abakada was the fact that there was an intimate equivalence between each letter and the sound it represented. The said equivalence was almost perfect, (Pilipino was one

ang Pilipino sa ilan na halos perpekto ang ortograpiya sa mga wika ng mundo) kayâ kumalat noon ang diktum na: “Kung ano ang bigkas, siyang sulat.” Hindi makapâpasâ sa gayong tumbasan ang ilan sa mga dagdag na titik. Halimbawa, ang **C** ay pampagulo dahil hindi ito kumakatawan sa isang tunog. Wala din itong silbi dahil ang mga pangunahing tunog nitó ay maaaring ipakatawan sa **K** at **S** ng abakada at siyang nagaganap na sa pagsulat sa paraang abakada, gaya sa *coreo* at *cinco* sa Español na pinalaganap nang **koreo** at **singko** sa Pilipino. Marami din ang tumututol sa **Ñ** dahil matagal nang tinapatan ito ng **Ny** sa Tagalog, gaya sa naging tumbasang *baño/banyo*, *doña/donya*, at *piña/pinya*. Kung sakali, ginagamit na lámang ang **Ñ** sa mga pangngalang pantangi mulang Español, gaya ng Santo Niño, Montaña, Viñas. Kahit sa Ingles ay iginagalang ang **Ñ** sa naturang mga pangngalang pantangi ngunit walang **Ñ** sa alpabetong Ingles.

Samantala, nagkakaisa ang lahat na mahalaga ang pagdadagdag ng **F** at **V**. Hanggang sa panahon ng Pilipino, marami ang bantulot sumunod sa pagpalit ng **P** sa **F** at ng **B** sa **V** sa mga salitang hiram, gaya sa tumbasang *forma/porma*, *fiesta/piyesta*, *pista*, *visita/bisita*, *virtud/birtud*. Ngunit ngayong may **F** at **V** na, maaari bang ibalik ang **porma** sa *forma* at ang **birtud** sa *virtud*? Kung hindi, kailan gagamitin ang **F** at **V** sa panghihiram ng mga salitang may **F** o **V** mula sa Español, Ingles, French, at iba pang wika. Ang *feminismo* ba ng Español ay “peminismo” o “feminismo”? Ang *van* ba ng Ingles ay “ban” o “van”?

of the few with an almost perfect orthography among the world's languages) that's why the dictum, "Kung ano ang bigkas, siyang sulat" (As pronounced, so written) became prevalent then. Some of the additional letters wouldn't pass that measure of equivalence. For example, the **C** is confusing because it does not represent a single sound. It is also useless since its primary sounds can be represented by the **K** and **S** of abakada and which is what already takes place in writing in the manner of the abakada, such as coreo and cinco in Spanish which has been disseminated as **koreo** and **singko** in Pilipino. Many objected as well to **Ñ** because it has long been matched by **Ny** in Tagalog, as in the counterparts *baño/banyo*, *doña/donya*, and *piña/pinya*. If ever, **Ñ** is used only in proper nouns from the Spanish, like Santo Niño, Montaña, Viñas. Even in English there is some kind of respect for **Ñ** in the proper nouns mentioned but there is no **Ñ** in the English alphabet.

Meanwhile, everyone agrees that the addition of **F** and **V** is important. Up till the time of Pilipino, many were ambivalent in following the substitution of **P** for **F** and of **B** for **V** in borrowed words, like equivalents *forma/porma*, *fiesta/piyesta*, *pista*, *visita/bisita*, *virtud/birtud*. But now that **F** and **V** have been added, can we revert **porma** to *forma* and **birtud** to *virtud*? If not, **F** and **V** must be used in borrowing words with **F** or **V** from Spanish, English, French, and other languages. Is the Spanish *feminismo* "peminismo" or "feminismo"? Is the English *van* "ban" or "van"?

Kani-kaniyang patnubay ang mga kagawaran. Tuwang-tuwa naman sa pagtuturo ang mga Linggwistasero na walang iisang tuntunin kayâ bahala ang sinuman sa pipiliing paraan ng pagbaybay. “Basta maging konsistent,” ang payo nilá. [“Konsistent” sa ano?] Ngunit tulad ng iba pang kaso sa ispelang na binigyan nilá ng mga pagpipilian, imposibleng maging konsistent. Sa gayon, ang mga lumabas na patnubay sa ortograpiya mulang 1987 hanggang 2010 ay nagbunga lámang ng mga di-pagkakasundo at patuloy na kontrobersiya, at pumigil sa matibay na sanang pagkakaisa sa ortograpiya sa panahon ng abakadang Pilipino.

## “EPISYENTE”/“MODERNISADO”

Isang magandang pagtuunan ng pansin ang retorika sa naging pagbabago ng ortograpiya mulang Pilipino tungo sa “Filipino.” Sa panimulang kilusan at talakayan, naging makabuluhang pang-uri ang “episyente” para sa pagsisikap na baguhin ang abakada. Tulad ng nabanggit ko na, marami pa ring naniniwalang isang desbentaha ang kawalan ng angkop na mga titik para sa mga tunog na **F** at **V**. Sa gayon, malaking abála sa mabilisang panghihiram ang kumbersiyon ng **F** sa **P** o ng **V** sa **B**. Sa maikling salita, at sa kaso lámang ng **F** at **V** ay hindi episyente ang abakadang Tagalog/Pilipino; kailangang maging higit na episyente ang alpabetong “Filipino.”

Subalit hindi nagtagal, pumasok sa talakayan ang “modernisado” kalakip ng aspirasyong mabilis na maisunod ang Wikang Pambansa sa wika ng agham at teknolohiya

The departments were to each his own. The Linguisticists enjoyed themselves teaching that there was no single rule so anyone could make or choose his or her own manner of spelling. “Just be consistent,” they pronounced. [“Consistent” with what?] But as in the other cases of spelling where they gave out options, it was impossible to be consistent. Thus, the published orthography manuals from 1987 to 2010 only resulted in disagreements and continued controversy, and arrested the progress of the then firmed up agreement on orthography during the time of the abakadang Pilipino.

## “EFFICIENT”/“MODERNIZED”

One good focus of attention is the rhetoric used in the orthographic reform from Pilipino to “Filipino.” In the initial actions and discussions, the adjective “efficient” became relevant to the effort to change the abakada. As I have mentioned, many continued to believe that the absence of proper letters for the sounds **F** and **V** was a disadvantage. Thus, the conversion of **F** to **P** or of **V** to **B** was a bothersome chore for purposes of quick borrowing. In short, and only in the case of **F** and **V**, the Tagalog/Pilipino abakada was inefficient; the “Filipino” alpabeto had to be very efficient.

But soon enough, the notion of “modernized” entered the discussions, together with the aspiration to quickly adopt the National Language to the language of science

sa makabagong panahon. **Noong dekada 60, nása likod na ng tuligsang “purista” ang Pilipino ng SWP ang matinding paghahangad na maging “modernisado” ang Wikang Pambansa.** Kaugnay nitó ang pagtingin sa paglikha ng salita o neolohismo kapag nagsalin bílang isang gawaing “purista.” Sa mga abogado ng “modernisado,” ang gayong paglikha ng salita ay hindi lámang “purista” at konserbatibo, kundi isang gawaing di-praktikal at napakabagal kung ikokompara sa taktikang reispeling. Higit na mabilis at lansakang maipapasok ang mga hiram na salita ng agham at teknolohiya sa pamamagitan ng reispeling. Samakatwid, para sa kanila, ang dagdag na walong titik—kasáma na ang **F** at **V**—ay bahagi ng estratehiya para maging “modernisado” ang “Filipino” at maging “episyenteng” pansulat ang bagong alpabetong may 28 titik para sa panghihiram ng mga dayuhang salita ng agham at teknolohiya.

Dahil sa naganap na gulo sa implementasyon ng “modernisadong” alpabetong “Filipino” ay magandang balikan ng sipat at titig ang ideolohiya ng naturang repormang pangwika.

Sa isang bandá, walang masamá sa motibo ng “modernisadong” alpabetong “Filipino.” [Ako mismo ay kumatig sa politika nitó, lalo na dahil nais kong pakinabangan ng Wikang Pambansa ang mga tunog na kinakatawan ng **F** at **V**, at maging ng **J**, **Q**, **X**, **Z**. Ngunit noon pang dekada 60, isa ako sa ayaw ng **C** at **Ñ**.] Kailangang dagdagan ang mga titik upang maging tunay na “episyente” ang Wikang Pambansa. Upang maibukás ang Wikang Pambansa sa mga dalumat na siyentipiko’t teknikal, lalo na dahil lumilitaw na ang abakada ay higit na naging wika ng panitikan at dalubhasaang pang-agham panlipunan.

and technology of the modern era. **In the decade of the 60s, already fast behind the criticism of “purism” for the Pilipino of SWP was the intense desire for a “modernized” National Language.** Connected to this was the issue that word coinage or neologism when translating was regarded as “purist” work. For the lawyers of the “modernized,” such word coinage was not only “purist” and conservative, but an impractical and tedious chore compared to the tactic of respelling. Through respelling, the process was much faster and the foreign words of science and technology could be imported wholesale. Thus in their view, the additional eight letters—including **F** and **V**—was part of the strategy to “modernize” “Filipino” and make the new alpabeto of 28 letters an “efficient” writing tool for borrowing the foreign words of science and technology.

In view of the current confusion in the implementation of the “modernized” alpabetong “Filipino,” it is beneficial to return to with perspective and scrutiny of the ideology of the said language reform.

On one hand, there is nothing wrong with the motive for “modernizing” the “Filipino” alpabeto. [I was myself aligned with it is politics, not least because I wanted the National Language to take advantage of the sounds represented by **F** and **V**, and even of **J, Q, X, Z**. But even in the 60s decade, I was one of those opposed to **C** and **Ñ**.] The letters had to be augmented for the National Language to be truly “efficient.” For the National Language to be opened to the scientific and technical concepts, especially since it had turned out that the abakada became more of the language of literature and social science scholarship.

Subalit sa kabilâng bandá, **ang mga mapagbagong alagad ng wika ay binúlag ng “modernisado” hinggil sa mga pangunahing pangangailangan ng Wikang Pambansa upang maging “pambansa.”** Higit na napatuon ang “modernisado” sa gawaing baguhin ang Wikang Pambansa upang maipantay sa wikang makabago’t pandaigdig. Ngunit sa paraang nalimot na kailangan muna itong maging Wikang Pambansa o wikang kinikilála at minamahalaga sa buong bansa.

Isang makabuluhang instrumento tungo sa nabanggit na adhikain ang ortograpiya. Maaaring tutulan ng mga tulad ng DILA ang paglaganap ng isang Wikang Pambansa. Maaaring mangampanya ang isang bayan o lalawigan na higit na gamitin ang kanilang sariling wika kaysa Wikang Pambansa. Ang totoo, kahit ngayong itinuturing na *lingua franca* ang “Filipino” mulang Batanes hanggang Tawi-Tawi, itinuturing pa rin itong ikalawang wika sa maraming tahanan na may mga pamilyang gumagamit ng kanilang nagisnan at unang wika sa araw-araw na pamumuhay. **Ngunit napakahalagang ginagamit sa lahat ng katutubong wika ng Filipinas ang ortograpiya ng Wikang Pambansa. Para sa mga di-Tagalog, ito ang unang pormal na patunay na bahagi ang kanilang wika ng Wikang Pambansa. Ito rin ang isang makabuluhang kasangkapan upang mabilis niláng “maitulay” ang kanilang sariling wika tungo sa pag-aaral ng Wikang Pambansa.**

Isang katotohanan na hindi tinupad ng SWP ang tungkuling nabanggit. Kayâ hindi naipahiwatig man lámang sa mga gumagamit ng mga wikang rehiyonal ang mga tinalakay ko at taglay na katangiang di-Tagalog ng abakadang



But on the other hand, **the reformist language advocates were blinded by “modernization” in pursuing the primary goal of making the National Language truly “national.”** The “modernizers” had overly shifted focus on the task of reforming the National Language to put it on a level with the modern and international language. But in manner that forgot that it first needed to become a National Language or the language recognized and valued in the entire nation.

Orthography is a relevant instrument in pursuit of the aforementioned goal. DILA and their ilk can oppose the spread of a National Language. A town or province can campaign for the use of their own native language over that of the National Language. In truth, even now that “Filipino” is considered the *lingua franca* from Batanes to Tawi-Tawi, it continues to be regarded as the second language in many homes where families use their own language of birth as first language in their everyday lives. **But it is very important that all native languages of Filipinas utilize the orthography of the National Language. For the non-Tagalog, this is the first formal proof that their language is part of the National Language. It is also a meaningful device so they can speedily “bridge” their own language towards the learning of the National Language.**

It is a fact that the SWP did not perform the aforementioned function. That’s why what I discussed plus the non-Tagalog qualities of the Pilipino abakada was never even hinted to the users of regional languages. It is even slightly

Pilipino. Nakatutuwa nga na may wikang rehiyonal na higit na ipinagmamalaki ang nagsinan nitóng ortograpiyang Español at itinuturing itong katutubo kaysa ortograpiyang Pilipino. Higit na makikita ang pagpapabaya ng SWP sa kaso ng mga wikang katutubo na kamakailan lámang nagkaroon ng nakasulat na panitikan. Dahil naging litereyt sa patnubay ng mga dayuhang gaya ng SIL, higit na nakaangkop sa wikang Ingles ang kanilang paraan ng pagsulat bukod sa higit siláng inihihilig ng mga dayuhang titser para gumamit ng Ingles.

Ang maituturing na makitid na pagkaunawa ng SWP at maging ng mga Linggwistasero sa kailangang oryentasyon ng pangangalaga sa Wikang Pambansa ay higit na tatanghal sa panahong pagkatapos iproklama ang “Filipino” bílang bagong pangalan ng bubuuing Wikang Pambansa sa 1973 Konstitusyon. Ipinanlumo ito ng mga lider sa SWP na nagtanggol sa Pilipino. Ipinagbunyi naman ito ng mga pangkatin, kasáma ang mga Linggwistasero, na nagtutulak sa “Filipino” bílang isang Wikang Pambansa na di-Tagalog at fusyon ng mga wikang ginagamit sa Filipinas. At nangyari nga, itinadhana ng 1987 Konstitusyon na “Filipino” ang Wikang Pambansa at sinundan ito ng pagbuo sa isang binagong alpabeto na may 28 titik. Muli, nalimot ng mga lider ng SWP (nareorganisa at ginawang Linangan ng mga Wika ng Pilipinas o LWP ang pangalan) at ng mga nangungunang Linggwistasero ang isinaad kong kailangang oryentasyon sa pangangalaga ng Wikang Pambansa. Tulad ng ipinaliwanag ko na, natuon ang isinagawang reporma tungo sa “modernisasyon” at nangahulugan ito ng

amusing that there are regional languages that take pride in the Spanish orthography they were born to which they consider as more native than the Pilipino ortograpiya. The SWP's negligence becomes more apparent in the case of native languages that only recently produced their own written literature. Because they became literate under the foreign guidance such as that of SIL, their manner of writing became more suitable to the English language, apart from the fact they were more induced to use English by their foreign teachers.

What can be considered as SWP's narrow understanding and even the Linguisticists' notion of the necessary orientation in looking after the National Language became more pronounced at the time of the proclamation of "Filipino" as the new term of the National Language as proposed in the 1973 Constitution. This devastated the leaders at SWP who defended Pilipino. It was a cause for celebration for groups, including the Linguisticists, who pushed for "Filipino" as a National Language that is not Tagalog and was a fusion of the languages used in Filipinas. And true enough, it happened. The 1987 Constitution decreed that the National Language was "Filipino" and it was followed by the creation of a reformed 28-letter alpabeto. Once more, the leaders of SWP (which had been reorganized and turned into the Linangan ng mga Wika ng Pilipinas or LWP, or Institute of the Languages of the Philippines) and the leading Linguisticists had forgotten what I have pointed out as the necessary orientation in the care and development of the National Language. As I have explained, the reforms undertaken focused too much on "modernization" and it

kaukulang pagbabago para maisulong ang “Filipino” sa hanay ng mga wikang makabago’t pandaigdig.

### **Ano ang nangyari sa mga mungkahing fusyong ng mga wikang ginagamit sa Filipinas?**

Sa maikling sagot, naglahò. Maaaring dahil hindi naman seryoso ang mga Linggwistasero noong dekada 60 na nagtataguyod ng fusyong pangwika. “Nanggugulo lang,” wika nga ni P.B.P. Pineda na siyang inulan ng salakay at “politika” sa ilalim ng isyung “purismo” nang mamatay si J.V. Panganiban at umupô siyang direktor ng SWP at LWP. Maaari namang natanto ng mga fusionista na mahirap itong isagawa batay sa naging tadhana ng eksperimentong “Filipino” ni Geruncio Lacuesta. Tíla walang naging disipulo si G. Lacuesta at kasáma niyang nalibing ang kaniyang haluhalong wika batay sa tinatawag niyang “*Manila lingua franca*.”

Ngunit kung tititigan ngayon, hindi naman ang fusyong mahalaga. Ang higit na mahalagang limiin ay ang lunggating pangwika sa likod ng naturang panukala. **Ang fusyong pangwika ay isa lámang manipestasyon ng malalim na lunggating mailahok ang mga wikang katutubo sa pagbuo ng Wikang Pambansa.** Gayunman, hindi ito ang ipinalagay ng mga nagtutunggaling panig. Tulad ng naipaliwanag ko na, hindi pumasok sa isip ng SWP at tagapagtanggol ng Pilipino na isang lehitimong lunggati ang paglahok ng mga wikang katutubo sa Wikang Pambansa. Para naman sa mga Linggwistasero

meant corresponding changes towards aligning “Filipino” with the world’s modern and international languages.

### **What happened to the proposed fusion of the languages used in Filipinas?**

The answer in short is, it vanished. It could be that the Linguisticists of the 1960s pushing for the language fusion were never serious in the first place. “They were just making trouble,” said P.B.P. Pineda who was inundated with attacks and “politics” under the issue of “purism” when J.V. Panganiban died and he took over as director of SWP and LWP. It could also be that the fusionists realized it was difficult work on the basis of the experimental “Filipino” ordained by Geruncio Lacuesta. G. Lacuesta seemed to have attracted no disciples and the haluhalo or mishmash of languages he proposed based on what he called the “*Manila lingua franca*” died and was buried with him.

But if we look closely now, it is not fusion that matters. What is more important to contemplate is the language aspiration behind the proposition. **Language fusion is only a manifestation of the deeper impulse to involve the native languages in the formation of the National Language.** Notwithstanding, this is not put into consideration by the opposing sides. As I have explained, it never entered the mind of SWP and the defenders of Pilipino that the entry of native languages into the National Language is a legitimate aspiration. For the Linguisticists and initiators of language fusion—be it the “*Manila lingua franca*” of G. Lacuesta, or

at pasimuno ng fusyong pangwika—ang “*Manila lingua franca*” man ni G. Lacuesta, o ang “*universal approach*” ni Dr. Ernesto Constantino, o ang “*linguistic convergence*” ni Dean Leopoldo Yabes—ang fusyong pangwika ang tanging paraan para matupad ang salungat na lunggating pangwika laban sa Wikang Pambansa na batay lámang sa Tagalog. Ngunit uulitin ko sa ibang pangungusap ang sinabi ko. Hindi fusyong pangwika lámang ang tanging paraan para matupad ang lunggating mailahok ang mga wikang katutubo sa nagaganap na pagpapayaman at pagpapalaganap ng Wikang Pambansa. May ibang paraan, o maaari pa nga na, maraming ibang paraan. Ito ang diwa ng ipinahayag na pagbuo sa “Filipino” sa Artikulo XIV, Seksiyon 6 ng 1987 Konstitusyon:

The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages.

Walang sinabi ang konstitusyon hinggil sa fusyong pangwika. Ngunit iniatas ng seksiyong sinipi na kailangang payamanin ang “Filipino” “batay sa mga umiiral na wika ng Filipinas at ibang wika.” Nakapahiwatig sa binanggit kong parirala ang isang napakahalagang bagay. Ano iyon? Na sa proseso ng pagpapayaman sa “Filipino” ay dapat unahin ang pagpapayaman sa pamamagitan ng “*existing Philippine (languages)*” kaysa “*other (foreign) languages.*” Ito ang sagot ng 1987 Konstitusyon sa lunggating pangwika para sa paglalahok ng mga katutubong wika sa Wikang Pambansa.

the “universal approach” of Dr. Ernesto Constantino, or the “linguistic convergence” of Dean Leopoldo Yabes—language fusion was the only method possible in realizing the contradictory language aspiration and a National Language based only on Tagalog. But I will repeat what I have said in another sentence. Language fusion is not the only way to realize the intention of involving the native languages in the ongoing enrichment and propagation of the National Language. There is another way, or even more possible, there are lots of other ways. This is the principle of the declared formation of “Filipino” in Section 6, Article XIV of the 1987 Constitution:

The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages.

The constitution does not say anything about language fusion. But the section cited orders that “Filipino” should be enriched “on the basis of existing Philippine and other languages.” The phrase hints at a very important thing. What is that? That in the process of enriching “Filipino,” enrichment through the “*existing Philippine (languages)*” takes precedence over “*other (foreign) languages.*” This is the answer of the 1987 Constitution to the language aspiration to enable the native languages to enter the National Language.

**Kung isasalin bílang patakaran ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ngayon, nangangahulugan ito ng lagi at nauunang pagsasaalang-alang sa mga wikang katutubo ng Filipinas bílang sangkap sa pag-unlad ng Wikang Pambansa. Una kaysa iba't banyagang wika na ginagamit din sa Filipinas.** Ang malungkot, hindi ito napansin man lámang ng KWF at kahit ng mga Linggwistasero. Ito ang nais ibunyag ng talakay ko sa naging ideolohiya ng binagong alpabetong “Filipino.” Dahil higit na napapatnubayan ng “modernisasyon,” higit na nais ng mga arkitekto ng binagong alpabeto na ihanay ang “Filipino” sa mga wikang makabago’t pandaigdig. Nasikil muli ang lunggating pangwika noon pang 1935 at ang itinadhana ng 1987 Konstitusyon hinggil sa maksimum at aktibong paglalahok ng mga wikang katutubo sa pagpapayaman ng wikang “Filipino.”

## **ORTOGRAPIYANG PAMBANSA BILANG SAGISAG**

Ang binagong alpabetong “Filipino” sana ang unang sagisag ng pagkilos para tupdin ang tadhana ng 1987 Konstitusyon hinggil sa pagpapayaman ng “Filipino” batay sa “*existing Philippine (languages).*” Naipahayag ito ng ilang kalahok sa *Simposyum sa Repormang Ortograpiko* noong 8 Disyembre 1983 na itinawag ng SWP. Kung magdadagdag ng titik, wika ng ilan doon, kailangang unahin ang mga titik na wala sa abakada at kailangan upang kumatawan sa mga tunog na matatagpuan sa mga katutubong wika. Ngunit hindi ito gaanong dininig. Higit na nanaig ang layunin tungo sa



**If translated into policy by the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) now, it means at all times the primacy of the native languages of the Philippines as ingredients to the development of the National Language.** First before the other foreign languages also used in Filipinas. What is regrettable is that this was never noticed by the KWF and even by the Linguisticists. This is what I want to reveal in my discussion of the ensuing ideology of the reformed “Filipino” alpabeto. Because its was more under the guidance of “modernization,” the architects of the reformed alpabeto preferred “Filipino” to be aligned more with the modern and international languages. The language aspiration had been suppressed since 1935 and as well as what has been decreed under the 1987 Constitution regarding the maximum and active involvement of the native languages in the enrichment of the “Filipino” language.

## **THE ORTOGRAPIYANG PAMBANSA AS SYMBOL**

The reformed “Filipino” alpabeto should have been the first symbol of the effort and movement towards realizing the provision of the 1987 Constitution on the enrichment of “Filipino” based on the “existing Philippine (languages).” Some participants to the *Simposyum sa Repormang Ortograpiko* of 8 December 1983 called by SWP expressed as much. If we must add letters, some said during the conference, we must prefer those not in the abakada and needed in order to represent sounds occurring in the native languages. But this was not heeded much. The “modernization” objective for

“modernisasyon” ng Wikang Pambansa, gaya ng mapapansin sa paunang salita ni Direktor P.B.P. Pineda sa inilathalang *Simposyum sa Repormang Ortograpiko* (1985) na:

Para sa amin sa Surian ng Wikang Pambansa, ang Repormang Ortograpiko ay isang positibong hakbanging nakatuon sa modernisasyon at/o intelekt[*u*]walisasyon ng Wikang Pilipino. Gayundin, itinuturing naming ito’y *input* sa *cultivation processes* tungo sa pormal na adopsiyon ng wika na tataguriang Filipino ayon sa Saligang Batas ng Republika.

Kung sa bagay, mahahalata sa siniping pahayag mula sa punò ng SWP ang oryentasyon ng SWP hanggang 1985. Nag-iisip pa ang SWP para sa “modernisasyon at/o intelekt(*u*)walisasyon” ng wikang Pilipino at naghihintay pa “tungo sa pormal na adopsiyon” ng wikang “Filipino.” Malaki ang aking hinala na taglay pa ni Direktor P.B.P. Pineda ang oryentasyong ito hanggang matapos ipahayag sa 1987 Konstitusyon ang “Filipino” bílang Wikang Pambansa at hanggang mareorganisa ang SWP na LWP, at maitatag ang Komisyon sa Wikang Filipino sa ilalim pa rin ng kaniyang pamumunò. Noong 6 Agosto 1987, sa bisà ng isang utos ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports (DECS) ay lumabas ang *Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* mula sa LWP. Nilalaman nitó ang binagong alpabetong may 28 titik na napagkasunduan sa simposyum noong 8 Disyembre 1983. Gayunman, bukod doon, ang mga esensiyal na patnubay sa ispeling ay halos pag-uulit lámang ng *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang Filipino* na ipinalaganap ng Kagawaran ng Edukasyon

the National Language prevailed, as may be gleaned from the introduction of Director P.B.P. Pineda in the published *Symposium sa Repormang Ortograpiko* (1985), which said:

For us in the Surian ng Wikang Pambansa, the Orthographic Reform is a positive step toward and focused on modernization and/or intellectualization of Wikang Pilipino. Likewise, we consider this as input to the cultivation process towards the formal adoption of the language called Filipino according to the Constitution of the Republic.

For that matter, SWP's orientation until 1985 can be discerned from the quoted statement of the head of SWP. SWP was still contemplating the "modernization and/or intellectualization" of the Pilipino language and it was still awaiting [the move] "towards the formal adoption" of the language called "Filipino." I strongly suspect that Director P.B.P. Pineda still carried this orientation until after the 1987 Constitution declared "Filipino" as the National Language and until the SWP was reorganized into LWP, and the establishment of the Komisyon sa Wikang Filipino still under his leadership. On 6 August 1987, by virtue of an order from the Department of Education, Culture and Sports (DECS), the *Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* was published by LWP. It carried the reformed alphabet with 28 letters which was agreed upon in the symposium of 8 December 1983. Still, apart from that, the essential guidelines on spelling were mainly a repetition of *Mga Tuntunin ng Ortograpiyang*

at Kultura (DEC) noong 30 Hulyo 1976. May banggit man sa “wikang katutubo” ay walang malinaw na patakarang inilalatag ang dalawang naturang opisyal na patnubay sa repormang ortograpiko upang totohanang isagawa ang paglalahok ng mga wikang katutubo sa Wikang Pambansa.

Ang 1987 patnubay, lalo na, ang napakagandang pagkakataón upang ipahiwatig man lámang ang paglalahok sa mga wikang katutubo bílang bagong mithi para sa wikang “Filipino.” Binuwag ang LWP at itinatag ang KWF noong 1991. Ngunit nagpatuloy ang naturang (mis)oryentasyon sa 2001, 2009, at 2011 mga patnubay sa ortograpiya ng KWF.

**Sa kabilâng dako, ang pagtalakay sa nabanggit na bagong mithi, sa gayon, ang malaking kaibhan ng *Ortograpiyang Pambansa* na inilathala ng KWF nitóng 2013. Sa unang pagkakataón ay idiniin sa patnubay sa ortograpiya ang panukalang mithi ng KWF na unahing isaalang-alang ang ambag ng mga wikang katutubo sa pagpapayaman at paglinang sa Wikang Pambansa.** Sa isinagawang paglilinaw sa bagong alpabeto ay tiniyak ng KWF ang lunggati nitóng ituring na “wikang pambansa” ang “Filipino”—ang ibig sabihin, higit kaysa “modernisasyon” ay kailangang unahin ang “nasyonalisasyon” ng “Filipino.”

Ang bagong alpabetong may 28 titik ang una’t pangunahing sagisag ng pambansa at makabansang misyon ng KWF. Kayâ sa 2013 *Ortograpiyang Pambansa*, unang nilinaw ang tungkulin ng mga dagdag na titik upang pagaanin

*Filipino* published by the Department of Education and Culture (DEC) on 30 July 1976. If there was any mention of “native languages,” the two official manuals on the reformed orthography did not lay down any clear policies in order to truly enable the native languages to enter into the National Language.

The 1987 manual, more so, was most opportune for indicating at the very least the entry of the native languages as a new objective for the “Filipino” language. The LWP was abolished and the KWF was established in 1991. But the said (mis)orientation continued into the 2001, 2009, and 2011 manuals of orthography from the KWF.

**On the other hand, the discourse on the said new objective, therefore, is the huge difference in the *Ortograpiyang Pambansa* published by KWF in 2013. For the first time, the manual emphasized the proposed objective of KWF to prioritize the entries and contributions from the native languages in the enrichment and development of the National Language.** In the ongoing clarification of the new alpabeto, KWF made sure to regard “Filipino” as the “national language”—meaning, more than “modernization” it must prioritize, pursue in advance, the “nationalization” of “Filipino.”

The alpabeto with 28 letters is the first and primary symbol of the national and nationalist mission of KWF. That’s why in the 2013 *Ortograpiyang Pambansa*, first explained was the function of the additional letters to ease the entry of

ang paglahok ng mga wikang katutubo sa pagpapayaman ng “Filipino.” Sa ganito lumilitaw ang higit na kabuluhan ng mga titik **F, J, V**, at **Z** dahil mga titik itong kumakatawan sa mga tunog na matatagpuan sa maraming wikang katutubo at wala sa Tagalog at kahit na sa Sebwano, Ilonggo, o Ilokano. Samantala, tulad ng **C, Q, Ñ**, at **X** ay magagamit din ang apat para sa “modernisasyon” o panghihiram ng mga teknikal at siyentipikong salita mulang mga wikang pandaigdig. Gamit lámang ang unang apat ay maluwag na papasok sa bokabularyong “Filipino” ang “**alifuffug**” (ipuipo) ng Itawes, “**falendag**” (uri ng plawta) ng Teduray, “**jambangan**” (halaman) ng Tausug, “**masjid**” (sambahan) ng Mëranaw, “**vakul**” (uri ng pútong) ng Ivatan, at “**zigattu**” (silangan) ng Ibanag.

Isang bagong entri din sa ortograpiyang “Filipino” ang pagkilála sa tunog na *schwa* at kinakatawan ng **tuldik na patuldok** [kahawig ng *umlaut*] sa ibabaw ng titik E (ë). Tinatawag ding “pepet,” ang *schwa* ay matatagpuan sa mga wika ng Cordillera, sa Pangasinan, sa Kinaray-a, Kuyonon, Mëranaw, at marami pang wikang katutubo. Dahil hindi binibigyan ng wastong pagkilála, matagal nang isinusulat ang tunog na ito bílang isang ordinaryong patinig. Sa gayon, hindi ito nakikilála maging ng mga gumagamit ng wikang may ganitong tunog. Hindi naman ito napag-ukulan ng pansin noon dahil mga tunog sa wikang Tagalog o Sebwano o Ilokano ang higit na pinag-aaralan at ipinatuturo ng SWP, LWP, at KWF.

Sa pamamagitan lámang ng dalawang naturang aytem sa 2013 *Ortograpiyang Pambansa* ay naibukás ng KWF ang pinto tungo sa nasyonalisasyon ng “Filipino” at laban

the native languages into the enrichment of “Filipino.” Here manifests the extreme importance of the letters **F, J, V,** and **Z** because these are letters that represent sounds occurring in many native languages and are not to be found in Tagalog or even in Sebwano, Ilonggo, or Ilokano. Meanwhile, like **C, Q, Ñ,** and **X,** the four can also be used in “modernization” or borrowing technical and scientific terms from international languages. Just using the first four, such words as “**alifuffug**” (whirlwind) in Itawes, “**falendag**” (a kind of flute) of the Teduray, “**jambangan**” (a plant) from the Tausug, “**masjid**” (place of worship) in Mëranaw, “**vakul**” (a headdress) in Ivatan, and “**zigattu**” (east) of the Ibanag can easily enter the “Filipino” vocabulary.

A new entry in the “Filipino” ortograpiya is the recognition of the *schwa* sound which is represented by **tuldik na patuldok** [similar to the *umlaut*] over the letter E (ë). Also called “pepet,” the *schwa* can be found in the languages of the Cordillera, in Pangasinan, in Kinaray-a, Kuyunon, Mëranaw, and many other native languages. Because it has never given the proper recognition, the sound has been written like any ordinary vowel. Thus, it will not be recognized even by speakers of the language which has this sound. Little attention was devoted to this as well because only the sounds of Tagalog or Sebwano or Ilokano had been studied and caused to be taught by the SWP, LWP, and KWF.

Simply by means of these two items in the 2013 *Ortograpiyang Pambansa*, the KWF has been able to open the door to the nationalization of “Filipino” and moved

sa tuligsa ng “purismo” at pananatiling Tagalog nitó. Hindi naman nangangahulugang dapat munang kalimutan ang modernisasyon at intelektuwalisasyon ng Wikang Pambansa. Sa aking tingin, hindi ito isang usapin ng pagpili sa isa laban sa ikalawa. **Sapagkat kapuwa mahalaga, maaari namang magkaagapay ang pagsasakatuparan sa nasyonalisasyon at sa modernisasyon.** Ang hindi maganda ay ang naganap na halos pakonsuwelong pagtingin sa mga katutubong wika at lubusang konsentrasyon sa modernisasyon. May sipat din ako na dahil sa hindi maayos na pagkilos upang maging “pambansa” ang Wikang Pambansa ay nahahadlangan ang mga naging pagsisikap para sa modernisasyong pangwika. Dito dapat idiin ang halaga ng wastong pagpaplanong wika. Limitado man ang badyet ng gobyerno at karampot ang mga táong dibdibang naglilingkod para sa Wikang Pambansa, kailangan ang maingat at malawakang pagpaplano upang kapuwa matugunan ang dalawang naturang pangangailangan.

Noon pang 1936 at pinagtatalunan ang dapat maging wikang pambansa ay nagsagawa ng pag-aaral si Trinidad A. Rojo, isang Ilokano at nása United States noon, hinggil sa halaga ng isang wikang katutubo bílang Wikang Pambansa. Kinatulong niya ang ilang ekspertong American sa lingguwistika at naglathala ng kaniyang pagsusuri sa problemang pangwika ng Filipinas noong 1937. Sa kaniyang ulat, kinampihan niya ang Tagalog bílang batayan at nagbigay din siya ng mga mungkahi kung paano ito palalaganapin. Sinalungat niya ang teoryang fusyon na isinusulong na noon ni Trinidad Pardo de Tavera. Inaasahan din niya ang matinding pagsalungat ng mga di-Tagalog at iminungkahi



against the criticism of “purism” and how it remains to be Tagalog. It never means, of course, that the modernization and intellectualization of the National Language should be forgotten or set aside. In my view, it is not a choice of either/or. **Because both are important, it is possible to implement in parallel both nationalization and modernization.** What was deplorable was the cavalier attitude towards the native languages and the full concentration on modernization. I also have this insight that because the nationalization process for the National Language was undertaken willy-nilly, even the task of language modernization encountered difficulties. Here proper language planning must be emphasized. No matter the limited government budgets and the paucity of personnel who would take working for the National Language to heart, planning that is both methodical and broad is imperative in order to respond to both necessities.

Back in 1936 when the national language was being debated, Trinidad A. Rojo, an Ilocano who was living in the United States, made a study on the importance of a native language as the National Language. He enrolled the help of a few American linguistics experts and published his examination of the Philippine language problem in 1937. In his report, he supported Tagalog as the proper basis and presented suggestions for its propagation. He opposed the fusion theory then being pushed by Trinidad Pardo de Tavera. He also anticipated the intense opposition from non-Tagalogs and put up as models the national

niyang modelo ang mga wikang pambansa ng Poland at Norway na kahit may isang batayang wika ay tumanggap ng mga singkahulugan, baryasyon, at iba pang konsepto mula sa ibang kapatid na mga wika. Paglilinaw pa niya:

Even if we adopt Tagalog alone, it will not remain as it is, for language is dynamic, and is in a constant flux. In the process of growth and diffusion, Tagalog will incorporate words from other dialects, and as it becomes more and more the language of the nation, it will become less and less the dialect of Manila, dropping elements that are peculiarly local, and standardizing itself to meet national need and to express national life and culture. The resultant language will have, of course, Tagalog as its core, with no small amount of admixture from the other dialects, considerably enriched with Spanish and English terms for its intellectual equipment and adornment.

Ang mungkahing pormula ni T.A. Rojo hinggil sa kailangang ebolusyon ng Wikang Pambansa ang tinutukoy kong magkaagapay na nasyonalisasyon at modernisasyon ng Filipino. Wika nga niya, hábang umuunlad ang Tagalog bílang wika ng bansa ay nababawasan ang katangian nitó bílang wika ng Maynila. Ang paghuhunos ng Tagalog bílang wika ng bansa ay kombinasyon, wika niya, ng mga humalòng mga wikang katutubo at ng mga hiram na Español at Ingles bílang “kasangkapang intelektuwal.” Ikompara ninyo ang panukala ni T.A. Rojo noong 1937 sa sinipi ko rin sa unahan na pahayag ni P.B.P. Pineda noong 1985 hinggil sa layunin ng repormang ortograpiko ng SWP at lilinaw kung paanong nawawala sa bisyon ng SWP ang hinggil sa paglalahok ng mga wikang

languages of Poland and Norway which even if they had a single language basis were welcoming synonyms, variations, and other concepts from their sister languages. Explaining further, he said:

Even if we adopt Tagalog alone, it will not remain as it is, for language is dynamic, and is in a constant flux. In the process of growth and diffusion, Tagalog will incorporate words from other dialects, and as it becomes more and more the language of the nation, it will become less and less the dialect of Manila, dropping elements that are peculiarly local, and standardizing itself to meet national need and to express national life and culture. The resultant language will have, of course, Tagalog as its core, with no small amount of admixture from the other dialects, considerably enriched with Spanish and English terms for its intellectual equipment and adornment.

I refer to T.A. Rojo's suggested formula in the evolution of the National Language as the parallel and simultaneous tasks of nationalization and modernization of Filipino. He said further, as Tagalog develops as the language of the nation, its qualities as the language of Manila are reduced. The transformation of Tagalog as the national language comes from a combination, he said, of the entering and merging elements from the native languages and the borrowings from Spanish and English as "intellectual tools." Compare T.A. Rojo's proposition from 1937 with the quote from P.B.P. Pineda from 1985 above regarding the objectives of the orthographic reform undertaken by SWP and it will become clear how SWP strays from the vision of

katutubo at ang nasyonalisasyon bílang isang malaki't makabuluhang sanga ng tungkulin sa pagpapayaman at pagpapalaganap ng Wikang Pambansa.

## **PAGAPLANONG WIKA AT SALIKSIK**

Hindi isang biro-birong gawain ang panukalang ebolusyon ni T.A. Rojo para sa Wikang Pambansa. Unang-una, kailangan ang isang **sistemiko** at **sistematikong** pagpaplanong wika.

**Sistemiko** sapagkat kailangang suriin ang buong sistemang umiral o pinairal pagkatapos ipahayag ang Tagalog bílang batayan ng Wikang Pambansa. Tila itong isang pagsusuri-sa-sarili upang maitanghal ang mga naabot at mga kahinaan ng mga ahensiyang nagpatupad sa **tadhanang pangwika ng konstitusyon**. Paano ba inorganisa ang SWP bukod sa naging paghirang sa mga miyembro ng kalupunan nitó? Ano nga ba ang bisyong pangwika ng SWP at paano ito itinaguyod? Ano ba ang naging estrukturang pang-organisasyon ng SWP at paano ipinuwesto ang mga sangay nitó para sa inaadhikang gawain ng SWP? Bukod sa pangalan, ano ang naging kaibhan ng operasyon ng LWP sa SWP, gayundin ng KWF? Ano ang mga makabuluhang aktibidad na dapat ipagpatuloy? Ano ang mga programang dapat nang ihinto?

**Samantala, sistematiko upang makabuo ng isang pangkalahatan at pangmatagalang estratehiya ng pagkilos**

the incorporation of entries from the native languages and nationalization as a hugely important branch of the function of enriching and propagation of the National Language.

## LANGUAGE PLANNING AND RESEARCH

T.A. Rojo's proposed evolution of the National Language is not a fool's project. First and foremost, it would need a **systemic** and a **systematic** language planning.

**Systemic because it requires examining the whole system that prevailed or was made to prevail after the declaration of Tagalog as the basis for the National Language. It would be a kind of self-examination in order to surface the accomplishments and weaknesses of the agencies implementing the language provision of the constitution.** How was the SWP organized apart from the selection of the members of its board? What was the SWP's vision for language and how was it pursued? What was the organizational structure of the SWP and how was its divisions deployed in order to accomplish its declared tasks? Apart from the name, how did the operations of LWP differ from that of SWP, and likewise of KWF? What are the relevant activities that must be continued? What are the programs that must be discontinued?

**Meanwhile, systematic in order to determine a general and long-term strategy for action and to**

**at matupad ang tadhana ng 1987 Konstitusyon.** Paano ba kikilos ang KWF at ibang organisasyon at institusyon upang mapabilis ang pagpapalaganap at pagpapayaman sa “Filipino” sa kabila ng mabibigat na suliranin at limitasyon? Ano ba ang higit na angkop na programa para sa “Filipino”? Paano ba mapakikilos ang ibang ahensiya ng pamahalaan upang tumulong sa KWF? Paano ba matitipon ang mga samahang pangwika at ibang tagapagtaguyod upang nagkakaisang mangampanya para sa isang bisyong Wikang Pambansa? Paano makakamit ang pangarap na estado ng “Filipino” na wikang panturo sa lahat ng antas ng edukasyon at wikang opisyal sa lahat ng sangay ng pamahalaan?

Hindi ito isang bagong gawain. Matagal na itong sinasabi ng mga Linggwistasero at matagal nang itinuturo ang ideang ito sa mga unibersidad na gaya ng UP. Subalit kung bakit walang naging *medium-term plan* ang SWP, LWP, at KWF mula noong 1941 hanggang 2013. Ang pagpasok ng mga Linggwistasero sa kalupunan o bilang mga tagapayo ng SWP o LWP ay naglundo lamang sa pagreporma ng ortograpiya. [Isang gawain na ibinilin ni Ferdinand de Saussure—Ama ng Lingguwistika—na hindi dapat pakialaman ng lingguwistika sapagkat may iba’t ibang kasaysayan at lohika ang ortograpiya ng bawat wika na hindi maipapailalim sa isang pangkalahatang tuntuning pangwika.] Ni hindi nakapagbuo ng isang pakete ng kailangang saliksik ang mga Linggwistasero upang mapabilis ang kahit nais nilang “intelektuwalisasyon” ng Wikang Pambansa.

**implement the provision of the 1987 Constitution.** How should KWF and other organizations move to be able to hasten the enrichment and propagation of “Filipino” despite the daunting problems and limitations? What is the best program for “Filipino”? How can the other government agencies be made to help and support KWF? How to bring together language organizations and other advocates and supporters in order to campaign in unity for a singular vision of the National Language? How to fulfill the envisaged state of “Filipino” as the language of instruction in all levels of education and official language of government?

This is not a new task. This has been long spoken of by the Linguisticists and the idea has long been taught in universities like the UP. But how amazing that SWP, LWP, and KWF never produced a medium-term plan from 1941 to 2013. The entry of Linguisticists into the board or as advisers at SWP or LWP only led to orthographic reform. [A work that Ferdinand de Saussure—the Father of Linguistics—advised against, saying that linguistics should well enough leave alone because the orthography of different languages have different histories and logic which cannot be generalized under one linguistic rule or principle.] The Linguisticists produced not a single package for the needed research in order to hasten not even their own desired “intellectualization” of the National Language.

May suspetsa ako na biktima rin ang mga Linggwistasero ng kanilang alanganing pananalig. Sa isang bandá, lubhang interesado siláng makilahok sa repormang ortograpiko. Sa kabilâng bandá, pinipigil naman silá ng napag-aralang oryentasyon sa *descriptive linguistics* na iwasang maging preskriptibo. Wika nga ng mga lingguwistang American noong dekada 50, “*Leave your language alone.*” Ang ibig sabihin, huwag pakialaman ang ebolusyon ng wika. Pabayaang ang mga may-ari o tagapagsalita ang humubog sa kanilang sariling wika. Ang malaking problema nilá, ang repormang ortograpiko at kaugnay na gawain tungo sa estandardisasyon ay higit na normatibo. Ang totoo, kailangang preskriptibo ito, lalo na sa kaso ng mga bansang nagdedevelop ng isang wika mula sa kanilang mga sariling wika. Pinatutunayan din ng mga gawaing pangwika sa kasalukuyan na maaaring maipuno ang naturang gawain ngunit sa paraang maingat at mapamaraan, kinukusa ngunit hindi sapilitan.

**Ang pagpaplanong wika ay dapat nakasandig sa malinaw at organisadong saliksik at sinusubaybayan ang implementasyon ng isang pangmatagalan at mapanuring saliksik.** Ang ibig sabihin, bago magplano ay kailangang humugot ng kaalaman ang magpaplano mula sa lahat ng uri ng saliksik at talakayang naganap hinggil sa wika, kultura, at kung maaari, politika sa buong bansa. Dapat ibatay ang plano mula sa mga totoong impormasyon at pagsusuri, at hindi sa haka-haka lámang ng ilang Linggwistasero o politiko. Kailangan din ang mahusay na konsultasyon at malayang talakayan upang magmula



I suspect that the Linguisticists were themselves victims of their own belief. On one hand, they were keenly interested in involving themselves in the work of orthographic reform. On the other, they were being prevented by their educational orientation in descriptive linguistics to be prescriptive. As the American linguists of the the 1950s said, "*Leave your language alone.*" Meaning, don't interfere with the evolution of language. Their big problem was, orthographic reform and its attendant task of standardization was more normative. In truth, it needed to be prescriptive, specially in the case of countries developing a language from their native languages. The language tasks being undertaken right now prove that such work can be planned but in a manner that is careful and methodical, deliberate but not imposed.

**Language planning must be founded on clear and organized research and implementation must be guided by long-term and analytical research.** What it means: the planners before they plan must survey and extract knowledge from all the research and discourse that have been undertaken regarding language, culture, and if possible, the politics of the country. The plan must be based on real information and analysis, and not from mere conjecture by a handful of Linguisticists or politicians. Heedful consultations and freewheeling discussions are

ang anumang pasiya mula sa masinsinan at pangkatang pag-aaral. Pagkatapos mabuo ang plano, bawat hakbang sa pagsasakatuparan nitó ay dapat napapatnubayan ng wastong saliksik upang makapagsagawa agad ng pagbabago kung kailangan, at higit pang mapatatag ang mga proyekto tungo sa ipagtatagumpay ng bisyong pangwika.

Kung babalikan, ang Kapasiyahan Blg. 13-39 ng KWF ay hindi depinisyon lámang ng kung ano dapat ang “Filipino.” Ipinahihiwatig din dito ang kailangang development ng Wikang Pambansa alinsunod sa pagpangitain ng pamunuan ng KWF na nagsimula nitóng 2013. Basáhin nating muli ang resolusyon:

Ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Filipinas bílang wika ng komunikasyon, sa pabigkas at sa pasulat na paraan, ng mga pangkating katutubo sa buong kapuluan. Sapagkat isang wikang buháy, mabilis itong pinaunlad ng araw-araw at iba’t ibang uri ng paggamit sa iba’t ibang pook at sitwasyon at nililintang sa iba’t ibang antas ng saliksik at talakayang akademiko ngunit sa paraang maugnayin at mapagtampok sa mga lahok na nagtataglay ng mga malikhaing katangian at kailangang karunungan mula sa mga katutubong wika sa bansa.

Ang unang pangungusap ay isang pagpapatibay sa matagal nang iniulat na paglaganap ng Wikang Pambansa sa buong kapuluan. Nakabatay na ito sa saliksik. Halimbawa, sa survey noong 1989 na isinagawa ng Ateneo de Manila University at nagsasabing 92% ng mga impormant ay nakaiintindi ng Tagalog, 82% ang nakapagsasalita, 88%

likewise necessary so that decisions will come from close and diligent group work. On completing the plan, each step in its implementation must be guided by proper research in order to introduce modifications, if needed, and all the more to firm up and strengthen the projects towards the successful concretization of the language vision.

In retrospect, the KWF Resolution No. 13-39 is not just the definition of what “Filipino” should be. It also indicates the necessary development of the National Language according to vision of the KWF leadership beginning 2013. Let us read again the resolution:

Filipino is the native language being used all over the Philippines as the language of communication, orally as well as written, by native groups from all over the islands. Because it is a living language, it is rapidly being enriched through daily use and through other manners of usage in different places and situations and developed in different levels of research and academic discourse but in an integrative process that gives importance to entries bearing the creative qualities and necessary knowledge from the country’s native languages.

The first sentence is a reaffirmation of the long observed and reported spread of the National Language all over the archipelago. It is based on research. For example, in an 1989 survey conducted by the Ateneo de Manila University which stated that 92% of the informants understood Tagalog, 82% could speak the language, 88%

ang nakababása, at 81% ang nakasusulat. Kayâ noon pa'y idineklara na ng mga eksperto sa lingguwistika, gaya ni Dr. Andrew Gonzalez, na ang "Filipino" ay isa nang *lingua franca* sa buong Filipinas. May dalawang bahagi ang ikalawang pangungusap at siyang nagtataglay ng pangitain ng pamunuan ng KWF tungo sa pagpapayaman ng "Filipino." Ang unang bahagi ng ikalawang pangungusap ay pag-uulit ng isang palasak na haka hinggil sa isang wikang buháy na nagbabago sa araw-araw na paggamit ng taumbayan sa iba't ibang pook at sitwasyon. Ang ikalawang bahagi ng ikalawang pangungusap ang nagpapahayag ng mithing linangin ang "Filipino" sa pamamagitan ng mga saliksik at talakayang akademiko.

Para sa ating paksa ngayon, ang unang bahagi ng ikalawang pangungusap ang nauukol sa nasyonalisasyon ng "Filipino." Inaasahan ang mabilis na paglaganap ng "Filipino" sa iba't ibang pook at rehiyon at dahil dito'y payayamanin ang Wikang Pambansa ng mga wikang sarili ng iba't ibang pangkating gumagamit dito. Ang ikalawang bahagi ang nauukol sa modernisasyon. Sa pamamagitan ng aktibong paggamit sa "Filipino" bílang wika ng iba't ibang saliksik at talakayan sa iba't ibang larang ay uunlad ang "Filipino" bílang wika ng makabagong karunungan.

Ano sa gayon ang mga saliksik na kailangan sa pambansang pagpaplanong wika? Ano namang mga proyekto at aktibidad ang kailangang lamnin ng plano upang malubos ang pagyaman at paglaganap ng "Filipino"?

could read it, and 81% could write in it. That's why even then, linguistics experts like Dr. Andrew Gonzalez, had declared that "Filipino" had become the lingua franca in all of the Philippines. The second sentence has two parts and contains the vision of the KWF leadership towards the enrichment of "Filipino." The first part of the second sentence is a repetition of the common supposition regarding a living language that changes in the people's daily use in different places and situations. The second part of the second sentence expresses the desired development of "Filipino" through researches and academic discourse.

For our present topic, the first part of the second sentence concerns the nationalization of "Filipino." It expects the speedy dissemination of "Filipino" in many places and regions and because of this the National Language will be enriched by the different groupings using it. The second part is about modernization. By way of the active use of "Filipino" as the language of of the many researches and discourse in different fields, "Filipino" will develop and progress as the language of modern knowledge.

What then are the researches needed in the national planning for language? And what projects and activities will the plan need to contain and include in order to fulfill the enrichment and spread of "Filipino"?

Napakagandang gamiting patnubay ang Kapasiyahan Blg. 13-39 ng KWF para sagutin ang iniharap kong mga suliranin sa pagpaplanong wika. Halimbawa, kailangan pa ang mga survey at senso hinggil sa “Filipino” bílang *lingua franca*. Napakatagal na ng 1989 at hindi dapat matúlog sa pansitan ang mga alagad ng wika. Tumaas ba ang porsiyento ng mamamayang nakaiintindi ng “Filipino” mula noong 1989? Paano kung hindi at sa halip ay bumabà? Kailangan din ang kongkretong datos at istatistiks hinggil sa iba’t ibang aspekto ng naturang survey ng Ateneo. Alin ba sa mga rehiyong di-Tagalog ang may malaking porsiyento ng nagsasalita ng “Filipino”? Alin ang pinakamahinà? Paano ba natuto ng “Filipino” ang mga di-Tagalog? Sa paaralan ba o sa *mass media*? Gaano kalalim ang kanilang pagkatuto? Paano nilá ito ginagamit o pinakikinabangan? Ilan lámang ito sa mga isyu na dapat sagutin upang higit na maitatag ang pagiging *lingua franca* ng “Filipino” at upang makapagplano kung ano pa ang dapat gawing taguyod o likhaing kasangkapan tungo sa propagasyon ng Wikang Pambansa. Ang plano ay hindi rin kailangang siyento porsiyentong bago; maaaring mangahulugan lámang din ito ng pagpapahusay sa mga kasangkapan at proyektong matagal nang inumpisahan ng SWP.

Halimbawang dagdag na tanong, gaano ba kaepektibo ang pagtuturo ng “Filipino” sa paaralan?

Hindi ito pormal na nauusisa ng KWF at kahit ng mga kagawaran sa pagtuturo. May nabása akong report noong dekada 70 na nagkokompara sa mga materyales sa pagtuturo ng Ingles at ng Pilipino at pinansin ang kawalan ng pagbabago

The KWF Resolution No. 13-39 is a great guideline for resolving the problems I presented regarding language planning. For example, a survey and census is needed regarding “Filipino” as **lingua franca**. The year 1989 was long ago and the exponents of language must not be caught with their pants down. Has the percentage of citizens able to understand “Filipino” increased since 1989? What if it did not and has decreased instead? Concrete data and statistics on the different aspects of the Ateneo survey are also needed. Which of the non-Tagalog regions have a big percentage of speakers of “Filipino”? Which the least? How do non-Tagalogs learn “Filipino”? In school or through the mass media? How thorough is the learning? How do they use it or how do they benefit from it? These are just a few of the issues needed to be addressed in order to fully establish “Filipino” as *lingua franca* and to be able to plan for what further support or advocacy is needed or what tools to create for the propagation of the National Language. The plan need not be one hundred percent new; it could also mean improving the tools and projects already started by SWP.

An additional sample question: How effective is the teaching of “Filipino” in schools?

This has not been formally investigated by the KWF and even by the teaching departments. I read a report from the 1970s which compared the teaching materials for English and Pilipino and it noted the absence of change

sa pamamaraan ng pagtuturo sa Pilipino samantalang naging masigasig ang pagtuturo sa Ingles na umangkat ng mga bagong metodolohiya mulang United States. Malawakan noon ang pagsasanay sa pagtuturo ng Ingles bílang pangalawang wika (L2). Ngunit walang pumansin sa naturang report. Hindi rin naisip ng mga administrador ng pagtuturo ng Pilipino na kailangan din nilá ang estratehiyang L2. Kayâ hanggang ngayon, kung ano ang teksbuk sa mga lalawigang Tagalog ay siya ring teksbuk sa Kabisayaan, Hilagang Luzon, Kabikulan, at Mindanaw. Hinihingi ng matalinong pagtuturo na isaalang-alang nang mabuti ang kahandaan ng mga batà sa pagtanggap ng “Filipino.” Sa gayon, kailangang iba sa paraan ng pagtuturo sa Metro Manila ang pagtuturo ng “Filipino” sa Cordillera o sa Lungsod Naga. Napakahalaga sa gayon na pag-aralan ang pamamaraang L2 sa Ingles at kasangkapanin ito sa pagtuturo ng “Filipino” sa mga pook na di-Tagalog.

**Ang totoo, hindi umunlad ang pagtuturo ng wika sa loob ng nakaraang 40 taón.** Nagtagumpay ang mga Linggwistasero na patayin ang balarila ni Lope K. Santos. Ngunit hindi upang palawakin ang saklaw ng pagtuturo tungo sa layuning pambansa. Pinalitan lámang ang balarila ng mga leksiyon sa morpema, ponema, at katulad. Pinahirap pa nga. Ngunit walang lumabas na bagong aklat sa gramatika na naglalahok ng dagdag na malasakit sa mga wikang katutubo. Halimbawa, naging “supiks” ang tawag sa “panlapi” at may paliwanag na nangyayaring inuulit ang ikalawang pantig ng panghalip laban sa matigas na atas ng mambalarila na unang pantig ng salitang-ugat ang laging ulitin. Ngunit matagal nang naririnig kahit sa Metro Manila ang GI- , AG-



in the teaching methods for Pilipino while the teaching of English became more thorough as new methodologies were imported from the United States. Extensive training in the teaching of English as a second language (L2) was being undertaken then. No one bothered with the said report. Neither did it occur to the administrators for teaching Pilipino that they needed as much the strategy of L2. That's why up to now, whatever the textbook being used in Tagalog provinces is the same one for the Visayas, Northern Luzon, Bikol, and Mindanao. Intelligent teaching calls for special regard for the readiness of schoolchildren to accept "Filipino." Accordingly, the method for teaching "Filipino" in Metro Manila must be different from the teaching of "Filipino" in the Cordillera or in Naga City. It is therefore very important to study the L2 methodology for English and employ it in teaching "Filipino" in non-Tagalog localities.

**The truth is language teaching has not improved for the last 40 years.** The Linguisticists succeeded in killing the balarila of Lope K. Santos. But not in order to broaden instruction towards national objectives. Grammar or balarila was simply replaced by lessons in morphemes, phonemes, and the like. They even made it more difficult. But no one published any new grammar book that included entries of any consideration and sympathy for native languages. For example, the term for "panlapi" (affix) became "supiks" with an explanation that the second syllable of the panlapi happens to be repeated contrary to the strict rule by grammarians that it is the first syllable of the root word that must be repeated, always. But even in Metro Manila, the affixes GI- , AG-, and

at –ON sa mga migrante mulang ibang rehiyon at walang teksbuk sa gramatika na nagsabing mga lehitimong panlapi ito sa Filipinas at dapat ituro ang paggamit.

Sa ganoong paraan maipaliliwanag kung bakit ang mga napakanipis na bokabularyong Tagalog-Ingles, na pinalitan lámang ang pamagat sa Pilipino-Ingles o Filipino-Ingles, ang patuloy na ibinebenta sa National Book Store at siya ring binibili ng mga titser at estudyante. Nabalaho sa Tagalog o Pilipino ang pagtuturo ng Wikang Pambansa magmulang dekada 70 hanggang kasalukuyan.

## HINDI TAGALOG ANG FILIPINO

Magandang balikán sa puntong ito ang islogan ng DILA: *“Filipino is not the only language in the Philippines.”* Na sapagkat naniniwala ang mga miyembro nitó na ang “Filipino” ay Tagalog, ang ibig niláng talagang sabihin ay “Hindi Tagalog lámang ang wika sa Filipinas.” At kaugnay ng talakay natin ngayon, ang maaaring ibig niláng tukuyin ay “Hindi Tagalog lámang ang norm o pamantayang pangwika sa Filipinas.”

Kung ganito ang ibig sabihin ng DILA, biktima ito ng kawalang-malasakit sa Wikang Pambansa kayâ hindi nakikita ang malaking kaibhan [gaya ng ginawa kong talakay ngayon] ng “Filipino” sa pinagbatayan nitóng Tagalog. Sa pamamagitan lámang ng naging mga metamorposis ng ortograpiya mula sa baybáyng Tagalog tungo sa abakada

-ON can be heard from migrants from other regions and no grammar textbook has ever said that these are legitimate panlapi in the Philippines and their proper use must be taught.

In such a manner might be explained why those overly thin Tagalog-English vocabularies, whose mere titles have been replaced with Pilipino-English or Filipino-English continue to be sold at National Book Store and are bought by teachers and students. The teaching of the National Language has been mired in Tagalog or Pilipino and has not extracted itself therefrom since the 1970s to the present.

## **FILIPINO IS NOT TAGALOG**

It would be fine to return at this point to the DILA slogan: *“Filipino is not the only language in the Philippines.”* Which, because its members believe that “Filipino” is Tagalog, what they actually mean is “Tagalog is not the only language in the Philippines.” And in connection with the present discussion, what they might be pointing out is “Tagalog is not the only linguistic norm or standard in Filipinas.”

If this is what DILA means, it is a victim of unconcern for and disinterest in the National Language that’s why it will not discern the huge difference [as I have presently discussed] of “Filipino” from its basis, Tagalog. Even by the subsequent metamorphosis of orthography from the Tagalog baybayin to the abakada and the current “Filipino” alpabeto, what can be discerned is the aim to form a national alphabet

at sa kasalukuyang alpabetong “Filipino” ay malilinawan ang naging mithi na bumuo ng isang alpabetong pambansa na umiigpaw sa limitasyon ng katutubong baybáyin at nagsisikap ilahok ang katangian ng mga tunog na di-Tagalog ngunit lumilikom sa mga tunog na matatagpuan sa ibang mga wikang katutubo ng bansa. **Ang wikang “Filipino” sa gayon ay isang inklusibong wika at naglulunggating sumúlong at yumaman sa pamamagitan ng mga tunog, titik, at katangiang di-Tagalog ngunit taglay ng mga wika ng bansa.**

Ang isang resulta ng ganitong aspirasyong pambansa at makabansa ng nagaganap na inhinyeryang pangwika ay nadedevelop ang “Filipino” bílang **pamantayang wika**. “Filipino” ang magiging istandard sa pagsúlong ng ibang mga wikang katutubo. Unang-una, ang ortograpiya nitó ang kailangang maging ulirang ortograpiya ng mga wikang katutubo—mula sa paglikha ng alpabeto para sa mga wikang ngayon pa lámang magkakaroon ng panitikang nakasulat hanggang sa repormasyon ng mga wikang totoong may panitikang nakasulat ngunit lubhang nakasandig lámang sa paraan ng pagsulat na pinalaganap ng mga Español. Masalimuot ang tungkulin ngayong pagsubaybay sa Wikang Pambansa at sa mga wikang katutubo ng Filipinas. Nakasangkot nang sabay-sabay ang tinatawag na tatlong tagpuang wika sa saliksik ortograpiko (J.A. Fishman, 1974): (a) pagreporma ng kasalukuyang alpabetong pambansa, (b) pagpapalit ng ginagamit pang alpabetong paabakada o pa-Español ng ilang wikang katutubo, at (c) paghahanda ng isang maayos na sistema sa pagsulat para sa maraming wikang katutubo na walang nakasulat na panitikan.

that transcends the limitations of the native baybayin with an effort to include non-Tagalog sounds but incorporates those sounds occurring in the country's other native languages. **The “Filipino” language, therefore, is an inclusive language and it aspires to move forward and develop through the sounds, letters, and qualities that are non-Tagalog but are found in the country's languages.**

One result of this national and nationalist aspiration within the ongoing language engineering is the development of “Filipino” as the **standard language**. “Filipino” becomes the standard in the advancement and growth of native languages. On the very first instance, its orthography must become the model orthography for the native languages—from the creation of alphabets for languages that are just now producing their own written literature to the reformation of that languages that may have written literature but are too dependent solely on the method of writing disseminated by the Spanish. The current work of looking after the National Language and the native languages of Filipinas is complex. Involved simultaneously are the three linguistic convergence points in orthographic research (J.A. Fishman, 1974): (a) reforming the national alphabet, (b) replacing the alphabets still in use which are abakada-ish and Spanish for a few native languages, and (c) preparing an orderly system of writing for many native languages still without a written literature.

Bílang pamantayang wika at sa pananaw na pang-edukasyon, ang Wikang Pambansa ang magsisilbing **tulay at tagapamagitan** para sa pagkakaisa ng mahigit sandaang wikang katutubo ng Filipinas. Lohiko at ekonomiko ang planong ito. Ngunit maraming dapat gawin upang maisakatuparan bílang mithing pangwika at pang-edukasyon.

Sa isang bandá, halimbawa, **kailangang mahubog ang mga ortograpiya ng wikang katutubo alinsunod sa anyo ng isang ortograpiyang pambansa.** Magandang pagkakataón sa bagay na ito ang programang MTB-MLE ng DepEd. Kailangang maisúlong ng KWF ang awtoridad nitó, alinsunod sa mandato ng batas na lumikha sa KWF, upang kilalánin at igálang ng mga lilikha ng alpabeto at materyales panturo sa mga wikang sarili (*mother tongues*) na gagamiting panturo sa mga unang baitang ng edukasyon. Sa puntong pang-edukasyon, kailangang isagawa ito upang maging madulas ang transisyon ng edukasyon mulang wikang sarili tungo Wikang Pambansa. Hindi tulad ngayon, halimbawa, na dahil may sariling ortograpiya ang Ilokano alinsunod sa pagbaybay na Español, ituturo sa batà sa Vigan ang anyong “tian” sa unang baitang upang pagkatapos ay ituro sa kaniya ang anyong “**tiyán**” sa ikaapat na baitang.

Bukod sa kalituhan sa kung alin ang wastong baybay sa napag-aralan niya sa Ilokano at sa itinuturo sa kaniya sa Wikang Pambansa, higit na malamáng na nagdudulot ito sa isip ng musmos ng panimulang pag-iiba ng kaniyang wikang sarili sa Wikang Pambansa. Higit at unang naimumulat ang musmos na kamalayan hinggil sa pagkakaiba sa halip na hinggil sa pagkakaisa ng kaniyang wikang sarili at ng Wikang Pambansa. Ito ang katwiran noon

As a language standard and from the educational perspective, the National Language will serve as **bridge and medium** for the unification of the more than a hundred native languages of Filipinas. This plan is logical and economical. But a lot still has to be done towards linguistic and educational objectives.

On one hand, for example, **the creation of the orthographies of native languages must hew to the form of a national orthography.** The MTB-MLE program of DepEd is an opportunity in this direction. KWF must be able to exert its authority according to the mandate of the law that created it, for it to be recognized and respected by those who will create the alphabet and teaching materials in teaching the mother tongues that will be used in the early grades. From the educational point of view, this must be done for a smoother educational transition from the mother tongue to the National Language. Unlike now, for example, because Ilocano has its own orthography based on Spanish spelling, a child will be taught the form “tian” in the first grade only to be taught the form “**tiyán**” in the fourth grade.

Apart from the confusion regarding the correct spelling from what the child learned in Ilocano and what is taught him in the National Language, it would tend to result more in inculcating in the child’s mind the basic difference of his mother tongue from the National Language. The young mind is introduced more to the difference instead of to the unity of his mother tongue and the National Language. This was the

pa ng ibang grupo sa lingguwistika sa pagpapanukala ng tinatawag na **sistematikong ponemika** (H.P. McKaughan, 1977) laban sa lumaganap na **taksonomikong ponemika** at siyang higit na kinagigiliwan ng mga Linggwistasero. Ang paghahanap diumano sa “*underlying forms*” ng wika o sa mga morpoponema ay higit na makatutulong sa literasi at sa pagpapalaganap ng isang ortograpiyang pambansa dahil makababása sa Sebwano, Teduray, Isinay, Ibaloy, o Bicol, kahit hindi ganap na nauunawaan, ang isang marunong bumása sa “Filipino.” Hindi dapat gamiting lagi ang lingguwistika para magbukod sa mga wika; sa halip, kailangan itong maging kasangkapang mapagbuklod at magdulot ng mga malikhain at konstruktibong pamamaraan sa pagsúlong ng ating Wikang Pambansa at mga wikang katutubo.

Ang Wikang Pambansa bílang pamantayang wika ng mga wikang katutubo ay lohiko at ekonomiko sa naturang adhikang pang-edukasyon. Subalit hindi nangangahulugang dapat ituring na imperyor ang alinmang katutubong wika. Pantay-pantay ang lahat ng wika at kayâ makabuluhan ang palagiang mga forum at konsultasyon bago magpairal ng anumang pagbabago. **Dapat ituring ang paghahandog sa Wikang Pambansa bílang pamantayang wika ay bahagi lámang ng paghahanda sa mga katutubong wika upang mapabilis ang pagpapaunlad sa mga ito at upang maiiwas ang mga ito, kung sakali, sa mga pinagdaanang di-kanaisnais na karanasan ng “Filipino.”**

Sa isa pang bandá, ang pagpapalaganap sa Wikang Pambansa bílang pamantayang wika ay nangangahulugan ng malaking tungkulin tungo sa pangangalaga ng wika at panitikang katutubo. May mga aktibidad nang napasimulan



rationale then of other groups in linguistics for proposing what is called **systematic phonemics** (H.P. McKaughan, 1977) in contrast to **taxonomic phonemics** which prevailed and of which the Linguisticists were more fond. The search for “underlying forms” in language or of morphophonemes were allegedly more helpful to literacy and in disseminating a national orthography because anyone who could read in “Filipino” could read Sebwano, Teduray, Isinay, Ibaloy, or Bikol, even without fully comprehending any of them. Linguistics must not always be used in distinguishing or separating languages; instead, it must become a tool for integration and bring about creative and constructive ways of advancing our National Language and the native languages.

The National Language as the standard language for native languages is logical and economical for the said educational objectives. But it does not mean giving any of the native language an inferior regard. All languages are equal and that’s why frequent forums and consultations are always useful before introducing any changes. **The recognition of the National Language as standard language is only part of preparing the native languages for speedier development and to spare them, if ever, from the undesirable experience underwent by “Filipino.”**

Still on the other hand, the dissemination of the National Language as standard language carries with it the huge task of looking after the native languages and literatures. SWP and KWF have initiated activities in this

ang SWP at ang KWF hinggil dito. Ngunit maliliit, kayâ hindi napapansin, at hindi organisado. Limitado sa mga munting bokabularyo ang publikasyon para sa mga katutubong wika. O kayâ sa mga munting koleksiyon ng panitikang-bayan. Hindi rin ibinubukâs sa lahat ang pagkakataón, kayâ nangyayari na may wikang tatlo na ang bokabularyo samantalang napakaraming wika ang hindi nailalathala ang kahit munting listahan ng mga salita.

Napakaliit ng badyet ng KWF para makapaglunsad ng isang malawakang kampanya upang ilathala ang kahit mga munting bokabularyo ng mahigit sandaang wikang katutubo ng Filipinas. Kailangan samakatwid ang maagap na kampanya upang mahingan ng tulong ang lokal na pamahalaan at ibang institusyon sa bagay na ito. Subalit **ang higit na mahalaga ay maip plano ang naturang malaking tungkulin at mabigyan ng pantay na karapatang maalagaan at mapaulad ang mga wika at panitikan ng bansa.** Sa panitikan, kailangan pa ang higit na masinop na paglikom sa panitikang-bayan ng bansa. Mahalaga ito upang maitanghal ang dibersidad at kariktan ng pamanang panitikan ng Filipinas, na kung tutuusin ay isang makabuluhang bahagi ng ating *national intangible heritage* at dahil na rin sa ating kayamanang pangwika. Subalit kailangang masundan pa ito ng mga pagganyak—gaya ng mga timpalak, palihan, seminar, pagbubukâs ng lathalaan kahit sa internet at mga publikasyong pampaaralan, organisasyon ng mga manunulat at ibang alagad ng sining—upang makalikha ng malusog na panitikang pangkasalukuyan ang bawat wikang sarili.

Isang mahalagang sangkap ng tungkuling ito ang pagsasalin. **Kailangan ang isang sistematiko at malawakang**

direction. But these were minor, thus unnoticed, and not organized. Publications in the native languages are limited to little lexicons or dictionaries. Or small collections of folk literature. The opportunities are not open to all, either. That's why some languages have as many as three dictionaries while many languages have not published even a word-list.

The KWF has such a small budget to even contemplate launching a broad-ranging campaign to publish even the little lexicons of the more-than-a-hundred native languages of the Philippines. What is needed, therefore, is a prompt and prudent campaign for support from local governments and other institutions towards this end. But even **more important is to plan the execution of the said huge responsibility and afford equal rights of preservation and development for the country's languages and literatures.** In literature, a more diligent collection of the country's folk literature is needed. This is important by way of presenting the diversity and beauty of the country's literary heritage, which in fact is part of our national intangible heritage and also because of our diverse linguistic resource. But this will need to be followed with incentives—such as contests, workshops, seminars, publication in the Internet and school organs, the organization of writers and other artists—in order for each mother tongue to be able to create a robust contemporary literature.

One ingredient in this task is translation. **A systematic and broad-ranging program for national translation is**

**programa sa pambansang pagsasalin.** Ang isang malaking bahagi nitó ay pagsasalin ng mga akda at dokumento mulang mga wikang katutubo tungo sa Wikang Pambansa at ng pagsasalin ng mga ito mulang Wikang Pambansa tungo sa mga wikang katutubo. Nangangahulugan ito ng malusog na ugnayan ng mga wikang katutubo at ng Wikang Pambansa at ng kailangang umiral na kamalayan at pagtanaw sa Wikang Pambansa bílang pamantayan at tagapamagitang wika ng Filipinas.

## **“FILIPINO” BILANG KASANGKAPANG PAMBANSA**

Ang pangwakas na mithi ng Wikang Pambansa ay maging “kasangkapan” ng lipunang Filipino. **Higit kaysa pagiging wika sa pang-araw-araw na usapan, wikang panturo, at wikang opisyal ng pamahalaan, kailangang maging bahagi ang Wikang Pambansa ng katauhang Filipino sa paraang ginagamit itong kasangkapan sa lahat ng pangangailangan ng lipunang Filipino.**

Mabigat ang tungkuling pangwika na iniaatang sa paghahambing na maging isang episyenteng “kasangkapan” ang Wikang Pambansa. Ang isang kasangkapan ay maaaring maging popular kung mauso ito at kinagiliwang gamitin ng madla o kayâ dahil iniutos ng isang awtoridad na gamitin ito ng lahat. Sa kasawiang palad, mahirap matiyak ngayon kung may katangian ang “Filipino” na ikinagigiliw dito ng madla. Sa kabilâng dako, iniatas man ng Konstitusyon, hindi ito nagtatamasa ng kailangang tangkilik mula sa mismong

**necessary.** One big part of this is translating works and documents from the native languages into the National Language and translating from the National Language into the native languages. It will call for the strong coordination between the native languages and the National Language and the needed consciousness for and perspective on the National Language as the country's standard and mediating language.

## **“FILIPINO” AS NATIONAL IMPLEMENT**

The final aspiration of the National Language is to be an “implement” of Filipino society. **More than being the language of everyday conversation, language of instruction, and official language of government, it is necessary for the National Language to become an integral part of the Filipino human person in such a manner that it is employed as an implement in all the needs of Filipino society.**

It is a tall order to compare the National Language to an efficient “implement” and for it to act as such. An implement or tool may become popular and fashionable if the public enjoys using it or because it has been ordered by an authority to be used by everyone. Unfortunately, it is difficult to determine now if “Filipino” has the quality that would make it delightful to the public. On the other hand, even if it has been decreed by the Constitution, it does not enjoy the patronage and support of government itself and

pamahalaan at mga pangunahing ahensiya ng pamahalaan na dapat manguna sa pagpapalaganap ng Wikang Pambansa.

**Subalit may dinamikong aspekto ang pag-imaheng ito sa tungkulin ng wika. Tinutukoy ng wika bílang kasangkapan ang pangyayari na ang wika ay likha, na ang mga komponent ng wika ay isang konstruksiyon. Ipinakakahulugan din nitó na ang mga sangkap ng wika ay maaaring suriin, baguhin, pamahalaan, at muling likhain.** Walang wikang perpekto. Ngunit may mga imperpeksiyon o depekto sa wika na hindi kailangang mangyari o umiral. Ang mga di-kailangang imperpeksiyong ito ang kailangang matukoy ng pagpapalano at maging tuon ng **rekonstruksiyong pangwika.** Ang pangunahing trabaho ng pagpaplanong wika ay hindi mag-atas ng mga tuntunin kung hindi magpaliwanag sa mga tuntuning higit na mainam piliin at sundin ng lahat.

Samantala, at kaugnay ng aking naging talakay sa kasaysayan ng ortograpiyang “Filipino,” ang wika ay isang kodigong panlipunan, o higit marahil angkop, isang “kodigo ng lipunan.” Dahil sa pangyayaring ito, napapailalim ang pagpilì, paghubog, at pagsúlong ng wika sa iba’t ibang puwersang pampolitika sa loob ng lipunan, sa mga suliraning pangkabuhayan, sa mga interes ng pangunahing sektor, sa sikolohikong kondisyon ng mamamayan, atbp. Ang totoo, at pinatutunayan ito ng kasaysayan ng Wikang Pambansa, higit pang nadidiktahan ng mga hilig panlipunan at pampolitika ang pagbuo sa wika kaysa mga pertinenteng layuning lingguwistiko. Wala mang permanenteng kalagayang pangwika, ang trabaho ng pagpaplanong wika ay makaigpaw sa mabababaw, lubhang

the primary agencies that should lead in propagating the National Language.

**There is, however, a dynamic aspect to this imaging of the function of language. Language as implement points to the fact that language is a construct, and the components of language are a construction. This also means that the ingredients of language can be examined, changed, managed, and reconstructed.** There is no perfect language. But there are imperfections and defects of language that need not happen or prevail. These unnecessary imperfections must be identified through planning and become the focus of linguistic reconstruction. The primary function of language planning is not the decreeing of rules but the explanation of the rules that will be beneficial to be chosen and followed by everyone.

Meanwhile, and in relation to my discussion of the history of “Filipino” orthography, language is a social code, or perhaps more properly, a “code of society.” Due to this fact, the selection, formation, and development of language is influenced by the different political forces within a society, its economic problems, the interest of the primary sectors, the psychological condition of citizens, etc. In fact, and this is proven by the history of the National Language, social and political trends exert more pressure on the formation of language than pertinent linguistic objectives. While there is no permanent condition for language, the task of language planning is to go beyond the superficial, overly ad hoc and ephemeral, and “political” and clarify the options

pansamantala, at “politikal” at maipaliwanag ang mga opsiyong may batayang historikal, higit na magtatagal, at nagsasaalang-alang sa mga makabuluhang puwersang kailangan sa pagpapatatag ng Wikang Pambansa.

Tulad ng nasyonalisasyon, ang modernisasyon ay maituturing na matindi at hayagang lunggati para sa Wikang Pambansa mula pa noong panahon ng Americano. Pinasidhi ito ng sari-saring adhikang pampolitika at pangkabuhayan nitóng mga nakaraang dekada, gaya ng pangkating ASEAN, IT, OFW, globalisasyon, at katulad. **Hindi sapat ang wasto at episyenteng wika; gusto ng tao na mapaunlad at maging kasangkapan niya sa pag-unlad ang kaniyang wika.** Para sa lunggati nating Wikang Pambansa, nangangahulugan ito ng isang wikang “Filipino” na maglilingkod bílang isang matatag na pambuklod ng bansa at isang mahusay at mabisang behikulo para sa komunikasyon at progreso sa makabagong daigdig.

**May matinding presyur noon pa para sa modernisasyon ng “Filipino” mula sa sektor ng mga lider at edukado, lalo na mula sa hanay ng ganap na nakikinabang sa wikang Ingles.** Hinahanap nilá sa “Filipino” ang karunungan nakukuha nilá sa Ingles at nagagamit nilá sa hanapbuhay. Ito ang sanhi ng matinding tunggalian ng Ingles at ng Wikang Pambansa mula noong panahon ng 1934 Kumbensiyong Konstitusyonal hanggang sa kasalukuyan. Gayunman, hindi ito nasagot ng SWP sa pamamagitan ng mga kongkretong programa para mabilisang linangin ang Wikang Pambansa para sa iba’t ibang larang akademiko. May paisa-isang



with historical basis, more permanent, and respectful of the relevant forces needed in strengthening and reinforcing the National Language.

Like nationalization, modernization can be considered an intense and manifest aspiration for the National Language since the American era. This has been intensified by various political and economic aspirations during the past decades, and of such groupings and factors as the ASEAN, IT, OFW, globalization, and the like. **Correct and efficient language is not sufficient; the people desire progress and that language become their implement for progress.** Towards our desired National Language, what is needed is for “Filipino” to become as a strong national unifier and a good and effective vehicle of communication and progress in the modern world.

**There has long been a pressure for modernizing “Filipino” from the sector of leaders and the educated, especially from the ranks of those who fully benefited from English.** They sought in “Filipino” the knowledge they obtained from English and which they could use in earning a livelihood. This was the origin of the intense struggle between English and the National Language from the time of the 1934 Constitutional Convention until now. Nevertheless, the SWP was unable to resolve it through concrete programs for the speedy development of the National Language for use in different academic fields. There were sporadic seminars but unsustained. The administrators did not examine the problem. Of if the the

seminar pero hindi sostenido. Hindi sinusuri ng mga administrador ang problema. O kung sinusuri nga ng mga administrador sa edukasyon, ang higit na iniisip ay kung paano masasalungat ang paglaganap ng “Filipino.”

Malaking patunay laban sa modernisasyon o kultibasyon ng Wikang Pambansa ang ipinatupad na patakarang bilingguwal sa edukasyon mulang 1974 na nagtatagubilin sa Ingles bílang wikang panturo sa agham at matematika. **Ipiniit ng patakarang bilingguwal ang “Filipino” sa bartolina ng panitikan at araling panlipunan. Nakatanghal sa patakarang bilingguwal ang malalim na prehuwisyong ng mismong mga lider ng edukasyon laban sa modernisasyon ng “Filipino.”** O marahil, biktima silá ng kanilang makitid na pagsipat sa naging kasaysayan ng Wikang Pambansa, halimbawa’y sa propaganda noong anti-purista, at kayâ inakala niláng kailangan munang maisalin ang lahat ng mga terminong teknikal at siyentipiko bago maipaturo sa “Filipino” ang agham at matematika. Kailangan nilá samakatwid ang kaukulang oryentasyon hinggil sa mga bagong patakarang pangwika ng KWF at mga estratehiya ng pagluluwag upang higit na makinabang ang Wikang Pambansa sa mga wikang pandaigdig at makabago. Kasabay nitó ang kaukulang pagsasanay sa mga guro ng ibang larang akademiko sa paggamit ng “Filipino” bílang wikang panturo; gayundin ang kailangang *retooling* sa mga guro mismo ng Wikang Pambansa upang mahasà silá sa pagtuturo ng ibang asignatura at maging modelo ng mga kapuwa guro sa ibang asignatura.

Kung gagayahin ang islogan ng DILA, kailangang ikalat ng mga alagad ng Wikang Pambansa na: “*English is not the*

education administrators actually did, what they thought better of was how to oppose and prevent the spread of “Filipino.”

A good proof of the move against the modernisation or cultivation of the National Language was the implementation of the bilingual policy in education from 1974 which designated English as the language of instruction for science and mathematics. **The bilingual policy held “Filipino” captive in the isolation room of literature and social studies. Manifest in the bilingual policy is the deep prejudice in the educational leaders themselves against the modernization of “Filipino.”** Or perhaps, they were victims of their own tunnel vision of the history of the National Language, for instance in the period’s propaganda of anti-purism, and they assumed it was necessary to translate beforehand all the technical and scientific terms before “Filipino” could be used in teaching science and mathematics. They needed, therefore, the proper orientation on the new language policies of the KWF and the liberal strategies for enabling the National Language to better benefit from international and modern languages. Parallel to this is the corresponding training of teachers in the other academic disciplines in the use of “Filipino” as language of instruction; likewise the necessary retooling of the National Language teachers themselves to hone them some more in teaching other subjects and become the model for other teachers of other subjects.

To imitate DILA’s slogan, the advocates of the National Language should spread the word that

*only language of progress.*” “Hindi Ingles lang ang wika ng kaunlaran.” At kailangang patunayan ito sa pamamagitan ng kaukulang patakaran at programa. Halimbawa, isang malaking programa para sa pagsasalin ng mga pangunahing aklat sa karunungan pandaigdig, pagbuo ng mga bokabularyong teknikal, pagluluwag ng paghiram sa mga terminong teknikal at siyentipiko, pagsasanay sa mga guro upang magturo ng mga asignatura sa iba’t ibang larang akademiko. Higit ding magagampanan ng mga gawaing ito ang isang tungkulin ng “Filipino” noon pa na hindi nagagawa ng Ingles. Ito ang pangyayari na higit na madalîng maintindihan at magamit ng madla ang “Filipino” at kayâ kahit paano ay ginagamit sa mga polyetong pangmagsasaka at pangmangingisda at sa mga adbvertisement ng negosyong umaakit ng ordinaryong mamimili. Ang ibig sabihin, nagagamit noon pa ang “Filipino” bílang wikang pansulat sa mga proyektong teknikal at siyentipiko. Limitado nga lámang ang pinaggamitan. Sa pamamagitan ng modernisadong gamit sa “Filipino” ay higit ding dadami at tataas ang antas ng kaalamang nailalathala sa mga polyetong ginagamitan ng Wikang Pambansa. Sa ngayon, dahan-dahan namang dumadami at tumataas ang antas ng mga naturang polyeto dahil kailangang magdagdag ng bagong kaalaman. Ngunit napakabagal. Nahalinhan na ang isang makabagong taktika ng pagtatanim ngunit ang tradisyonal pa rin ang ginagamit ng mga magsasaka. Kailangan ang higit na mabilisan at nakaplanong modernisasyon ng wika upang higit na pakinabangan ng ordinaryong Filipino ang wikang “Filipino.”

Ang pagkakaroon ng isang pangkalahatang wika ay matagal nang sinasabing isang pangunahing pangangailangan tungo sa normal, magaan, at episyenteng

*“English is not the only language of progress.”* And this necessitates the proper policies and programs. For example, a massive program for translating the principal books of global knowledge, compilation of technical vocabularies, liberalization of borrowing of technical and scientific terms, training of teachers in the teaching of subjects in the different academic disciplines. These undertakings will better enable “Filipino” to perform a role that English cannot do. This is based on the fact that the public can easier understand and use “Filipino” that’s why every effort is exerted to use it in leaflets and pamphlets for farmers and fishermen and in advertisements for businesses catering to ordinary consumers. This means, from the start “Filipino” has always been used as the language for the writing of scientific and technical projects. Although, the subjects or targets for the use were limited. Through the modernized use of “Filipino,” the amount and levels of knowledge published in pamphlets using the National Language will increase and rise. Right now, the amount and level of knowledge in the said pamphlets are gradually increasing and on the rise because of the necessity to add new knowledge. But it is slow going. A modern technique for planting has replaced another but farmers still use the traditional way. What is necessary is a speedier and planned modernization of language so that the ordinary Filipino will benefit from “Filipino.”

Having a common language has long been declared as a primary necessity in the normal, light, and efficient

ugnayan ng isang bansang tulad ng Filipinas na maraming katutubong wika. Matagal nang tinanggap ng taumbayan ang katotohanang ito, maliban sa ilang edukado't lider na kontrabida. Subalit matagal nang nahinto ang pagsúlong ng Wikang Pambansa sa yugto ng estandardisasyon at hindi makalundag sa kailangang kultibasyon. Ang pagpaplanong wika ay isang paraan upang maimpluwensiyahan ang buong lipunang Filipino nang higit na mabilis, higit na sistematiko, at higit na maramihan tungo sa naturang mga adhika.

Samantala, dapat tandaan ang hulíng bahagi ng Kapasiyahan Blg. 13-39 ng KWF. Samantalang masigasig sa modernisasyon, hindi dapat kalimutan kahit saglit ang adhikang nasyonalista. Kailangan ang palagiang pagsulyap sa mga wikang katutubo upang subaybayan ang pagsúlong ng mga ito at upang hugutan ng mga sangkap na maaaring isanib na pampayaman sa Wikang Pambansa. Bukod pa, at gaya ng ipinahihwatig sa resolusyon sa kailangang katangian ng “Filipino,” ang modernisasyon ay hindi dapat sumalungat at sumira sa taal at makabuluhang hubog at potensiyal ng mga wika ng Filipinas. Ang malusog na ugnayan ng Wikang Pambansa at ng mga wikang katutubo sa buong bansa ay kailangang nasusuri sa pana-panahon, lalo na upang mabigyan ng higit na layà at insentibo ang mga wikang nagpapamalas ng higit na malikhaing pagsúlong. Sa ganitong determinasyon lámang maitataguyod nang tiyak at makatwiran ang “Filipino” bílang Wikang Pambansa. Kapag naganap ito, hindi ko na kailangang ikulong sa panipi ang Filipino.

Ferndale Homes

14 Pebrero 2015

exchange and interconnection of a nation like Filipinas with its numerous native languages. The people have long accepted this truth, except for the villains among the leaders and the educated few. But the development of the National Language has long stalled in the stage of standardization and is unable to leap into the next necessary stage of cultivation. Language planning is one method of influencing the whole Filipino society towards a speedier, more systematic, and more massive move in the said directions.

Meanwhile, note must be taken of the last portion of KWF Resolution No. 13-39. While modernization is in full swing, the nationalist goal must never be neglected even for a moment. The native languages will need our frequent glances to watch their progress and to derive from them the ingredients to be merged into the enrichment of the National Language. Apart from that, and as indicated in the resolution for the necessary quality of “Filipino,” modernization must not contravene and undermine the native and meaningful form and potential of the Philippine languages. The robust relations between the National Language and the native languages must be examined periodically, especially in order to provide elbow room and incentive for the languages exhibiting even more creative progress. Only in this kind of determination and decisiveness can “Filipino” be propagated with certainty and righteousness as the National Language. When this happens, I will not have to enclose Filipino in quotation marks.

# NASYONALISASYON AT MODERNISASYON NG FILIPINO

**M**agandang balikan bílang panimula ang isang pahayag noon ni Saussure hinggil sa tungkuling patuloy na baguhin ang wika. “Hindi táyo dapat mapiit,” sabi niya, “sa kung ano ang wika ngayon.” Walang wikang perpekto; kailangang isunod ang wika sa nagbabagong pangangailangan ng mga gumagamit nitó; kailangang baguhin ang wika upang maging higit na episyente at kapaki-pakinabang sa mga gumagamit nitó. Ang mga katotohanang ito ang pangunahing motibasyon para sa tinatawag na pagpaplanong wika—na walang iba kundi ang metodiko at sistematikong gawain upang mapangasiwaan at mapaunlad ang isang wika, lalo na ang paglikha, pagpapalaganap, at pagpapayaman sa isang napagkaisahang panrehiyon, pambansa, o pandaigdigang wika.

**Kaugnay nitó, may pananaw na nasyonalisasyon at modernisasyon ang kambal ngunit nagtutunggaling oryentasyon ng pagpaplanong wika sa mga bansang umahon mula sa matagal na panahon ng kolonyalismo at nagpasiyang magkaroon ng sarili at katutubong wikang pambansa nitóng**



# THE NATIONALIZATION AND MODERNIZATION OF FILIPINO

It might be worthy, at the outset, to go back to Saussure and what he said regarding the continuing task of changing or reforming language. “We should not be captive,” he said, “to what language is now.” No language is perfect; language must be aligned to the changing needs of its users; language must change so that it will be more efficient and beneficial to its users. These truths are the primary motivations for what is called language planning—which is nothing but the methodical and systematic task of managing and developing a language, specifically the formation, dissemination, and enrichment of an identified and agreed-upon regional, national, or international language.

**In this connection, there is a point of view that holds that nationalization and modernization are the twin but contradictory orientations in language planning among countries arising from a long period of colonization and which countries decided to establish their own native**

**nakaraang siglo.** Napakatotoo nitô sa Filipinas mula nang itadhana ng 1935 Konstitusyon ang isang wikang pambansa batay sa isang wikang katutubo. Pinatutunayan naman ng mga pangyayari sa loob ng nakaraang 80 taón na lubhang mabigat na tungkulin ang nasyonalisasyon at modernisasyon bílang tambalan at magkaagapay na direksiyon sa pagsusúlong ng wikang pambansa. Bukod pa, ang kawalan ng sapat na tangkilik ng pamahalaan—na malinaw na makikita sa kawalan ng pondo para sa kailangang gawin ng pambansang ahensiyang pangwika at sa nawawalang target pangwika sa kabuuang pambansang planong pampolitika at pangkabuhayan—ay malimit na magdulot ng problema kung alin sa kambal na direksiyon ang dapat unahin at asikasuhin.

Sa kabilâng dako, maaari ding sabihin ngayon na hindi napag-ukulan ng mga namahala sa pagsúlong ng Wikang Pambansa ang pagbalangkas ng isang pangmatagalang plano para matupad ang tadhana ng 1935 Konstitusyon. May mga tungkuling inilista ang Batas Komonwelt Blg. 184 para sa National Language Institute, ang naging Surian ng Wikang Pambansa (Institute of National Language), ngunit hindi ito naisalin tungo sa isang kongkretong programa para palaganapin ang Tagalog at maging wikang opisyal at wika ng edukasyon. Ito rin ang maaaring gamiting pangunahing kahinaan ng nakaraang mahigit 20 taón ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) pagkaraang itatag sa bisà ng Batas Republika Blg. 7104. Hindi nakawala ang KWF sa nakagawiang trabaho ng Surian. Kapag nilimi ang mga pahayag ng ating mga tagapangasiwa ng Wikang Pambansa sa nakaraang panahon, wari ngang hindi nilá matalakay nang sabáyan

**language this past century.** This has been very true of the Philippines since the 1935 Constitution provided for a national language based on a native language. What transpired during the last 80 years has proven that nationalization and modernization, as tandem and parallel directions in the development of the national language, are two extremely difficult tasks. At the same time, the lack of support from government—which is clear from the dearth of funds allotted for the assigned tasks of the national agency for language and the absence of any target for language in the country’s overall political and economic agenda—is often the source of difficulties in prioritizing any of the two parallel directions.

On the other hand, it can be observed, too, that the managers of the development of the National Language have been unable to focus on the structuring of a long-term plan for implementing the provision of the 1935 Constitution. Commonwealth Act No. 184 listed tasks for the National Language Institute, which became the *Surian ng Wikang Pambansa* (Institute of National Language), but these were not translated into a concrete program of action for the development of Tagalog into the official language of education. This may also be counted as the primary inadequacy for the last 20 years of the *Komisyon sa Wikang Filipino* (KWF) after it was established by virtue of Republic Act No. 7104. KWF could not free itself from established pattern of *Surian*. If we consider the declarations of the National Language executives in the past, it would seem they could not take

ang nasyonalisasyon at modernisasyon. O kayâ, malimit na ipanukala niláng kailangang itutok muna ang pansin sa isa—malimit ding sa nasyonalisasyon—upang balingan ang ikalawa pagkatapos. Hindi naharap nang epektibo ang problema sa nakalipas na panahon sapagkat hindi napatnubayan ng isang malinaw na planong wika ang naging pagkilos ng mga alagad at kapisanang pangwika.

Ipinahiwatig mismo ng 1987 Konstitusyon ang naturang tambalang tungkulin para sa pagsusulong ng wikang Filipino. Alinsunod sa Artikulo XIV, Seksiyon 6:

The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages.

Titigan ang ikalawang pangungusap at malilinawan ang iniaatas na paraan ng pagdevelop at pagpapayaman sa Filipino: “(B)atay sa mga umiiral na (mga wika ng) Filipinas at ibang mga wika.” Ang nasyonalisasyon ay magaganap sa pamamagitan ng pagpapayaman sa Filipino sa pamamagitan ng mga wika ng Filipinas. Ang modernisasyon ay mapapabilis sa pamamagitan ng iba’t ibang pandaigdigang wikang sinasangguni at hinihiraman ng edukasyong Filipino. Tinutukoy mismo, sa gayon, ng ikaanim na seksiyon ng Artikulo XIV ang kaliwa’t kanang pagpangitain sa dalawang pangunahing tungkulin tungo sa pagpapaunlad sa Filipino bílang wikang pambansa. **Ang pagpapangalang “Filipino” sa Wikang Pambansa ay nakabatay sa isang bisyon ng nasyonalisasyon at modernisasyon nitó.**

up nationalization and modernization in a simultaneous manner. Or, they would often propose to focus first on one—often as well on nationalization—so they can concentrate of the other afterwards. The problem was never confronted effectively in the past because no clear language plan could guide the actions of the language exponents and language organizations.

The 1987 Constitution itself indicated the parallel tasks of language development under Article XIV, Section 6:

The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages.

Look closely at the second sentence and the manner and method being decreed for the development and enrichment of Filipino becomes clear: “(B)ased on the existing Philippine and other languages.” Nationalization will be effected through the enrichment of Filipino by way of the languages of Filipinas. Modernization will speed up through the counsel of and borrowing from the international languages for use in education through Filipino. The sixth section of Article XIV, therefore, points to the left-and-right visioning of the two primary tasks in the development of Filipino as national language. **The naming of the National Language as “Filipino” is based on a vision of its nationalization and modernization.**

Ano ba ang mga problema at hindi nagaganap ang naturang mga gampanin?

Sinasabing ang pagpaplanong wika sa katotohanan ay isang pagsisiyasat sa problema ng isang wika. Ngunit tulad ng naipaliwanag ko na, ipinahiwatig na ng Artikulo XIV ng 1987 Konstitusyon ang problema ng Filipino. Ang tambalang gampaning “nasyonalisasyon at modernisasyon” ang siya mismong mga problemang dapat harapin sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng Filipino bilang wikang pambansa. Subalit hindi sapat ang pagtukoy sa problema sa pagpaplanong wika. **Ang higit na mabigat na gawain ay ang paghahanay ng mga tiyak at malawakang aktibidad at proyekto upang malutas o maigpawan ang anumang tinukoy na problema. Iyon ang higit na kahulugan ng pagpaplanong wika. Ngunit malungkot na hindi nakapag-organisa ang KWF sa nakaraang panahon ng isang púlong o kumbensiyon upang sangguniin man lámang ang mga alagad ng wika hinggil sa bagay na ito.**

Maaaring may lumabas nang mga pagsusuri hinggil sa isa o sa dalawang gampanin. Maaaring may nakapagdulot na ng mga mungkahi upang dibdibang harapin ang mga problema sa nasyonalisasyon at modernisasyon ng Wikang Pambansa. Subalit hindi iyon natipon ng KWF, nabigyan ng kaukulang analisis, at naisalin sa mga kongkretong hakbang at proyekto sa loob ng isang takdang panahon at sa kabilâ ng maaaring limitadong pondo at tauhan.

What could be the problem as these tasks remain unfulfilled?

It is said that language planning is in fact a close look at the core problem of a language. But as I have explained, Article XIV of the 1987 Constitution indicates such a problem for Filipino. The parallel tasks of “nationalization and modernization” is itself the problem that must be confronted in the propagation and enrichment of Filipino as the national language. But identifying the problem is not sufficient in language planning. The heavier task is lining up definite and broad-ranging activities and projects in order to resolve or transcend the identified problems. That is the deeper meaning of language planning. But is regrettable that KWF has been unable in the past to organize a forum or convention to at least consult the language advocates regarding these issues.

It is possible that studies have been conducted and published regarding one or both tasks. It is possible that suggestions have been forwarded by way of directly confronting the problems of nationalization and modernization of the National Language. But these have not been retrieved and collected by the KWF, given the proper analysis, and translated into concrete action and projects under a definite timetable and despite the possible shortage of funds and personnel.

Unahin nating balikan ang mga hadlang tungo sa planong nasyonalisasyon. **Sa praktika, nangangahulugan ang nasyonalisasyon ng pagsusuri sa mga problema ng pagpapatanggap sa Wikang Pambansa sa mga pook na di-Tagalog at pagdudulot ng kaukulang gawain upang maigpawan ang mga natukoy na problema. May mga historikal nang impormasyon hinggil dito.** Noon pang 1934 Kumbensiyong Konstitusyonal ay halatang-halata na ang tinatawag na “rehiyonalismo” bílang pangunahing balakid upang mabigkis ang kapuluan ng isang wikang pambansa. Sa kabilâ ng mga iniharap na bentaha ng Tagalog ay iginiit ng ilang delegadong di-Tagalog ang katangian ng kani-kanilang sariling wika. Anupa’t pagdatíng ng botohan, dinaig ng rehiyonalismo ang resolusyon na noon pa’y itadhana ang Tagalog bílang batayan ng wikang pambansa. Nagpatuloy ang bagay na ito sa anyo ng mga batikos na inilalathala sa peryodiko’t magasin hanggang matapos ipahayag ni Pangulong Quezon ang paghirang sa Tagalog bílang batayan. Noong 1965, naging isang tahasang habla ito ng isang kongresista na naniniwalang nanatiling Tagalog ang sinimulang tawaging “Pilipino” noong 1951 at kayâ labag sa tadhana ng 1935 Konstitusyon. Naging umpisa ito ng tinaguriang “language war” at humantong sa panukalang pagbuo ng “Filipino” bílang wikang pambansa alinsunod sa naging tadhana ng 1973 Konstitusyon.

Sinasabi lagi ng mga tagapagtaguyod ng Wikang Pambansa na mga politiko lámang ang gumagamit ng isyung kontra-Wikang Pambansa para umakit ng boto sa kanilang rehiyon. Sinasabi rin niláng itinataguyod ang isyung kontra-



Let us first review the obstacles encountered in the plan for nationalization. In practice, nationalization calls for looking closely at the problems in acceptance of the National Language in non-Tagalog places and the assignment of corresponding tasks for surmounting the said problems. Historical information is extant in regard to this. Way back during the 1934 Constitutional Convention, what was referred to as “regionalism” has been quite obvious as the primary hindrance to unifying the archipelago under one national language. Despite the advantages of Tagalog having been put forward, some non-Tagalog delegates insisted on emphasizing the qualities of each of their own languages. So that when voting came, regionalism won over the long-proposed provision for Tagalog to become the basis for the national language. This opposition went on in the form of attacks of criticism published in newspapers and magazines until President Quezon declared the selection of Tagalog as basis. In 1965, this became a direct accusation by a congressman who believed that what has begun to be called “Pilipino” in 1951 actually remained Tagalog that’s why it was in violation of the 1935 Constitution. This started was has been called the “language war” which ended up in the proposition to develop “Filipino” as the national language under the provision of the 1973 Constitution.

The National Language advocates always claim that the politicians are only using the anti-National Language issue to get the votes in their region. They also claim that

Wikang Pambansa ng mga edukadong nagnanais na Ingles ang manatiling wika ng edukasyon. lilan lámang diumano ang tunay na kaaway ng Wikang Pambansa. Subalit naubos ang panahon at talino ng mga tagapagtaguyod, patí na ang mga pinunò ng Surian, para patunayan ang birtud ng Pilipino at pagkatapos ng 1973, ng Filipino. Nakatanghal ito sa manaka-nakang nalalathalang debate ng mga salungat at ng mga tagapagtaguyod noon at hanggang ngayon. Mahahalata namang hindi umuusad ang balagtasang pangwika dahil inuulit lámang ng magkabilâng panig ang kanilang mga argumento.

Kung magulo ang isyu ng nasyonalisasyon, gayundin ang modernisasyon. Sa bagay na ito ay mga tagapagtaguyod lámang ng Wikang Pambansa ang kasangkot sa pagtatálo. Ang paksa: Paano ba pauunlarin ang Pilipino/Filipino? **Kompara sa nasyonalisasyon, may higit na malusog na aspekto ang tunggalian para sa modernisasyon. Noong 1987, naglundo ang tunggalian sa isang modernisadong alpabetong pambansa na may 28 titik at ganap na nagwawaksi sa abakadang Tagalog/Pilipino.** Subalit maraming tinik ang landas sa implementasyon ng bagong alpabeto. Mga tinik na iniuumang mismo ng mga nagsasalungatang pangkatin ng tagapagtaguyod. Ang politika, sa gayon, sa loob ng hanay ng mga tagapagtaguyod ang bumibimbin sa kailangan at tulong-tulong na pagsusúlong sa Wikang Pambansa. Maaari ngang pag-aawayan pa nilá kung alin ang higit na angkop gamitin sa “modernisasyon,” “intelektuwalisasyon,” o “elaborasyon” bagaman magkakatulad namang banyagang aklat sa sosyolingguwistika ang kanilang binása.

the anti-National Language cause is being supported by the educated class who are desirous of retaining English as the language of education. There are only quite a few who are the real enemies of the National Language. But the advocates, including the leaders of Surian, had run out of time and intelligence in trying to prove the virtues and advantages of Pilipino, and after 1973, of Filipino. This has become obvious in the occasionally reported debate between the pro's and anti's then and now. It is even more obvious that the balagtasán on language has not moved forward a bit because both sides have taken to just repeating their arguments.

If the issue of nationalization had been confusing, so was modernization. Here, only the supporters and exponents of the National Language were involved. The theme: How to move Pilipino/Filipino forward. Compared with nationalization, the contention about modernization had a healthier aspect to it. In 1987, the struggle culminated in the the formation of a national alphabet with 28 letters and in the eschewing of the Tagalog/Pilipino abakada. But the implementation of the new alpabeto faced a thorny path. These were thorns that were wielded by the opposing camps of advocates themselves. It was politics, therefore, among the ranks of the advocates, that hindered the needed and collaborative advancement of the National Language. It was even possible that they could argue and quarrel over what term was most appropriate, “modernization,” “intellectualization,” or “elaboration” when they had read the same foreign sociolinguistic books.

Bunga ng malaking kontrobersiya hinggil sa “purismo” noong dekada 60 ay nawalan naman ng awtoridad ang opisyal na ahensiyang pangwika [ang Surian at hanggang ang KWF] kayâ halos hindi madisiplina ang mga teksbuk sa wika na may kani-kaniyang pinalalaganap na paraan ng paggamit sa bagong ortograpiya. Ni hindi pinaiiral ng KWF ang legal na kapangyarihan nitóng mamahala sa anumang gawain kaugnay ng Filipino at ibang wikang katutubo upang sawatain, halimbawa, ang naganap na paglikha ng kani-kaniyang ortograpiya ng mga “sariling wika” na ginamit sa K-3 at sa tulong ng mga banyagang tagapayo. Gayunman, **maaaring sabihin ngayon na nag-uugat ang kawalan ng awtoridad ng KWF sa kawalan nitó ng maihahandog na pangkalahatang plano tungo sa mabilisang kultibasyon ng Filipino.**

**Dapat isipin ngayon ang “kultibasyon” (*cultivation*) ng Filipino bílang kambal at magkaagapay na gampanin ng nasyonalisasyon at ng modernisasyon/intelektuwalisasyon.** Nakaukol ang isang panig o direksiyon para sa pagpapalaganap ng Filipino bílang wikang pambansa at sa mataimtim na paglalahok ng anumang natatanging sangkap mula sa mga katutubong wika upang higit na maitatag ang pagiging pambansa nitó. Sa kabilâng dako, idinidiin ng ikalawa ang halaga ng pagpapaunlad sa Filipino bílang wika ng karunungan at makabagong kaunlaran. Kailangang magkasabay na isúlong ang dalawang lunggating kaganapan ng Filipino. Na ang ibig sabihin sa pagpaplanong wika ay kailangang magkaagapay at magkasaniib na asikasuhin ang taunan at pangmatagalang mga target sa magkabilâng

Owing to the huge controversy on “purism” during the 1960s, the official language agency (the Surian, which went on to become the KWF) had lost its authority so that it could not enforce any discipline over language textbooks promoting their own ways of using the new orthography. KWF never exerted its legal power to oversee any undertaking that had to do with Filipino and other native languages and to proscribe, for example, the writing of orthographies for the “mother languages” used in K-3 and under the sway of foreign advisers. Still, **it can said right now that KWF’s loss of authority maybe traced to its inability to present a general plan for the speedier cultivation of Filipino.**

Such a cultivation of Filipino must now be considered as the twin and parallel tasks of nationalization and modernisation/intellectualization. One part or direction is towards propagating Filipino as the national language and in the intense and deliberate identification of entiries of unique elements from the native languages in order to establish and firm up its being national in scope. On the other hand, the second emphasizes the value of developing Filipino as the language of knowledge, modernity and progress. It is necessary to simultaneously advance both aspirations in the realization of Filipino. Which means that in language planning, both personnel and longterm targets of either side must be pursued in tandem, with

panig tungo sa isang pangkalahatang pagpangitain sa isang malusog at episyenteng wikang pambansa sa loob ng isang takdang panahon, halimbawa’y lima o sampung taón.

Nais ko ngayong magpanukala ng ilang hakbang upang maisakatuparan ang dalawang naturang gampanin.

## **ISANG MAPA NG MGA WIKA NG BANSA**

**Saliksik pangwika ang isang pangunahing kasangkapan sa pagpaplanong wika.** Kailangang itanim ang kultura ng saliksik lalo na sa hanay ng mga guro sa Filipino. At isang pangunahing layunin ng saliksik ang pagbuo ng isang bagong mapa ng mga wika ng Filipinas. Bakit? Dahil luma na at hindi mapagtitiwalaan ang kasalukuyang mapa na ginagamit sa mga kagawaran ng lingguwistika. Dahil nagbago na ang heograpiya at populasyon ng mga wika ng Filipinas dahil sa migrasyon, edukasyon, at makabagong pamumuhay. At dahil kailangan ang isang malinaw na larawan ng bílang at distribusyon ng mga wikang katutubo upang maialinsunod ang mga ipaplanong proyekto at kaukulang materyales.

**Bahagi ng mapa ang nangyari nang paglaganap ng Filipino sa iba’t ibang pook at rehiyon.** Tiyak na may iba’t ibang uri ito, may iba’t ibang antas ng pagtanggap, kayâ makapagmumungkahi ng kailangang interbensiyon, sa pamamagitan man ng karaniwang midyum—ang paaralan at ang ugnayang madla (*mass media*)—bukod sa maaaring tukuyin kung alin sa paaralan, brodkast, o espesyal na

integration, towards one general vision of a robust and efficient national language within a definite time frame, say, in five or ten years.

I would like to propose now to take several steps towards the fulfilment of those two tasks.

## **A SINGLE MAP OF THE COUNTRY'S LANGUAGES**

Linguistic research is a primary tool of language planning. The culture of research must be sown among the teachers of Filipino. And one main objective of research is to draw a new map of the languages of Filipinas. Why? Because the existing map is quite old and unreliable for use by linguistics departments. Because the geography and populations of languages in Filipinas have changed through migration, education, and modern living. And because a clear picture of the number and distribution of native languages must be drawn up to which all planned projects and needed materials will be aligned.

Part of the map will be the dissemination of Filipino that has taken place among different regions and localities. There will definitely be different kinds of this dispersal, different levels of acceptance, that's why interventions may be proposed, by way of the usual medium—the schools or the mass media—apart from identifying which among the schools, broadcast, or special seminars are the

seminar ang higit na epektibo at matipid na pamamaraan upang mabago ang isang sitwasyong pangwika sa isang pook, probinsiya, o rehiyon. Maaari ding makatulong ang mapa sa pagtukoy sa mga partikular at sensitibong problema na nangangailangan ng mga tiyak na hakbangin sa panig ng mga tagaplanong wika.

**Isang malaking gamit ng mapa ang nauugnay sa pangangalaga ng mga katutubong wika ng Filipinas. May nagkakaisang problema ang mga ito ngunit may tanging problema ang ilan, lalo na ang mga maliit ang katutubong populasyon, na hindi makikita sa malalaking wikang rehiyonal. Sa kabilâ nitó, kailangan ang pantay na pagtingin sa lahat ng katutubong wika bílang mga pambansang pamanang yaman.** Ang mga impormasyon mula sa mapa ay kailangang masuri, masundan ng mga panukalang proyekto, at kung kailangan ay itawag ng pakikiisa mula sa ibang organisasyong pribado at pampamahalaan. [Ang pakikiisa ng ibang sektor ay kailangang mag-umpisa sa pagpaplanong pa lámang ng mapa ng mga wika ng Filipinas.] Kailangang unang-unang isangkot sa gampaning ito ang pamahalaang lokal. Sa panig ng KWF, dapat idagdag na tungkulin ito ng mga itinatatag na Sentro ng Wika at Kultura (SWK).

Ang programang MTB-MLE ngayon ng DepEd ay maaaring makinabang sa mapa. Matutukoy nitó ang aktuwal na “sariling wika” (*mother tongue* o MT) na kailangang pairalin at gamitin sa isang probinsiya o rehiyon. Ang demograpikong impormasyon ng mapa ay higit na mapagtitiwalaan kaysa rekomendasyon at presyur pampolitika na napapansin nang



most effective and economical methods or venues in changing a particular language situation in a specific locality, province, or region. The map can also aid in identifying particular and sensitive problems that might need definite approaches from the language planners.

**One important use of the map has to do with the welfare of the native languages of Filipinas. These may share common problems but some have unique ones, especially those with small native populations, which may not be detected in the bigger regional languages. Despite this, an equal treatment of all native languages as national heritage treasures is necessary.** The data obtained via the map must be scrutinized, followed with proposed projects, and if necessary must call for the involvement of private and government organizations. [The involvement of other sectors must start even in the planning stage of the Filipinas language map.] Local governments must be involved as well at the very outset. On the part of the KWF, this must become an added function of the offices of the Sentro ng Wika at Kultura (SWK) that will be set up.

The DepEd's current MTLB-MLE program can benefit from the map. It will identify the actual mother tongue or MT that must be preferred and used within a province or region. The demographic information brought in by the map becomes more reliable than recommendations and political pressure which even now is seen as influencing the selection of the first

umiimpluwensiya sa seleksiyon ng unang 20 MT. Sa kabilâng dako, ang produksiyon ng mga materyales panturo sa mga naturan at sa mga mapipilî pang MT ay makabuluhang pag-anihan ng mga katangian at birtud ng mga “sariling wika” upang maisanib tungo sa nasyonalisasyon ng Filipino.

## PAMBANSANG GRAMATIKA AT DIKSIYONARYO

Makabuluhang gawain sa nasyonalisasyon ang saliksik upang makabuo ng isang **pambansang gramatika** at pambansang diksiyonaryo sa Filipino. Ang mga ito ang pangunahing kabiguan ng Surian at ng KWF. Hindi ito nakalikha ng isang gramatika na malinaw na nagsasanib sa mga katangian ng mga wikang di-Tagalog. Hindi naman ito nakatipon ng isang kahit mapagtitiwalaan at monolingguwal na diksiyonaryong Filipino, pagkaraan ng saliksik ng *Surian na Diksiyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles* (1972) at ipinangalan sa dáting direktor nitóng Jose Villa Panganiban.

Ang saliksik tungo sa mga nabanggit na kailangang produktong pangwika ay maaaring simulan sa pamamagitan ng pagtipon sa mga naisagawa nang saliksik kaugnay nitó. Samantala, kailangan ang isang mekanismong mistulang “**bantay-wika**” para sa mga pagmamapa ng aktuwal na paggamit sa Filipino sa iba’t ibang pook, lalo na sa mga lungsod at pook tagpuan ng mga migranteng Filipino.

**Isang aspekto ng bantay-wika ang pagsisiyasat sa nagaganap na pagsasanib ng Filipino at ng ibang katutubong**

20 MT. On the other hand, the production of teaching materials in the said MT and those still to be selected should become useful as relevant sources of mother-tongue qualities and virtues to be merged into the nationalization of Filipino.

## **NATIONAL GRAMMAR AND DICTIONARY**

A relevant task of nationalization is research towards the construction of a **national grammar** and a national dictionary in Filipino. These are the primary failures of the Surian and the KWF. They were not able to construct a grammar that clearly merged and included the qualities of non-Tagalog languages. They have not been able to assemble either a reliable and monolingual Filipino dictionary after the *Surian's research for the Pilipino-English Dictionary-Thesaurus* (1972) which was named after its director, Jose Villa Panganiban.

The research for the aforementioned necessary linguistic products can be initiated through the gathering of other completed related research. Meanwhile, a mechanism that would resemble a “bantay-wika” (language watch) is needed for mapping the actual usage of Filipino in different areas and localities, especially in cities and convergence points of Filipino migrants.

**One aspect of bantay-wika is the investigation of the merging of Filipino and other native languages currently**

**wika, lalo na sa oral at pang-araw-araw na pag-uusap. Sa katunayan, kailangang matukoy agad ang mga naturang pagsasanib sa leksikon, estruktura ng pangungusap, at entonasyon upang mabigyan din ng karampatang motibasyon bílang isang senyas ng nasyonalisasyon sa Filipino.** Babaligtarin ng saliksik na ito ang nagaganap ngayong pagtatawa [at pagmaliit] sa mga “naiibang” bigkas at salita na pumapasok sa pangungusap ng mga di-Tagalog. Ang ganitong uri ng lehitimasyon ay tiyakang makagaganyak sa mga di-Tagalog upang higit na gamitin ang Filipino sa kanilang pabigkas o pasulat mang komunikasyon.

Pasisiglahin din nitó ang pagpasok ng mga salita mula sa mga katutubong wika at magpapayaman sa bokabularyong Filipino. Totoo namang bukod sa singkahulugan ay may mga salita ukol sa mga danas at dalumat ang mga katutubong wika na wala sa kasalukuyang talasalitaan ng Filipino. Iba ang “búwot” ng Kalinga sa karaniwang “dagâ” at kahit na sa “ilagâ” ng mga Ilonggo. Kamakailan, lumilitaw na may espesyal na gamit pangmilitar ang mga Magindanaw sa “pintakasi” at naiiba sa alam ng mga Kristiyanong Tagalog. Ang “jambárgan” sa Tausug at “vakul” sa Ivatan ay simpleng patunay na may mga tunog sa naturang mga wika na wala sa Tagalog, Bisaya, Ilokano, at ibang malaking wika ng Filipinas. Ang “pangát” sa Legazpi ay iba sa “pangát” sa Metro Manila. At bakit hindi naidadagdag ang panlaping “gi-“ o “gin-“ at “-on” ng Bisaya at Bikol samantalang naririnig na itong malimit sa Cubao at Navotas?

**taking place, especially orally and in everyday conversation. In fact, the said merging in the lexicaon, sentence structure, and intonation must be quickly identified and given the proper motivation as signs of the nationalization of Filipino.** This research will reverse the current mockery of and prejudice against the “quaint” pronunciation and words entering the sentences of non-Tagalogs. This kind of legitimization will definitely encourage non-Tagalogs to use Filipino more in their oral or written communications.

This will also sitmulate and envigorate the entry of words from the native languages which will enrich Filipino vocabulary. In actuality, apart from synonyms, there are words for sensory experience and concepts in the native languages that are not in the current Filipino vocabulary. The Kalinga “búwot” is different from the ordinary “dagâ” and even the “ilagâ” of the Ilonggo. Lately, it emerged that there is a military sense among the Magindanaw in “pintakasì” which is different from what is known to Tagalog Christians. “Jambárgan” in Tausug and “vakul” in Ivatan are simple proofs of the existence of sounds in the said languages which are absent in Tagalog, Bisaya, Ilokano and other major languages of Filipinas. “Pangát” is Legazpi is different from the “pangát” of Metro Manila. And why are the affixes “gi-“ or “gin-“ and “-on” in Bisaya and Bikol not added or accepted when they are frequently heard in Cubao and Navotas?

## **Ang pagbalangkas at pagbuo sa isang pambansang gramatika at pambansang diksiyonaryo ay mga tiyak na produkto ng nasyonalisasyon at modernisasyon ng Filipino.**

Isa rin itong patuloy na trabaho. Ang ibig sabihin, kailangang isipin na magbabago ang kompleksidad ng wikang Filipino hábang patuloy itong lumaganap at higit na tumitiim sa mga pook na di-Tagalog. Ang gramatika o diksiyonaryong mabuo ngayon ay tiyakang mangangailangan ng rebisyon pagkatapos ng lima o sampung taón. Kaugnay nitó, dapat ding pagbutihin ang pagbuo ng mga gramatika at bokabularyo sa iba't ibang wikang katutubo. Bahagi ito ng higit na sistematikong pangangalaga sa mga wikang katutubo, ng pagsusúlong sa mga ito bílang wika ng panitikan, at ng higit na malinaw na paggamit sa mga ito bílang bukal ng pagpapalusog sa Wikang Pambansa. Malaki ang papel ng SWK ng KWF hinggil sa pagsasagawa ng ganitong mithiin bukod sa maaari itong gumanyak sa mga lokalisdong inisyatiba.

## **MGA PANGUNAHING ALAGAD NG WIKA**

Wala ito sa mapang pangwika, subalit napakahalagang maituon ang limitadong lakas ng pagpaplanong wika sa mga pangunahing tagapagpalaganap ng Filipino ngayon. Upang maorganisa silá bílang nagkakaisang tinig at disiplinadong mga disipulo ng anumang kailangang tuntunin at pagbabago. **Dalawa ang pinakapektibong tagapagpalaganap ng Filipino ngayon: ang mga guro at ang naglilingkod sa ugnayang-madla.** Ang mga guro sa batayang edukasyon ang tagahubog

The structuring and formation of a national grammar and national dictionary are definite products of the nationalization and modernization of Filipino.

It is also a work in progress. Meaning, it must be considered that the complexity of the Filipino language will evolve and transform as it spreads and settles or is implanted in non-Tagalog areas. The grammar or dictionary completed now will certainly need revision after five or ten years. Related to this, diligent effort must be put into the grammar and vocabulary of the other native languages. This is part and parcel of the systematic care maintenance of the native languages, of their development as languages of literature, and their even clearer functioning as the wellsprings for the advancement of the National Language. The SWK of the KWF will play a huge role in fulfilling this objective apart from encouraging local initiatives.

## PRIMARY EXPONENTS OF LANGUAGE

These are not in the linguistic map, but it is supremely important to focus the limited resources of language planning on the primary disseminators of Filipino at present. This is to organize them into a unified voice and disciplined apostles of whatever rules or reform are needed. **There are two most effective disseminators of Filipino now: the teachers and those serving in the mass media.** The teachers in basic education are the molders and shapers of the

ng uri ng wikang isasaloob at gagamitin ng mga kabataan. Ang mga peryodista at brodkaster ang tagapagbalita ng pagbabago bukod sa silá rin ang tagapagpalaganap ng estandardisadong anyo ng pabigkas at pasulat na Filipino.

Kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng KWF at ng DepEd hinggil sa reedukasyon ng mga gurong kasalukuyang nagtuturo at sa rebisyon ng mga materyales panturo. Sa nakaraang panahon ng Surian at ng KWF, hindi naging obligado ang mga guro sa pagbása at pagsunod sa mga manwal pangwika. Gayundin ang nangyari sa mga manunulat at editor ng teksbuk. Nagresulta ito ng ilang problema tungo sa estandardisasyon. (1) Sinasalungat mismo ng mga manunulat ng teksbuk ang simulain ng estandardisasyon. (2) Kani-kaniyang estilo ng pagsusulat ang ipinasusunod. (3) May ilang mahalagang sangkap sa wastong pagtuturo ng wika, gaya ng tuldik, ang kinaligtaan, samantalang inihilig ang mga guro sa mga leksiyong panlingguwistika na hindi kailangan sa batayang edukasyong pangwika. Sa gayon, kailangang palaganapin ang mga pundamental na simulain tungo sa estandardisasyon sa hanay ng kaguruan. Bukod pa rito, kailangan ang pagpapalano ng higit na epektibong paraan ng pagtuturo ng Filipino, lalo na sa mga pook na di-Tagalog.

Apektado din ng nabanggit na aktitud sa wika ang mga naglilingkod sa mass media. Walang manwal sa estilo ang mga peryodiko at gayundin ang mga estasyon ng radyo at telebisyon. Ni hindi sumasangguni sa isang mahusay na diksiyonaryo ang mga peryodista at brodkaster. Samakatwid, kailangang makampanya ng KWF ang sektor na ito upang



languages to be absorbed and used by the youth. The newspaper people and broadcasters are the reporters of change apart from their being the propagators of the standardized form of oral and written Filipino.

KWF and DepEd must act and collaborate in strict unity to reeducate teachers currently practicing and to revise teaching materials. In the pervious periods of the Surian and KWF, teachers were not obliged to follow or even read language manuals. The same thing happened with writers and editors of textbooks. This resulted in a few problems of standarization. (1) Textbook writers precisely contradicted the principles of standardization. (2) They were left to their own devices and styles. (3) Some elements in the proper teaching of languages, such as the tuldik (diacritics), were neglected, while the teachers were led into linguistic lessons which were not needed in basic language education. Thus, it is necessary to disseminate the fundamental principles of standardization among teachers. Apart from this, the effective teaching of Filipino must be thoroughly planned, especially for non-Tagalog areas.

The said attitude towards language affected the media as well. There is no style manual for newspapers and neither for radio and television networks. Newspaper journalists and radio broadcasters never consult a good or reliable dictionary. Therefore, KWF must campaign in this sector and convert them into

maging mabisang katulong sa pagpapalaganap ng isang pangkalahatang ortograpiya at iba pang manwal hinggil sa maayos na paggamit ng Filipino.

Maisasabay na sa ganitong kampanya tungo sa estandardisasyon ang pagbúhay sa diwa ng Executive Order No. 335 sa hanay ng mga empleado at opisyal ng gobyerno. Makabuluhan din ang pagbubukás ng diyalogo sa hanay ng mga malikhaing manunulat upang akitin silang tumulong sa estandardisyong pangwika. Higit na magaan ang pagtataas ng kampanyang pangwika kapag may matibay na pagkakaisa ang iba't ibang sektor ng lipunan sa ilalim ng pamumunò ng KWF. **Walang modernong wika ng karunungan na hindi muna isinaayos ang ortograpiya.** Na nangangahulugan ding isang makabuluhang kampanya ang estandardisasyon tungo sa higit na mabilis na kultibasyon (intelektuwalisasyon o modernisasyon) ng Filipino.

## HIGIT NA EPISYENTENG ORTOGRAPIYA

Ang isinagawang reporma sa abakadang Pilipino, na naging 28-titik na alpabetong Filipino nitóng 1987, ay isang makabuluhang instrumento sa nasyonalisasyon at modernisasyon ng Wikang Pambansa. Pundamental na kasangkapan sa tinatalakay na mga pambansang gampanin ang isang higit na episyenteng ortograpiya. Ang F, J, V, at Z ay kumakatawan sa mga tunog na matatagpuan sa maraming wika ng Filipinas ngunit wala sa Tagalog at ibang malaki't Kristiyanisadong wika. Samantala, ang naturang apat at ang

effective partners in the dissemination of a common orthography and other manuals in the proper use of Filipino.

To be included in this standardization campaign should be the revival of Executive Order No. 335 and its objectives among government employees and officials. Opening the lines of dialogue among creative writers is also a must to encourage them to support language standardization. Moving the language campaign forward will become more smooth with the firm unification of different sectors of society under the leadership of the KWF. **No modern language came into being without first reforming and firming up its orthography.** Which means that the campaign for standardization is an imperative in the even speedier cultivation (intellectualization or modernization) of Filipino.

## AN EVEN MORE EFFICIENT OTHOGRAPHY

The accomplished reform in the Pilipino abakada, which became the 28-letter Filipino alpabeto in 1987, is a necessary instrument in the nationalization and modernization of the National Language. In fulfilling the national tasks perviously discussed, an efficient orthography is a fundamental tool. The letters F, J, V, and Z represent sounds found in many Filipino languages but not in Tagalog and other major Christian languages. Meanwhile, these four letters plus C, Ñ, Q, and X have

C, Ñ, Q, at X ay dagdag na mga titik upang higit na mabilis maipasok sa pagsulat sa Filipino ang mga salitang hiram sa banyagang wika. Kung bagá sa ekonomiya, ang mga dagdag na titik ay pagluluwag sa importasyong pangwika, lalo na sa larangan ng agham at teknolohiya at siya namang mithi ng modernisasyon.

Ang bagong lathalang *Ortograpiyang Pambansa* (2013) at *Manwal sa Masinop na Pagsulat* (2014) ng KWF ay mga dagdag na instrumento upang higit na maitanghal ang bisà ng alpabetong Filipino. Nakasaad mismo sa naturang proyekto ang di-tapos na misyon sa pagbibigay ng kaukulang patnubay sa isang aktibo at nagbabagong wika. Pansamantala ang bawat tuntunin ngunit nangangailangan ng higit na pagbubukás ng isip ng guro at alagad ng wika upang unawain ang mga pagbabago.

Halimbawa, ang pagluluwag sa importasyong pangwika ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng tahasang paggamit sa orihinal na anyo ng isang hiram na salita hangga't hindi ito nasasalungat at nalalapastangan ang dati. O kayâ hanggang dumating ang panahon na ireispel ito alinsunod sa palabaybayang Filipino o matumbasan ng isang likhang salita. Sa *Ortograpiyang Pambansa* ay nakapaliwanag na isang taktika ito upang higit na mapabilis ang modernisasyon at hindi maging sagwil ang maramihang paghiram para sa pagtuturo ng makabagong agham at teknolohiya at produksiyon ng mga aklat at ibang materyales ukol dito. Subalit nangangahulugan din ito ng alterasyon sa dáting paraan ng panghihiram. At pangunahing mahihirapang

been added for easier writing in Filipino of words borrowed from foreign languages. In economics terms, the additional letters embody liberalized language importation, especially in the fields of science and technology which is precisely the objective of modernization.

The newly published *Ortograpiyang Pambansa* (2013) and *Manwal sa Masinop na Pagsulat* (2014) of KWF are additional instruments for demonstrating the potency of the Filipino alpabeto. Declared within these projects is the unfinished mission to provide the proper guidance for an active and evolving language. Every rule is temporary but needful of the open mind of teachers and exponents of language to understand the ongoing changes.

For example, liberal language importation can be undertaken through the direct use of the original form of a borrowed word if or until it does not contradict or violate the previous or existing word. Or, until the time that it will have to respelled under Filipino spelling convention or it can be counterparted by a coined word. It is explained in the *Ortograpiyang Pambansa* that this is a tactic for speeding up modernization and mass importation ceases to be a hindrance in the teaching of modern science and technology and the production of books and other materials in this respect. However, this will likewise call for the alteration of the previous

tumanggap ng pagbabago ang mga “Tagalísta” na nahirati na sa reispeling na paabakada ng mga pangngalang pantangi. Kung tumututol silá sa anyo ng “Filipinas” at sa paggamit ng “Filipino” upang ipantukoy din sa mga tao at kultura, tiyak na ikamamangha nilá ang “Español” “Americano” at “Jesucristo.” Matagal bago nilá maisasalooob ang lohika at pangmalawakang episyensiya ng ganitong pagbabago.

**Kailangan ang masipag na pagsubaybay sa Filipino upang maging estandardisado ito at maging modelo ng mga wikang katutubo. Subalit hindi dapat tumigil sa mga alagad ng wika sa mga eksperimento upang higit na maging episyente ang ortograpiya nitó.** Sa tingin nga ni Johannes Aavik, pasimuno ng mga reporma sa wika ng Estonia, maaaring maghalò ng mga bagong tunog upang lumikha ng mga bagong salita. Hindi ito gawain ng mga makata lámang. Salita ang sentro ng wika at hindi kailangang hiram lagi ang pampayaman sa bokabularyo ng Filipino. Maaaring mag-eksperimento sa mga bagong konstruksiyong sintaktiko, paunlarin ang lawas ng mga panlapi, at—sapagkat karaniwang pinupuna na mahabà ang salita at pangungusap sa Filipino—sikilin ang mabulaklak na pangungusap, iwasan ang mapagparaming panlapi, tipirin ang gamit ng “ng” kung hindi naman masisira ang kahulugan ng prase o pangungusap, atbp, upang higit na umangkop ang Wikang Pambansa sa modernisadong (siyentipiko at teknikal) uri ng pahayag. Sa yugtong ito ng kultibasyon, higit na kailangan ang isang payak, malinaw, at eksaktong pahayag kaysa komplikado, elegante, at mahirap maintindihang pangungusap.

method of borrowing. And those who will primarily find it difficult to accept the change are the “Tagalísta” who have been used to respelling proper nouns in the manner of the abakada. If they protested the form of “Filipinas” and the use of “Filipino” to refer to both the people and the culture, they will certainly be shocked to read “Español” “Americano” and “Jesucristo.” It will take time before they fully absorb the logic and import and the general efficiency of this kind of change.

Monitoring the progress of Filipino must be diligent so it can be standardized and become a model for native languages. But the experimentation towards a more efficient orthography must not stop with the exponents of language. In the view of Johannes Aavik, pioneer of language reform in Estonia, it is possible to mix new sounds to create new words. This is not the work of poets alone. Words are the core of a language and borrowed words are not the sole enrichment of the vocabulary of Filipino. Experimentation can be done by way of new syntactic construction, developing the body of affixes—trim elaborate or flowery sentences, avoid complication of affixes, economize on the use of “ng” if it will not destroy the sense of the phrase or sentence, etc., so that the National Language aligns with modernized (scientific and technical) expression. In this stage of cultivation, simple, clear, and exact expression is more needed than complicated, elegant, and difficult to comprehend sentences.

# MGA URI NG MODERNISASYON

Dapat ding malinaw sa pagpaplanong wika ang nagaganap at ang dapat pang maganap na kultibasyon ng Filipino. Araw-araw ay may nagaganap na pagbabago sa wika, lalo na sa daigdig ng kulturang popular. Mabilis na pumapasok at tumitiim sa dila ng madla ang mga imbento at hiram na salita na ibinobroadcast ng radyo at telebisyon at inilalathala ng mga tabloyd. [Huwag kalimutan ang lakas ng internet sa makabagong kabataan.] Nagiging modelo ang bigkas at bokabularyo ng mga sikât na artista, anawnser, at politiko, at malimit ngayong pagmulan ng mga “di-kailangang” varayti at siyokoy.

**Ang pagsubaybay at disiplina sa wika ng kulturang popular ang isang mahigpit na hámon sa pagpapalaganap ng isang estandardisadong modernong wika.**

Samantala, dapat pasiglahin ang modernisadong Filipino para sa mga diskursong akademiko. Noon pa inirereklamo, halimbawa, kung bakit hindi ginagamit ang Filipino sa hukuman. Hindi ito maaaring biglang mangyari ngayon. Kahit noong panahon ng Americano at sa kabilâ ng mabilisang paglalata ng isang sistema ng pambansang edukasyon sa Ingles ay hindi agad naganap ang pagpapalit ng wika ng hukuman mulang Español. Sa halip, nagtakda ng palugit na ilang dekada bago sapilitang ipinagamit ang mga kodigo ng batas na nakasulat sa Ingles. Nangangailangan ng ganitong matagalang plano ang pagsasa-Filipino sa mga wika ng dominyo ng kapangyarihan at larang akademiko.



## TYPES OF MODERNIZATION

It must be clear for language planning what is actually happening or what must happen in terms of cultivating Filipino. Every day change is happening in language, especially in the world of popular culture. Invented or borrowed words being broadcast by radio and television and published in tabloids quickly enter the public locution and stick to the public tongue. [Don't forget the power of the Internet over modern youth.] Every nuance of pronunciation and vocabulary among famous actors and actresses, announcers, and politicians become a model for imitation, which is now often the sources of “unnecessary” varieties and *siyokoy* [false hybrid—Tr.] words.

**Monitoring and language discipline in popular culture is one daunting challenge in disseminating a standardized modern language.**

Meanwhile, the use of modernized Filipino in academic discourse must be energized. It has been long a subject of complaint, for example, why Filipino is not used in the courts of justice. This cannot happen quickly now. Even in the American era, and despite the speedy deployment of a national educational system in English, the shift of court and legal language from Spanish did not happen at once. Instead, a moratorium and lead time of several decades was imposed before enforcing the use of legal codes written in English. A similar long-term plan is needed for the shift to Filipino to happen in the languages of the power domains and academic fields.

Hindi ito naisaad sa alinmang batas na nagtataguyod sa paggamit ng Filipino. Ni walang takdang panahon ang pagpapahayag sa Wikang Pambansa ni Pangulong Quezon kung kailan inaasahang katuparan ng pangarap na opisyal na wika ng pamahalaan at wika ng edukasyon ang Tagalog. Sa 1987 Konstitusyon, hindi tinakdaan ang Kongreso kung hanggang kailan maghihintay bago ipahayag ang Filipino bílang nag-iisang opisyal na wika ng komunikasyon at instruksiyon. [O bakâ wala ito sa isip ng sinuman sa ating mga mambabatas?] Kung gayon, kasáma sa adyendang pampolitika ng pagpaplanong wika ang mga hakbang upang gisingin ang mga lider politiko hinggil sa tungkuling ito.

**Salamin lámang ang ating ordinaryong mga mambabatas ng malaganap na pagbalewala ng buong dominyo ng kapangyarihan sa kabuluhan ng Wikang Pambansa.** Mababà ang tingin nilá sa Filipino; sa tingin nilá hindi kailangan ang wikang Filipino sa búhay ng mga Filipino. At narito ang isang problema na dapat harapin sa pagpaplanong wika: Kailangang patunayan ng Filipino na makabuluhang kasangkapan ito sa pambansang kaunlaran. **Pangunahing susi dito ang mabilisan at malawakang pagdevelop sa Filipino bílang Wika ng Karunungan, lalo na bílang wika sa iba't ibang diskursong akademiko.** Hindi dapat mapiit ang Filipino sa bartolinang pinagsadlakan ng patakarang bilingguwal sa edukasyon. Ang ibig sabihin, hindi ito dapat manatiling wika lámang ng panitikan, humanidades, at agham panlipunan. Kailangang makalabas ito ng bartolina upang maging wika din ng agham, matematika, at makabagong teknolohiya.

This has never been stated in any law advocating the use of Filipino. No time frame was ever announced in President's Quezon's declaration of the National Language regarding the expected implementation or realization of Tagalog as the dreamed official language of government and education. In the 1987 Constitution, Congress never provided a deadline for the declaration of Filipino as the sole official language of communication and instruction. [Or the idea never occurred to any of our lawmakers?] Thus, waking up our political leaders to the urgency of this task will be part and parcel of the political agenda of language planning.

**Our ordinary lawmakers are simply mirrors of the general disregard for the importance of the National Language by the whole power domain.** They look down on Filipino: in their view, Filipino is not needed in the lives of Filipinos. And here is a problem that must be confronted in language planning: Filipino must prove that it is an important tool for national development. Key to this is the broad and speedy development of Filipino as the Language of Knowledge, especially as language in the various academic discourses. Filipino must not be held captive in the isolation chamber of bilingual education. Meaning, it must not remain solely as the language of literature, humanities, and the social sciences. It must exit the isolation chamber to become the language as well of science, mathematics, and modern technology.

## FILIPINO: WIKA NG KARUNUNGAN

Paano isasagawa ang modernisasyong akademiko? Nangangailangan ito unang-una ng pagbabago ng pananaw sa pagtuturo ng Filipino sa antas tersiyarya. Ang ibig sabihin, kailangan ang *paradigm shift* sa hanay mismo ng mga alagad ng wika sa mga kolehiyo at unibersidad. Ang mga programa sa mga kagawaran ng Filipino ay pawang biktima ng patakarang bilingguwal sa edukasyon at kayâ limitado sa paghahandog ng kaalaman at kasanayan sa wika, panitikan, at agham panlipunan. Kailangan, sa gayon, ang ribyu ng mga direksiyon ng programa at nilalamang kurikulum upang makapagbukâs ng malaking espasyo sa pagtuturo ng ibang disiplina gamit ang Filipino. At nangangahulugan ito ng re-bisyon ng layunin ng edukasyon sa Filipino, ng dagdag na kasanayan at kaalaman para sa mga propesor sa Filipino, at ng revalidasyon ng Filipino sa buong gawaing akademiko.

Kaugnay nitô ang mahigpit na pakikipagtulungan sa CHED (at maging sa TESDA) upang maipanukala ang mga kaukulang pagbabago sa pagtanaw sa Filipino bílang Wika ng Karunungan. **Hindi maaaring ipag-utos agad ang paglilipat ng wikang panturo mulang Ingles tungong Filipino. Kailangan ang sistematikong preparasyon.** Pangunahing dapat ihanda ang (1) reoryentasyon ng mga propesor sa iba't ibang disiplina upang magsanay sa paggamit ng Filipino, at (2) produksiyon ng mga aklat at materyales panturo sa iba't ibang larang akademiko at nakasulat sa Filipino.

## FILIPINO: THE LANGUAGE OF KNOWLEDGE

How to accomplish academic modernization? This will need, first and foremost, transformation of the perspective on teaching Filipino in the tertiary level. Meaning, a paradigm shift is needed precisely among the ranks of the exponents of language in the colleges and universities. The programs of Filipino departments are all victims of the bilingual policy in education that is why the knowledge and experience dedicated to language, literature, and the social sciences are limited, to say the least. What is needed, therefore, is the review of the program directions and their accompanying curricula in order to open broader spaces for teaching other disciplines using Filipino. And this calls for the revision of educational objectives for Filipino, of additional skills and knowledge for professors in Filipino, and the revalidation of Filipino in academic work.

Connected to this is the close collaboration with CHED (and even with TESDA) in order to propose the proper reforms in regarding Filipino as the Language of Knowledge. **It is not possible to order at once the shift of the language of instruction from English to Filipino. Systematic preparation is necessary.** To be prepared for deployment must be (1) the reorientation of professors in various disciplines and training them in the use of Filipino, and (2) the production of books and teaching materials in the different academic fields and which are written in Filipino.

Kaugnay ng naturang pangunahing gampanin, kailangan ang kaukulang kampanya katulong ang ugnayang madla upang ibukás ang kalooban ng mga pinunò ng mga kolehiyo't unibersidad at akitin ang pakikiisa ng mga propesor. **Kailangan ang isang hukbo ng tagasalin para sa produksiyon ng mga teksbuk at sangguniang aklat.** [Narito ang isang malaking *rationale* para magtatag ng isang Pambansang Sentro o Kawanihan sa Pagsasalin.] Kailangan siyempre ng mga kaukulang insentibo—grant, iskolarsip, premyong salapi, gawad parangal, atbp—para sa mga indibidwal at institusyong magpakita ng inisyatiba at magandang proyekto para sa modernisasyong akademiko ng Filipino. Kailangan ang malaking pondo para sa lahat ng ito at kailangan ang mga malikhaing estratehiya upang makalikom ng salaping sasapat sa mga nabanggit na gawain.

Sa kabilâ ng inaasahang mga balakid, napakahalaga ang pagpaplanong wika upang maihanay ang mga takdang gawain sa bawat takdang panahon at mapasimulan ang sâmasâsang pag-iisip at pagkilos ng mga alagad ng wika tungo sa pangkalahatan at pangmatagalang misyon ng Filipino—nasyonalisasyon at modernisasyon. Kailangan ang patnubay sa pagkilos ng bawat isa. Hindi tulad ngayong natatapos ang mga kumbensiyon at kumperensiya sa mga himutok dahil sa pagwawalang-bahala ng mga mariwasa at makapangyarihan. Ang totoo, at maaaring mangyari, kapag may malinaw na plano para sa nasyonalisasyon at modernisasyon ng Filipino ay bakâ makumbinsi din ang mga dominyo ng kapangyarihan upang tanggapin ang kabuluhan ng Wikang Pambansa para sa pagkakaisa at kaunlaran ng Filipinas. Sapagkat sa totoo

Related to these primary tasks is the necessary and corresponding campaign enrolling the help of mass media to open up the minds and attitudes of the heads of colleges and universities and to attract the sympathies of their professors. **An army of translators is needed in the production of textbooks and reference books.** [Here is the huge rationale for the establishment of a National Center or Bureau of Translation.] With certainty, this will call for the necessary incentives—grants, scholarships, prize money, honors and awards, etc.—for individuals and institutions who can demonstrate initiatives and useful projects for the modernized academic Filipino. Considerable funds are necessary for all these, as well as the creative strategy for the mustering of moneys adequate for all these tasks.

Despite the anticipated difficulties, language planning is supremely important in the assignment of tasks within each time frame and to commence the coordinated thinking and action among the exponents of language towards the general and long-term mission of Filipino—nationalization and modernization. Unlike today when the conventions and conferences conclude in grumblings due to the inattention and disregard from the wealthy and powerful. The truth is, and it is possible to happen, if there is a clear plan for nationalization and modernization of Filipino, the domains of power might be convinced to admit the relevance of the National Language to the unity and progress of Filipinas. Because in

lang, ang pagpaplanong wika ay isa lámang pagsisikap na makaimpluwensiya nang higit na mabilis, nang higit na organisado at sistematiko, sa pinakamalaking bílang ng tao sa lahat ng sektor ng lipunan.

At dapat ding ipahayag: hindi ang nasyonalisasyon at modernisasyon ng wikang pambansa ang pangwakas na lunggati ng pagpaplanong wika para sa wikang Filipino. Hindi rin ang pagsusúlong ng Filipino bílang Wikang Pambansa. Deklarado nang Wikang Pambansa ang Filipino sa 1987 Konstitusyon. Ang higit na makabuluhang mithi ay ang higit na malinaw na pagkilála at pagpapatupad sa isa pang tadhana ng Artikulo XIV, Seksiyon 7 ng Konstitusyon na:

For purposes of communication and instruction, the official languages of the Philippines are Filipino and, until otherwise provided by law, English.

Ang sabi ng Konstitusyon, isa sa dalawang “wikang opisyal” ang Filipino. Kasáma ng Filipino ang Ingles bílang “wikang opisyal,” at may pasubali pa, na mangyayari lámang ito hanggang sa panahong ipasiya ng Kongreso na alisin ang Ingles. Ngunit ano ang umiiral? Sa katotohanan, ang umiiral ay ang kabaligtaran ng nakasaad sa Konstitusyon.

Bakit?

Sapagkat sa katotohanan, Ingles ang naghaharing “wikang opisyal” sa pamahalaan at itinuturing na ikalawang wika at pansalin lámang ang Filipino. Nása Ingles ang lahat ng opisyal na dokumento sa dominyo ng kapangyarihan, sa



point of fact, language planning is just one effort to exert influence, in an even shorter time, in a more organized and systematic manner, over the greatest number of people in all the sectors of society.

And it must be declared: nationalization and modernization of the national language are not the ultimate goals of language planning for Filipino. Neither is the advancement of Filipino as National Language. The 1987 Constitution has already declared Filipino as the National Language. The most meaningful aspiration is the clearest recognition and implementation of another provision of Article XIV, Section 7 of the Constitution, which says:

For purposes of communication and instruction, the official languages of the Philippines are Filipino and, until otherwise provided by law, English.

The Constitution states that Filipino is one of two “official languages.” Beside Filipino is English as “official language,” and with the proviso that this will prevail until the time Congress decides to remove English. But what is the actual state of affairs? In truth, the opposite of what the Constitution provides prevails.

Why?

Because in truth, English reigns as the “official language” of government and Filipino is consigned to being a second and a translating language. All the official documents of the domains of power are in English,

pangunguna ng lahat ng sangay ng gobyerno, at nagkakaroon lámang ng opisyal na bersiyon sa Filipino kapag isinalin mulang Ingles.

Ano ang halaga ng Wikang Pambansa na hindi naman Wikang Opisyal? Ang praktikang pangwika sa dominyo ng kapangyarihan ay tahasang sumusuway sa atas ng Konstitusyon. Ito ang malaking hadlang sa pagpapatupad ng EO No. 335. Kung susundin ang 1987 Konstitusyon, kailangang bilingguwal kahit paano ang bawat opisyal na dokumento: nása Filipino at nása Ingles, magkapantay na mga orihinal, at kapuwa mapagbabatayan ng legal na interpretasyon at desisyon. Ngunit uulitin ko, malinaw na sinusuway ng dominyo ng kapangyarihan ang tadhana ng Konstitusyon. At bunga ito ng mapangmaliit niláng impresyon sa Wikang Pambansa. Ang tinalakay na panukalang planong wika, sa gayon, ay may lunggating nasyonalisasyon at modernisasyon ng Filipino upang igálang ito ng dominyo ng kapangyarihan bilang wika ng karunungan at kaunlaran at, sa wakas, upang gamitin itong Wikang Opisyal sa gobyerno, sa hukuman, sa batasan, sa negosyo't pagbabangko, sa mga eksaming propesyonal, at sa mataas na edukasyon. Bakâ nga ipasiya pa niláng mariwasa't makapangyarihan, sa ngalan ng pagtitipid, na iwaksi na ang Ingles bílang wikang opisyal at isa-Ingles lámang ang opisyal na dokumento sa Filipino kung kailangan ang salin para sa mga dayuhan.

Ferndale Homes

26 Abril 2015

especially among all the government departments, and official versions in Filipino only come into being when they are translated from English.

What is the importance of a National Language if it is not the Official Language? The practical language of the power domain is in direct violation of the Constitution. This is the biggest obstacle to the implementation of EO No. 335. If the 1987 Constitution is to be obeyed, every official document should at least be bilingual: written in Filipino and in English, co-equal as originals, and can equally act as basis for legal interpretation and decision. But I will repeat, the power domain clearly violates the provision of the Constitution. And this is the result of their low opinion of and prejudice against the National Language. And the language planning herein discussed, therefore, has the aspiration for nationalization and modernization of Filipino for it to be respected by the power domain as the language of knowledge and progress and, in the end, for it to be used as Official Language of government, in the courts of justice, in the legislature, in commerce and banking, in professional examinations, and in high education. The wealthy and powerful might even decide, in the name of frugality, to eschew English altogether as official language and just translate into English the official documents in Filipino for the benefit of foreigners.







**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

2F Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel

Malacanang Complex, San Miguel, Maynila

Tel. (02) 736-2525 / 736-2524 / 736-2519

[www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino](http://www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino)

[komisyonsawikangfilipino@gmail.com](mailto:komisyonsawikangfilipino@gmail.com)

[www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph)

